
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2016

# Liahona



## Paano Pinagpapala ng mga Ama ang Buhay ng Kanilang mga Anak, pp. 4, 10

Missionary sa Japan, Presiding Bishop, Bagong Apostol: Elder Gary E. Stevenson, p. 14

Paano Ipinanunumbalik ng Aklat ni Mormon ang Espirituwal na Paningin, p. 20

14 na Nasagot na mga Tanong Tungkol sa Kabilang-Buhay, p. 32



*"Sila'y hindi mangagugutom ni mangauuhaw man, hindi sila mangapapaso ng init ni ng araw man; sapagkat siya na may awa sa kanila ang papatnubay sa kanila, maging sa mga bukal ng tubig ay papatnubayan niya sila."*

**1 Nephi 21:10**

# Liahona, Hunyo 2016




## MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ating Ama, Ating Guro**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Mga Ordenansa at Tipan sa Templo**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Elder Gary E. Stevenson: Isang Maunawaing Puso**
Ni Elder Robert D. Hales

20 **Ang mga Mata ng Bulag ay Makakakita**
Ni Elder Lynn G. Robbins
*Ang Aklat ni Mormon ay pangalawang saksi kay Jesucristo at sa Kanyang maluwalhating ebanghelyo.*

26 **Pitong Magigiliw na Himala sa Landas**
Ni Ephrem Smith
*Ang aking paglalakbay sa buhay mula sa pagiging abang ulila hanggang sa paglilingkod sa Panginoon bilang missionary ay puno ng himala.*

28 ***Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]:* Pagtuturo ng mga Pangunahing Alituntunin sa Tahanan**
Nina Alicia Stanton at Natalie Campbell
*Mga ideya sa pag-aaral bilang pamilya tungkol sa mga buwanang paksang pangkabataan.*

32 **Ano ang Alam Natin tungkol sa Kabilang Buhay?**
Ni David A. Edwards
*Makakatulong tayong masagot ang tanong ng iba tungkol sa kabilang buhay dahil sa malilinaw at mahahalagang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.*

36 **Pagkakaroon ng Pagbabago ng Puso**
Ni Elder Edward Dube
*Nang magkasakit ang anak naming babae, natanto ko na kailangang magbago ang puso ko tulad ni Alma.*

## MGA BAHAGI

8 **Ang Ating Paniniwala: Naniniwala Tayo sa Pagsunod sa Propeta**

10 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Mapagmahal na Halimbawa ng Aking Ama**
Hindi ibinigay ang pangalan

12 **Musika: Mangagsilapit sa Kanya**
Nina Theodore E. Curtis at Hugh W. Dougall

40 **Mga Pagninilay: Hooray!**
Ni G. Craig Kiser

41 **Paglilingkod sa Simbahan: Hindi Habang Ako ang Namumuno!**
Ni Brett J. Porter

42 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Dapat Tandaan sa Pagbabahagi ng Patotoo**
Ni Pangulong Spencer W. Kimball



**SA PABALAT**
Harap: Larawang kuha ni Cody Bell. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha mula sa iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

MGA YOUNG ADULT



46 **Pagiging Masugid at Pagiging Disipulo**
Ni Elder David F. Evans
*Kailangan natin ng kasigasigan upang maging mga tunay na disipulo ng Tagapagligtas at makamtan ang tunay na mabubuting mithiin na alam ng ating Ama sa Langit na kailangan nating makamit upang makapaghanda para sa kawalang-hanggan.*

50 **Mga Kampeon ng Sabbath**
Ni Samantha McFadyen
*Tayo ang magpapasiya: maaari tayong maglaro sa araw ng Linggo at sikapin nating maging mga kampeon ng bansa, o mawalan ng pagkakataong maglaro at panatilihin nating banal ang araw ng Sabbath.*

MGA KABATAAN

52 **Ang Pinakamahirap na Nararanasan ng Isang Missionary**
Ni Wendy Ulrich
*Nabasa mo na ang Aklat ni Mormon at* Mangaral ng Aking Ebanghelyo. *Pero marunong ka bang kumausap ng mga estranghero at matatanggap mo ba kung tanggihan ka nila? Pagbutihin mo pa ang ilang iba pang kasanayang tiyak na kakailanganin mo bilang missionary.*

57 **Ang Bahaging para sa Atin**

58 **Mula sa Mission Field: Isang Taong Nagsusumamo**
Ni Stephen Dugdale
*Mukha siyang masungit, mailap, mahirap lapitan, at medyo nakakatakot. Ngunit isang tao lang siya talaga na nangangailangan ng ilang kasagutang pangwalang-hanggan.*

61 **Mga Sagot mula sa mga Pinuno ng Simbahan: Paano Matutulungan ang mga Missionary**
Ni Elder David A. Bednar

62 **Mga Tanong at mga Sagot**
*Ang mga magulang ko ay nagmumura, nakikinig sa malalakas na musika, at nanonood ng masasagwang palabas sa TV. Ano ang magagawa ko para madama ang Espiritu sa bahay, lalo na tuwing Linggo?*

64 **Paano Maging Isang Mabuting Kaibigan**
Ni David Morales

MGA BATA



66 **Mga Batang Naninindigan: Panindigan ang Tama**
Ni Aysia Tan

68 **Ang Kasa-kasama ni Jordan sa Pag-aaral**
Ni Kirstin Ide
*Hindi alam ni Jordan ang gagawin nang wala ang kasa-kasama niyang Aklat ni Mormon sa pag-aaral. Pagkatapos ay nakaisip siya ng ideya!*

70 **Ang Buong Baluti ng Diyos**
*Anong mga bagay ang maaari ninyong gawin para manatiling ligtas at masaya ang inyong espiritu?*

72 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Ano ang mga ipinapangako natin sa oras ng binyag?**
Ni Elder Neil L. Andersen

73 **Ang Ating Pahina**

74 **Mga Bayani sa Aklat ni Mormon: Si Abis ay Isang Missionary**

75 **Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon**

76 **Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Itinuro ni Alma Kung Paano Magdasal**

79 **Pahinang Kukulayan: Maaari Akong Maging Mapitagan**




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Saan kayo makapagdarasal?***



**HUNYO 2016 TOMO 19 BLG. 6**
**LIAHONA 13286 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Joseph W. Sitati
**Assistant Editors:** James B. Martino, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

**Namamahalang Direktor:** Peter F. Evans
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Megan VerHoef Seitz
**Writing at Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
June 2016 Vol. 19 No. 6. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



**"Ang Ating Paniniwala,"** pahina 8: Itinuturo ng artikulong ito, "Kapag sinang-ayunan natin ang propeta at mga apostol, nagtatamo tayo ng patotoo na sila ay mga lingkod ng Diyos." Mapapalakas ninyo ang inyong patotoo tungkol sa mga propeta sa pagbabasa o pakikinig sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya. Bilang pamilya, isiping basahin ang isa sa mga huling mensahe ni Pangulong Monson at piliin ang partikular na bahagi ng payo niya na ipamumuhay ninyo. Habang ipinamumuhay ninyo ang ipinayo ng propeta, sikaping makita kung paano kayo pinagpapala.

Sa ***"Come, Follow Me [Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin]:* Pagtuturo ng mga Pangunahing Alituntunin sa Tahanan,"** pahina 28: Isiping pag-aralan ang isang paksa sa *Come, Follow Me* bilang pamilya sa loob ng isang buwan. Maaari ninyong pag-aralan ang mga aspeto ng napili ninyong paksa kada linggo, gamit ang mga banal na kasulatan o iba pang mga tulong sa pag-aaral gaya ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, LDS.org, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, at *The Life of Christ Bible Videos*. Sa family home evening linggu-linggo, maaari ninyong ibahagi ang natutuhan at nadama ninyo.

## MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.** Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol) para makahanap ng mga mensaheng nagbibigay ng inspirasyon, mga ideya sa family home evening, at materyal na maibabahagi ninyo sa inyong mga kaibigan at pamilya.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aaronic Priesthood,*** *41*
***Aklat ni Mormon,*** *20, 57, 68, 74, 75*
***Araw ng Sabbath,*** *45, 50, 62*
***Biblia,*** *20*
***Binyag,*** *72, 73*
***Diyos Ama,*** *4*
***Gawaing misyonero,*** *52, 58, 61, 74*
***Gawain sa templo,*** *7*
***Himala, mga,*** *26*
***Jesucristo,*** *12, 28, 40*
***Kabataan, mga,*** *41*
***Kasigasigan,*** *46*
***Mithiin, mga,*** *46*
***Ordenansa, mga,*** *7, 28*
***Pag-aasawa,*** *28*
***Pag-asa sa sariling kakayahan,*** *28*
***Pagbabalik-loob, pagbabagong-loob,*** *36*
***Pagbabayad-sala,*** *36*
***Pagiging ama,*** *4, 10*
***Pagkadisipulo,*** *46*
***Pagkakaibigan,*** *64*
***Paglilingkod,*** *41*
***Pagpapakumbaba,*** *52*
***Pagpipitagan,*** *79*
***Pagsunod,*** *8, 28, 70*
***Pagtuturo,*** *28, 43*
***Pag-uugali, saloobin,*** *52*
***Pamilya, mag-anak,*** *10, 28, 36, 43, 44, 62*
***Panalangin,*** *12, 58, 61, 66, 76*
***Pananampalataya,*** *36, 46, 75*
***Patotoo,*** *80*
***Plano ng kaligtasan,*** *32, 58*
***Propeta, mga,*** *8, 42, 44*
***Sakramento,*** *40*
***Templo, mga,*** *44, 73*
***Tipan, mga,*** *7, 28, 72*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ating Ama, ATING GURO

Nakapagbukas na ba kayo ng isang kahon ng mga parteng bubuuin, nakabasa ng mga tagubilin sa pagbuo nito, at naisip na, "Hindi naman maintindihan ito"?

Kung minsan, sa kabila ng ating mabubuting intensyon at tiwala sa sarili, kumukuha tayo ng isang parte at nagtatanong, "Para saan ba iyan?" o "Paano ito ikakabit?"

Tumitindi ang pagkadismaya natin habang nakatingin tayo sa kahon at napansin natin ang nakasulat dito na, "Kailangang buuin—edad 8 pataas." Dahil wala pa tayong clue, hindi ito nakadaragdag sa tiwala o pagpapahalaga natin sa sarili.

Kung minsan kapareho ito ng karanasan natin sa ebanghelyo. Kapag tiningnan natin ang isang parte nito, mapapakamot tayo ng ulo at iisipin natin kung para saan ang parteng iyon. O kapag sinuri natin ang isa pang parte, maaaring matanto natin na matapos ang pagsisikap nating lubos na makaunawa, hindi talaga natin maisip kung bakit kasama ang parteng iyon.

## Ang Ating Ama sa Langit ay Ating Guro

Mabuti na lang, binigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng kahanga-hangang mga tagubilin para maisaayos ang ating buhay at maabot ang ating potensyal. Ang mga tagubiling iyon ay angkop sa atin anuman ang ating edad o sitwasyon. Ibinigay Niya sa atin ang ebanghelyo at ang Simbahan ni Jesucristo. Ibinigay Niya sa atin ang plano ng pagtubos, ang plano ng kaligtasan, maging ang plano ng kaligayahan. Hindi Niya tayo iniwang nag-iisa sa lahat ng kawalang-katiyakan o hamon sa buhay, na sinasabing, "Bahala ka na. Suwertihin ka sana. Pag-isipan mo iyan."

Kung magtitiyaga lang tayo at maghahanap nang may mapagpakumbabang puso at bukas na isipan, makikita natin na binigyan tayo ng Diyos ng maraming tulong upang mas maunawaan ang Kanyang mga tagubilin para lumigaya tayo sa buhay:

- Ibinigay Niya sa atin ang walang-katumbas na kaloob na Espiritu Santo, na maaari nating maging personal at makalangit na guro habang pinag-aaralan natin ang salita ng Diyos at sinisikap na iayon ang ating mga iniisip at ginagawa sa Kanyang salita.
- Binigyan Niya tayo ng 24/7 access sa Kanya sa pamamagitan ng pagdarasal nang may pananampalataya at pagsamo na may tunay na layunin.
- Binigyan Niya tayo ng mga apostol at propeta sa panahong ito, na naghahayag ng salita ng Diyos sa ating panahon at may awtoridad na magbigkis o magbuklod sa lupa at sa langit.
- Ipinanumbalik Niya ang Kanyang Simbahan—isang organisasyon ng mga nananalig na nagtutulungan habang pinagsisikapan ang kanilang kaligtasan nang may takot, panginginig, at walang-kapantay na kagalakan.[1]
- Ibinigay Niya sa atin ang mga banal na kasulatan—ang Kanyang nakasulat na salita sa atin.
- Nagbigay Siya ng napakaraming kasangkapan ng makabagong teknolohiya upang tulungan tayo sa pagtahak natin sa landas ng pagkadisipulo. Marami sa magagandang kasangkapang ito ang matatagpuan sa LDS.org.



PAGLALARAWAN NI AUGUSTO ZAMBONATO

Bakit tayo binigyan ng ating Ama sa Langit ng napakaraming tulong? Dahil mahal Niya tayo. At dahil, tulad ng sinabi Niya mismo, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[2]

Sa madaling salita, ang Ama sa Langit ay ating Diyos, at ang Diyos ay guro natin.

Alam ng ating Ama sa Langit ang mga pangangailangan ng Kanyang mga anak nang higit kaninuman. Gawain at kaluwalhatian Niya na patuloy tayong tulungan, na bigyan tayo ng kahanga-hangang temporal at espirituwal na mga tulong sa ating landas pabalik sa Kanya.

### Bawat Ama ay Isang Guro

Sa ilang lugar sa mundo, ang mga ama ay pinararangalan ng mga pamilya at lipunan sa buwan ng Hunyo. Talagang magandang parangalan at igalang ang ating mga magulang. Maraming nagagawang mabubuting bagay ang mga ama para sa kanilang pamilya at marami silang kahanga-hangang katangian. Ang dalawa sa pinakamahahalagang tungkulin ng mga ama sa buhay ng kanilang mga anak ay ang maging isang mabuting halimbawa at isang guro. Ang ginagawa ng mga ama ay higit pa sa pagsasabi lang sa kanilang mga anak kung ano ang tama o mali; higit pa ang ginagawa nila kaysa hagisan sila ng manwal at asahan silang matutuhan sa kanilang sarili ang mga dapat gawin sa buhay.

Tinuturuan ng mga ama ang minamahal nilang mga anak at ipinapakita sa kanilang mabuting halimbawa ang paraan kung paano mamuhay

**PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO**

Maaari kayong magsimula sa pagsasabi sa inyong mga tinuturuan na isipin ang isang sandali na tinuruan sila ng Ama sa Langit. Pagkatapos ay ipaisip sa kanila ang mga pagkakatulad ng sandaling iyon sa isang sandali na tinuruan sila ng kanilang ama sa lupa. Ipasulat sa kanila ang mga pagkakatulad sa paraan ng pagtuturo sa kanila. Maaari ninyo silang hikayatin na sikaping gawin ang kanilang isinulat sa pagsisikap na maging mas mabuting halimbawa sa iba.

nang tapat. Hindi iniiwang mag-isa ng mga ama ang kanilang mga anak kundi mabilis silang pinupuntahan, at tinutulungan silang tumayo sa tuwing madarapa sila. At kung minsan kapag ito ang nararapat gawin, hinahayaan ng mga ama na mahirapan ang mga anak, na nauunawaan na maaaring ito ang pinakamainam na gawin para matuto sila.

**Lahat Tayo ay Guro**

Bagama't ginagawa ito ng mga ama sa lupa para sa kanilang sariling mga anak, ang diwa ng pagtuturo ay isang bagay na kailangan nating ialok sa lahat ng anak ng Diyos, anuman ang kanilang edad, kinaroroonan, o sitwasyon. Tandaan, ang mga anak ng Diyos ay ating mga kapatid; lahat tayo ay kabilang sa iisang walang-hanggang pamilya.

Dahil dito, maging guro tayong lahat—na sabik na tumulong sa isa't isa na lalo pang magpakabuti. Dahil tayo ay mga anak ng Diyos, may potensyal tayong maging katulad Niya. Ang mahalin ang Diyos at ang ating kapwa, sundin ang mga utos ng Diyos, at tularan ang halimbawa ni Cristo ang makipot, makitid, at masayang landas pabalik sa piling ng ating mga magulang sa langit.

Kung labis ang malasakit sa atin ng Diyos ng sansinukob kaya Niya tayo tinuturuan, marahil ay matutulungan din natin ang ating kapwa, anuman ang kanilang kulay, lahi, katayuan sa buhay, wika, o relihiyon. Dapat tayong maging inspiradong mga guro at pagpalain natin ang buhay ng iba—hindi lamang ng sarili nating mga anak, kundi ng lahat ng anak ng Diyos sa buong mundo. ■

**MGA TALA**


1. Tingnan sa Mga Gawa 13:52; Mga Taga Filipos 2:12.
2. Moises 1:39.

MGA BATA

## Tulong ng Ama sa Langit


Dahil mahal tayo ng ating Ama sa Langit, binigyan Niya tayo ng maraming kasangkapan, o kaloob, na tutulong sa atin. Itugma ang bawat kaloob sa angkop na larawan nito sa ibaba. Paano ninyo magagamit ang mga kaloob na ito para mapagpala ang buhay ninyo at ang iba?












MGA PAGLALARAWAN NI LAURA ZARRIN

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano palalakasin ng pag-unawa sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ang inyong pananampalataya sa Diyos at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Mga Ordenansa at Tipan sa Templo



LARAWANG KUHA NG NAUVOO ILLINOIS TEMPLE

Lahat ng ordenansang kailangan para sa kaligtasan at kadakilaan ay may lakip na mga pakikipagtipan sa Diyos. "Ang paggawa at pagtupad ng mga tipan ay pagpiling ibuklod ang ating sarili sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo," sabi ni Linda K. Burton, Relief Society general president.[1]

Sabi ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sabi ng Panginoon, 'Sa mga ordenansa . . . ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.'

"May espesyal na mga pagpapala ang Diyos para sa bawat karapat-dapat na taong nabinyagan, tumanggap ng Espiritu Santo, at regular na nakikibahagi ng sakramento."[2]

"Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay pumunta sa templo," sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "kapwa sila pinagkakalooban ng kapangyarihan, ang kapangyarihan ng priesthood . . .

". . . Lahat ng lalaki at babae ay may karapatan sa kapangyarihang ito para makatulong sa kanilang buhay. Lahat ng gumawa ng sagradong mga tipan sa Panginoon at tumutupad sa mga tipang iyon ay may karapatang makatanggap ng personal na paghahayag, mapaglingkuran ng mga anghel, makipag-ugnayan sa Diyos, makatanggap ng kabuuan ng ebanghelyo, at, sa huli, maging mga tagapagmana na kasama ni Jesucristo sa lahat ng mayroon ang Ama."[3]

### Karagdagang mga Banal na Kasulatan

1 Nephi 14:14; Doktrina at mga Tipan 25:13; 97:8; 109:22

### Isipin Ito

Paano tayo pinalalakas at binibigyang-kakayahan ng mga ordenansa at tipan sa templo?

**MGA TALA**

1. Linda K. Burton, "Ang Kapangyarihan, Galak, at Pagmamahal sa Pagtupad ng Tipan," *Liahona,* Nob. 2013, 111.
2. Neil L. Andersen, "Kapangyarihan sa Priesthood," *Liahona,* Nob. 2013, 92.
3. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan sa Gawain ng Panginoon," *Liahona,* Abr. 2014, 48–49.
4. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Ang Kapangyarihan ng mga Tipan," *Liahona,* Mayo 2009, 19, 20.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### Mga Kuwento ng Buhay

Noong 2007, apat na araw pagkaraan ng malakas na lindol sa Peru, nakilala ni Elder Marcus B. Nash ng Pitumpu ang branch president na si Wenceslao Conde at ang asawa nitong si Pamela. "Kinumusta ni Elder Nash kay Sister Conde ang kanyang mga anak. May ngiti sa labi, sumagot ito na sa kabutihan ng Diyos ay ligtas at maayos silang lahat. Kinumusta niya ang bahay ng mga Conde.

"'Wala na po,' sabi lang nito.

". . . 'Pero,' pagpansin ni Elder Nash, 'nakangiti ka pa habang nag-uusap tayo.'

"'Opo,' sabi niya, 'nagdasal po ako at napanatag. Nasa amin na ang lahat ng kailangan namin. Magkakasama kami, narito ang mga anak namin, nabuklod kami sa templo, narito ang kagila-gilalas na Simbahang ito, at kasama namin ang Panginoon. Makapagsisimula kaming muli sa tulong ng Panginoon.' . . .

"Ano ba ang nasa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa Diyos na nagbibigay sa atin ng lakas na ngumiti sa gitna ng kahirapan, na gawing tagumpay ang paghihirap . . . ?"

"Diyos ang pinagmumulan nito. Matatamo natin ang lakas na iyon sa pamamagitan ng ating mga tipan sa Kanya."[4]

# NANINIWALA TAYO SA PAGSUNOD SA PROPETA

Tulad ng orihinal na Simbahang itinatag ni Jesucristo sa panahon ng Kanyang mortal na ministeryo, ang Simbahan ngayon ay "[itinayo] sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok" (Mga Taga Efeso 2:20). Mayroon tayong labindalawang Apostol, at mayroon din tayong Pangulo ng Simbahan at kanyang mga tagapayo, na mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Sila ay tinawag upang patotohanan si Jesucristo at ipangaral ang Kanyang ebanghelyo sa buong mundo.

Pinipili ng Tagapagligtas ang Kanyang mga propeta at inihahanda sila sa pamamagitan ng maraming karanasan para pamahalaan ang Simbahan. Kapag binabanggit ng mga miyembro ng Simbahan ang propeta, tinutukoy nila ang Pangulo ng Simbahan, ang tanging tao sa mundo na tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan.

Dahil nagsasalita ang Pangulo ng Simbahan para sa Panginoon (tingnan sa D at T 1:38), hindi makabubuting piliin at gustuhin lang ang mga bahagi ng kanyang payo na nais nating sundin. Sa halip, itinuturing natin ang kanyang payo at mga paanyaya na para bang natanggap natin ang mga ito mula mismo kay Jesucristo, "nang buong pagtitiis at pananampalataya" (D at T 21:5).


Kapag pinipili nating pakinggan at sundin ang propeta at iba pang mga apostol, pinagpapala tayo sa ating mga pagsisikap na maging katulad ni Jesucristo, at pinoprotektahan tayo laban sa kawalang-katiyakan at mga panlilinlang ng mundo (tingnan sa Mga Taga Efeso 4:11–14).

Halimbawa, nakasusumpong tayo ng espirituwal na kaligtasan sa isang mundong pabagu-bago ang moralidad at mga pinahahalagahan sa pamamagitan ng pagsunod sa di-nagbabagong mga pamantayan na itinuturo ng propeta at mga apostol. Nakasusumpong din tayo ng temporal na seguridad sa pagsunod sa payo ng propeta na umiwas sa utang, mag-impok, at magimbak ng pagkain.

Dahil inilalaan ng Pangulo ng Simbahan at mga Apostol ang kanilang buhay sa gawain ng Panginoon—sa paglalakbay sa buong mundo upang patotohanan si Cristo, turuan ang mga Banal, at pamahalaan ang pangangasiwa ng pandaigdigang Simbahan—sinusuportahan at pinagpapala Niya sila at ang kanilang pamilya. Sinusuportahan din natin sila sa pagdarasal para sa kanila, pagsunod sa kanilang payo, at paghahangad na pagtibayin sa atin ng Espiritu Santo ang mga katotohanang itinuturo nila.

Kapag sinasang-ayunan natin ang propeta at mga apostol, nagtatamo tayo ng patotoo na sila ay mga lingkod ng Diyos. Kahit hindi sila perpekto, hindi sila tutulutan ng Ama sa Langit na iligaw tayo ng landas (tingnan sa Deuteronomio 18:18–20). ■

## PATNUBAY SA PAMAMAGITAN NG ISANG BUHAY NA PROPETA



"Muli nang nagsalita ang Diyos at patuloy na papatnubay sa lahat ng kanyang anak sa pamamagitan ng isang buhay na propeta ngayon. Ipinapahayag namin na [ang Diyos], tulad ng ipinangako, ay laging kasama ng kanyang mga lingkod at namamahala sa mga gawain ng kanyang Simbahan sa buong mundo."

***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (2015), 126.**

Marami pa kayong matututuhan tungkol sa pagsunod sa propeta sa pagbabasa ng "Pagsang-ayon sa mga Propeta" (*Liahona,* Nob. 2014, 74–76) ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

**Narito ang ilan sa mga pagpapalang dumating sa atin sa pamamagitan ng mga buhay na propeta:**



*Isinalin ni Propetang Joseph Smith (1805–44) ang Aklat ni Mormon "sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos" (tingnan sa pambungad sa Aklat ni Mormon). Simula nang ilathala ito noong 1830, pinagpala na nito ang buhay ng milyun-milyong tao.*



*Noong 1936, sa panahon ng Great Depression, ibinalita ni Pangulong Heber J. Grant (1856–1945) ang kalaunan ay magiging welfare program ng Simbahan. Ngayon ang programang ito ay tumutulong sa mga taong kabilang sa lahat ng relihiyon sa buong mundo.*



*Noong Abril 1998, na may 51 templong gumagana ang Simbahan, ibinalita ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang isang programa na magtatayo ng maraming maliliit na templo. Parami nang parami ang mga miyembro ng Simbahan na pinagpapala ng mga templong ito ngayon sa iba't ibang panig ng mundo.*



*Noong 1915, inanyayahan ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) at ng kanyang mga tagapayo ang mga miyembro ng Simbahan na simulang magdaos ng family home evening. Patuloy pa ring tinatamasa ng mga pamilya ang malalaking pagpapalang ipinangako sa kanila sa paggawa nito.*



*Noong 2012, ibinalita ni Pangulong Thomas S. Monson na ibinaba ang edad ng pagmimisyon sa 18 para sa kalalakihan at 19 para sa kababaihan. Libu-libong pamilya at missionary ang napagpala ng pagdami ng mga naglilingkod na missionary.*

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

# ANG MAPAGMAHAL NA HALIMBAWA NG AKING AMA

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Ipinakita sa akin ng aking ama kung paano mahalin ang aking mga anak na nalilihis ng landas.*


Sumapi ako sa Simbahan matapos tanggapin ang paanyaya ng dalawang kaibigan na dumalo sa seminary. Noon pa man ay suportado na ng mga magulang ko ang desisyon kong magpabinyag, magmisyon, at makasal sa templo. Gayunpaman, naalala ko ang pait na nadama ko (at ipinalagay kong nadama rin ng aking mga magulang) sa pagkaalam na matiyaga silang naghintay sa Provo Utah Temple waiting room habang ibinubuklod kami ng aking nobya.

Kalaunan ay nagkaroon kami ng apat na anak at naaalala ko ang kagalakang malaman na bawat isa sa kanila ay ibinuklod sa amin dahil isinilang sila sa tipan. Ang aming mga anak ang unang mga apo, at kahit hindi sumapi sa Simbahan ang aking mga magulang at mga kapatid kailanman, naging napakalapit nila sa bawat isa sa aking mga anak. Maraming taon kaming nakatira malapit sa isa't isa, at nakita ng aking mga magulang ang pagpasok nila sa paaralan at pagsali sa mga larong pangkabataan. Dumalo sila sa binyag ng bawat isa sa aming mga anak.

Gayunman, nang tinedyer na ang aming mga anak, nalipat ang pamilya namin sa ibang estado dahil sa trabaho ko. Pero kahit sa mga panahong iyon, nanatiling malapit ang mga magulang ko sa aming mga anak sa pamamagitan ng pagbisita at madalas na pagliham nila.

Nang tumanda na ang mga magulang ko, maagang kinapitan ng sakit na Alzheimer's ang nanay ko. Determinado ang tatay ko na alagaan siya, kahit kinailangan siyang lubos na pangalagaan dahil sa kanyang kalagayan. Kahit nitong mga huling taon, nakipag-ugnayan sa akin si Itay sa telepono at mga liham linggu-linggo, at, kung minsan, araw-araw. Noon pa




*Sa mga taong iyon, nanatiling malapit ang mga magulang ko sa aming mga anak sa pagbisita at madalas na pagliham nila.*

man ay malapit na ako sa aking mga magulang, ngunit sa huling 10 taon ng buhay ng aking ama, lalo kaming naging malapit sa isa't isa. Nalaman ko rin noon na nagawa niyang mas mapalapit sa aking tatlong kapatid sa gayon ding paraan—bagama't magkakaiba kami ng piniling mga interes at relihiyon habang lumalaki kaming lahat.

Ang mga magulang ko at ang pamilya ko ay nakatira sa magkabilang baybayin ng Estados Unidos sa mga huling taong iyon, at dalawang beses sila tumawid ng bansa, kahit malala na ang Alzheimer's ni Inay at napakahirap na para kay Itay na alalayan siya sa mahabang biyahe.

Sa panahon ding ito, isa-isang nagpasiyang tumigil sa pagsisimba ang lahat ng anak ko. Kalauna'y pinatanggal ng dalawa sa kanila ang kanilang mga pangalan sa mga talaan ng Simbahan. Talagang naging matinding pagsubok ito sa buhay naming mag-asawa. At kahit hindi isang Banal sa mga Huling Araw si Itay, nasaktan din siya at naguluhan sa mga pasiya ng aming mga anak. Isa siyang relihiyosong tao, at sumali siya sa pagdarasal namin para sa kanila sa mga taong iyon.

Noong 2005 pumanaw si Itay matapos masuring may kanser, at pumanaw si Inay pagkaraan ng tatlong taon. Nagalak kaming mag-asawa sa pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa kanila matapos silang pumanaw.

Matagal ko nang ipinagdarasal na maunawaan kung paano ko pinakamainam na makakaugnayan ang aking mga anak ngayong nasa hustong gulang na sila, na ang ilan ay may sarili nang asawa at mga anak, na pawang hindi LDS. Malapit ang damdamin namin sa lahat ng apat naming anak, at nagpapasalamat kami na madalas nila kaming pakitaan ng pagmamahal.

Kalaunan ay natanggap ko ang napakalinaw na sagot kung ano ang gagawin ko, marahil habambuhay, tungkol sa mga anak kong ito. Kinailangan kong gawin ang ginawa sa akin ng tatay ko. Sa kabila ng magkaibang pamumuhay at pananaw namin sa relihiyon, determinado si Itay na lalo pang mapalapit sa akin bilang ama at kaibigan samantalang nasaktan akong makita na pinipili ng mga anak ko ang uri ng pamumuhay at paniniwala na naiiba kaysa akin. Natanto ko na kailangan kong sundan ang halimbawa ni Itay, na nagturo sa akin kung paano pakitunguhan ang mga anak na iba ang paniniwala: lubos silang mahalin, tulad ng gagawin ng Tagapagligtas. ■

KALIWA: PAGLALARAWAN NG © ISTOCK/THINKSTOCK; KANAN: LARAWANG KUHA NI DEL BENSON

# Mangagsilapit sa Kanya

Mga titik ni Theodore E. Curtis
Himig ni Hugh W. Dougall






MGA IMAHE © ISTOCK/THINKSTOCK

# Elder
# Gary E. Stevenson

## ISANG MAUNAWAING PUSO

**Ni Elder Robert D. Hales**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



Habang lumalaki sa Cache County, Utah, USA, na malapit sa Logan Utah Temple (tingnan sa kabilang pahina), maraming natutuhang aral si Gary Stevenson mula sa mga turo ng kanyang ama at ina. Itinuro sa kanya ng kanyang ama na sundin ang Espiritu Santo, at hinikayat siya ng kanyang ina na piliin ang tama. Noong tinedyer siya natutuhan niyang pahalagahan ang pakikisama at paglilingkod ng kanyang mga priesthood quorum, na bahagi ng kanyang paghahandang maglingkod ngayon sa Korum ng Labindalawang Apostol.

Noong mga 11 taong gulang si Gary Stevenson, isinama siya ng kanyang ama na mag-hiking. "Palundag-lundag ako sa mga bato sa harapan ng tatay ko," paggunita niya. "Binalak kong akyatin ang isang malaking bato at tumingin sa ibaba. Habang paakyat ako sa tuktok ng malaking bato, sinunggaban niya ako sa sinturon ko at hinila ako pababa.

"'Bakit po?' tanong ko, at sumagot siya, 'Huwag kang umakyat sa batong iyan. Manatili lang tayo sa daanan.' Ilang sandali pa nang tumingin kami sa ibaba mula sa bandang itaas ng daanan, nakita namin ang isang rattlesnake sa tuktok ng malaking bato, na nagpapaaraw.

"'Kaya kita hinila pababa,' sabi ni Itay.

"Kalaunan habang pauwi kami sakay ng kotse, alam kong hinihintay niyang itanong ko na: 'Paano po ninyo nalaman na may ahas doon?' Sabi niya, 'Tuturuan kita tungkol sa Espiritu Santo.' Nagkaroon kami ng biglaang lesson tungkol sa tungkuling maaaring gampanan ng Espiritu Santo sa ating buhay: nagpoprotekta, umaaliw, at nagpapatotoo. 'Sa pagkakataong ito,' sabi ni Itay, 'pinrotektahan ka ng Espiritu Santo sa pamamagitan ko. Sinabihan niya ako na hilahin ka pababa.'"

Ang karanasang ito, bagama't simple, ay tumulong kay Elder Stevenson na maunawaan na kapag dumating ang mga pahiwatig ng Espiritu, dapat itong tanggapin at sundin. Isa iyon sa maraming aral na natutuhan niya sa kanyang ama.



### Kahanga-hangang Ina, Kahanga-hangang mga Guro

Ayon kay Elder Stevenson, ang kanyang ina ay isang halimbawa ng dalisay na kabutihan: "Nahikayat ako ng mga inaasahan niya sa akin. Sa lahat halos ng ginawa ko lagi kong inisip na, 'Ayaw kong biguin si Inay.'"

Magkasamang pinagtibay ng kanyang mga magulang ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa family home evening at iba pang mga aktibidad o pagtitipon ng pamilya. "Isinalig nila ang aming tahanan sa mga turo ng ebanghelyo. Ito ang pundasyon ng aming buhay," wika niya.

Ginabayan din siya ng iba pang kilalang guro. "Naaalala ko sa ilang training namin bilang General Authority na nagmungkahi si Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na maglista kami



ng 20 tao na naging maganda ang impluwensya sa aming buhay. Sa palagay ko lahat ay makikinabang sa paggawa nito. Masayang isipin ang lahat ng mabubuting kalalakihan at kababaihang naroon para tulungan ako, lalo na noong kabataan ko."

**Pinatatag ng Pamilya at mga Kaibigan**

Si Gary Evan Stevenson ay isinilang noong Agosto 6, 1955, at lumaki sa Logan, Utah, USA. Ang kanyang mga magulang na sina Evan at Jean Hall Stevenson ay may apat na anak. Si Gary ang pangalawang anak at panganay na lalaki.

"Malapit ako sa mga kapatid ko. Inasahan ng ate kong si Debbie na gagawin ko ang tama. Inasahan naman ng nakababata kong mga kapatid na sina Merilee at Doug na magiging mabuti akong halimbawa. Dama naming lahat ang responsibilidad na mamuhay nang matwid at makibahagi sa mga aktibidad ng Simbahan." Mataas din ang inaasahan ng kanyang mga kamag-anak: "Halimbawa, nang magmisyon ang pinakamatanda kong pinsan, pinirmahan niya ang







MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG PAMILYA STEVENSON, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KALIWA: MGA BULAKLAK © TUKKATA/ISTOCK/THINKSTOCK; KANAN: LARAWAN NG LOGAN UTAH TEMPLE NA KUHA NG JARVIE DIGITAL

isang $2 bill at ipinasa iyon sa sumunod na pinsan na naghahandang magmisyon. Ang $2 bill na iyon ay ipinasa-pasa sa 16 na magpipinsan na nagmisyon sa iba't ibang dako ng mundo, na nagpaalala sa bawat isa na nagkakaisa kami sa paglilingkod sa Panginoon."

Mabuti rin ang naging impluwensya sa kanya ng mga kaibigang maytaglay ng priesthood. "Maaga kong nalaman sa buhay ko kung ano ang ibig sabihin ng mapabilang sa isang korum, hindi lamang sa araw ng Linggo kundi maging sa komunidad at sa paaralan," wika niya. "Nadama ko na ako ay may halaga, kabilang, may kapatiran, at paglilingkod." Ang partikular na naaalala niya ay nang samahan niya ang isang miyembro ng korum na mangolekta ng mga fast offering mula sa isang sister sa ward na hindi na



Si Elder Stevenson ay naglingkod sa full-time mission sa Japan (ibaba kanan) at napamahal sa kanya ang Asia at ang mga mamamayan nito. Nang makauwi siya, nakilala niya ang kanyang mapapangasawa nang sabay silang dumalo sa institute class. Ikinasal sila sa Idaho Falls Idaho Temple at may apat na anak na lalaki: sina Craig, Bryan, Brett, at Kyle. Nagniningning ang mga mata ni Elder Stevenson kapag binabanggit niya ang kanyang asawa, na "nagbibigay-sigla sa buhay ko."

makaalis ng bahay, bulag, at walang gaanong kita. "Sa kabila ng kanyang sitwasyon, palagi siyang may isang nickel [5 cents] o dime [10 cents] na fast offering," paggunita niya.

## Isang Kaloob na Kailangang Pagsumikapan

Nang makatapos ng hayskul at makapag-aral sandali sa Utah State University, tinawag si Elder Stevenson na maglingkod sa Japan Fukuoka Mission. "Nag-alala ako sa pag-aaral ng wikang Hapon. Naragdagan ang pag-aalala ko pagdating ko sa missionary training center." Ngunit pagkaraan ng anim na linggo, ang taimtim na pagdarasal at masigasig na pag-aaral ay nagpadama sa akin ng kapanatagan na pagpapalain ako ng Panginoon na matuto ng wikang Hapon, ngunit kailangan kong magsumikap nang husto. Itinuro nito sa akin na ang kaloob na makapagsalita ng ibang wika ay parang pananampalataya at paggawa at iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo. Matapos gawin ang lahat ng magagawa mo, pinagkalooban ka ng pagpapala."


Pagkatapos ng kanyang misyon, nahilig si Elder Stevenson sa kasaysayan ng Simbahan, pag-aaral ng Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan, at pagsasaliksik ng mga journal ng kasaysayan at family history. Naging interesado siya lalo na kay Joseph Smith at sa pamilya nito, sa pamilya Whitmer, kay Oliver Cowdery, at kay Martin Harris. Sinaliksik niya ang pagsasalin at paglalathala ng iba't ibang edisyon ng Aklat ni Mormon.

Natutuhan niyang muli na ang pananampalataya at kasipagan ay magkasama. "Bawat sagot sa bawat tanong tungkol sa ebanghelyo ay hindi agad na dumarating," ang payo niya. "Inaasahan ng Panginoon na tayo ay magbabasa, mag-aaral, magninilay, at magdarasal." At kapag ginawa natin ito nang may pananampalataya at mabuting hangarin, kalaunan ay darating ang matibay na patotoo."

Sa buong buhay niya, nadama niya na napakapalad niya nang pagturuin siya sa mga kabataan sa mga klase nila sa Sunday School, Gospel Doctrine, at Young Men. Dahil sa mga tungkuling ito, napatotohanan niya ang kanyang matinding damdamin sa katotohanan ng mga banal na kasulatan, isang patotoo na lalo pang pinatibay ng maraming taon ng pag-aaral.

Sa Utah State University, binalikan ni Elder Stevenson ang kanyang pag-aaral ng business administration and marketing. Maraming oras siyang namalagi sa library. "Tuwing papasok ako roon, sinasalubong ako ng isang karatula . . . na may nakasulat na, 'Sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa' [Mga Kawikaan 4:7]." Natimo sa kanyang puso ang talatang ito sa banal na kasulatan at pagkaraan ng ilang taon ay naging tema ito ng isang mensahe niya sa debosyonal sa Brigham Young University.

"Ang pag-unawang ito ay dumarating kapag *pinagsama ang pag-aaral at panalangin,*" ang paliwanag niya sa mensaheng iyon. "Kapag nagtiwala tayo at umasa sa Panginoon, darating sa puso natin ang mas matinding pag-unawa na nagmumula sa Kanya."[1]







## Pag-iibigang Nagsimula sa Institute

Sa Old Testament class sa institute of religion, nakilala niya si Lesa Jean Higley, na lumipat sa idaho mula sa California at estudyante na noon sa Utah State. "Hiniling ng guro na gumanap si Lesa bilang Eva at ako bilang si Satanas na tutukso sa kanya. Dahil dito, natagalan akong kumbinsihin siya na magdeyt kami," paggunita niya nang nakangiti. Nagdeyt sila nang mahigit isang taon at pagkatapos ay ikinasal sa Idaho Falls Idaho Temple noong 1979.

Nagniningning ang mga mata ni Elder Stevenson kapag binabanggit niya si Lesa. Itinuturing niya si Lesa na siyang "nagbibigay-sigla sa buhay ko."[2] Si Sister Stevenson ay nagtapos ng degree sa home economics education, nagturo sa paaralan sa mga unang taon ng kanilang pagsasama bilang mag-asawa, at palaging nagbabahagi ng kanyang panahon at mga talento sa mga paaralan, civic at community board, organisasyon, at iba pang mga gawain. Gayunman, itinuturing ni Elder Stevenson ang mga talento nito bilang maybahay na kabilang sa pinakamagagandang katangiang bigay ng Diyos dito: "May kakayahan siyang isentro ang aming tahanan sa ebanghelyo, isang ligtas at masayang tahanan kung saan nananahan ang Espiritu." Ang kakayahang ito, lakip ang isang malalim na pag-unawa na ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa paglilingkod sa iba, ay nagpala sa buhay ng kanyang asawa, kanyang pamilya, at sa maraming nakapaligid sa kanya.

Sina Elder at Sister Stevenson ay may apat na anak na lalaki. "Sama-sama kaming nagtamasa ng lahat ng bagay sa pagdaan ng mga taon," sabi niya. "Naglaro ng basketball, football, baseball, at tennis ang mga bata. Mahilig kaming lahat sa mga aktibidad sa labas tulad ng four-wheeling, snowmobiling, skiing, snowboarding, at iba't ibang water sports. Gayunman, naimpluwensyahan din ng kultura ni Lesa ang aming mga anak, kaya nahilig sila sa musika at sining. At para mapaglingkuran ng aming pamilya ang ibang tao, kinailangan niya ang 'pisikal na lakas' ng mga bata."

## Pagtatayo ng Negosyo

Nagtayo ng negosyo si Elder Stevenson dahil sa pagmamahal niya sa mga taga-Asia. Pag-uwi niya mula sa misyon, sinimulan niya at ng ilang kaibigan na mag-angkat ng panregalong accessories mula sa Asia. Nauwi ito sa pagbebenta ng mga produktong pampalakas. Sa sumunod na tatlong dekada, lumago ang kanilang maliit na negosyo at naging matagumpay na kumpanya ito na may mahigit 2,500 empleyado.

Naaalala ng isang empleyado ang saloobin ni Elder Stevenson bilang negosyante: "Pinag-uusapan namin noon ang isang mahirap na desisyon para sa negosyo. Sinabi ko sa kanya na kailangan naming tiyakin na legal ang gagawin namin. Sinabi niya sa akin na hindi lang dapat maging legal ang gagawin namin kundi dapat din naming gawin ang tama."

"Ang pag-ayon sa mabubuting tuntunin sa negosyo ay makakatulong sa negosyo," sabi ni Elder Stevenson. "Ang integridad, kasipagan, pagkahabag, paggalang sa mga tao—kasabay ng pananagutan—ay hindi mga tuntuning pinag-uusapan at ginagawa lamang tuwing Linggo. Ginagawa ang mga ito araw-araw sa buong linggo."

Nang lumago ang negosyo, gayon din ang oras na kinailangan niyang iukol dito: "Bata pa akong bishop na may maliliit na anak at pabalik-balik din ako sa Asia taun-taon. Nilapitan ako ng aking ama at sinabi niya, 'Napansin ko na kapag kasama mo ang pamilya mo, parang hindi ka rin nila talaga *kasama*. Nangangamba ako na baka ipinahihiwatig nito na kapag nasa trabaho ka, hindi ka lubos na nakatuon doon, at kapag ginagampanan mo ang tungkulin mo bilang bishop, baka inaalala mo ang trabaho o pamilya mo. Kailangan mong balansehin pang maigi ang buhay mo.'"

Nagkaroon ng malaking epekto ang payong ito. Sabi ni Elder Stevenson, "Natutuhan ko na mahalagang panatilihing balanse ang panahon mo sa pamilya, propesyon, at tungkulin sa Simbahan, at tiyakin na napapangalagaan mo rin ang sarili mo."

Bilang miyembro ng Pitumpu at bilang Presiding Bishop, kilala si Elder Stevenson sa pagiging mahabagin na kasindalisay ng mga bulaklak sa puno ng cherry (ang cherry blossoms ay kilalang simbolo ng Japan). Tinulungan niya ang mga tao sa kanyang paligid at sa malalayong lugar para ibahagi "ang nagpapagaling na balsamo ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas." Bilang Apostol magpapatuloy siyang tulungan ang mga maralita at nangangailangan, "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina" (D at T 81:5).

### Tinawag na Maglingkod—Nang Paulit-ulit

Minsa'y hinikayat ng isang respetadong negosyante si Elder Stevenson na "matuto, kumita, at maglingkod." Noong 2004 nasubukan ang bahagi ng payong iyon na "maglingkod" nang kapwa paglingkurin si Elder Stevenson at ang matagal na niyang kasosyo sa negosyo na si Scott Watterson bilang mission president. Nadama nila na kailangan nilang ipaliwanag sa maraming stakeholder at kostumer kung bakit nila pansamantalang iiwanan ang kanilang kumpanya. Isa-isa nilang binisita ang mga ito.

"Nang ipaliwanag namin ang aming tungkulin at na maglilingkod kami nang tatlong taon nang walang bayad mula sa Simbahan, iginalang nila iyon," sabi niya. Iniwanan nila ang kanilang negosyo sa pamamahala ng isang mapagkakatiwalaang executive team, at umunlad ito.

Bilang pangulo ng Japan Nagoya Mission, nadama ni Elder Stevenson na lumalim pa ang pagmamahal niya sa mga taga-Asia. "Itinuturing ko itong pangalawang tahanan ko," wika niya. Nag-ibayo pa ang pagmamahal niya sa kanyang asawa nang makita niya na unti-unti nitong tinanggap ang kultura ng lugar, tinulungan ang iba pati na ang mga missionary at miyembro, at natutuhang magpatotoo sa wikang Hapon, at patuloy na inalagaan ang dalawang anak nilang kasama nila. May ilang naturuan at nabinyagan dahil sa pagsisikap nitong kaibiganin ang mga nasa paligid niya.

Pitong buwan pa lang silang nakakauwi mula sa kanilang misyon nang paglingkurin si Elder Stevenson sa Unang Korum ng Pitumpu noong 2008.

"Natigilan ako at napakumbaba. Naisip ko, 'Marami pang ibang makapaglilingkod nang mas mahusay kaysa sa akin.' Ngunit naisip ko ang mga nakaraang taon—bilang elders quorum president, high councilor, bishop, at counselor sa stake presidency—na nadama ko na hindi pa sapat ang kakayahan kong gawin ang mga ipinagagawa sa akin. Natutuhan ko na bago tayo tawagin, maaaring *hindi* tayo marapat para dito, ngunit ang pagtawag ay *nagpapasimula* ng pagkamarapat sa langit.

"Sinasabi sa atin ng isa sa mga paborito kong talata sa banal na kasulatan ang dalawang bagay na dapat nating gawin kapag tinawag tayo: Una, 'maging matapat.' Pangalawa, tumayo sa katungkulang itinalaga sa iyo (tingnan sa D at T 81:5). Para sa akin ang kahulugan nito ay manampalataya, alamin ang kailangan, at pagkatapos ay gawin ang lahat para magampanang mabuti ang tungkulin. Kung gagawin natin ito, palalakasin at gagawin tayong karapat-dapat ng Panginoon upang mapagpala ang iba."








### Sa Asia Ulit

Bilang miyembro ng Pitumpu, natalaga si Elder Stevenson bilang counselor sa Area







Presidency at pagkatapos ay naging pangulo ng Asia North Area.

Noong Marso 2011, isang lindol at tsunami ang puminsala sa Japan. Ang 9.0-magnitude na lindol ay lumikha ng tsunami na kumitil sa buhay ng 20,000 tao, nagpalikas sa libu-libo, at sumira sa 550,000 kabahayan.

Binisita niya ang apektadong lugar nang maraming beses. "Nang makausap namin ang mga tao, sari-saring emosyon ang nadama namin," paggunita niya. "Napansin naming lahat na sa kabila ng trahedya at kawalan ay naroon ang pag-asa at pagbangong muli. Paulit-ulit na naantig ang aming puso nang masaksihan namin ang nagpapagaling na balsamo ng pagmamahal ng ating Tagapagligtas."

Bukod pa riyan, nasaksihan niya mismo kung paano tumutulong ang Simbahan sa mga nangangailangan: "Ang malaman ang gagawin sa oras ng kalamidad at makatulong sa pagpaplano kung paano tutugon—diyan nakita na ginagampanan ng Simbahan ni Jesucristo ang isa mga banal na responsibilidad nito na pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan." Ipinaliwanag niya na isang sagradong pribilehiyo ang mapaglingkuran ang mga nangangailangan at makita ang iba na ginagawa rin ito: "Nalaman namin ang kabutihan ng sangkatauhan."

## Ang Pamana ng mga Bishop

Ang pag-unawa niya sa pagkahabag ay mas tumimo sa kanyang puso nang matawag siyang Presiding Bishop noong 2012. Sa katungkulang iyan pinamahalaan niya ang malawak na network ng Simbahan na nagpapadala ng welfare assistance at emergency response sa mga Banal sa mga Huling Araw at sa iba, gayundin ng humanitarian aid sa mga anak ng Ama sa Langit sa "ilan sa mga pinakaliblib na lugar, ilan sa pinakamahihirap na lugar, ilan sa mga pinakaabang lugar sa buong mundo."[3]

Mahalaga ang tungkulin ng bishop para kay Elder Stevenson. "Noong 12 taong gulang ako, natawag na bishop ang tatay ko," pag-alaala niya. "Maraming balo sa ward, at madalas akong isama ni Itay kapag naglilingkod siya sa kanila. Pinagtatapon niya ako ng basura, pinaglilinis ng ilang bagay sa bahay, o pinag-iimbita ako ng mga kaibigan para magkalaykay ng mga dahon o magpala ng niyebe. Kapag umalis na kami, laging masaya ang pakiramdam ko. Ang pagbisita sa mga balo ay nakatulong sa akin na maunawaan na bahagi ng tungkulin ng mga bishop ang paglingkurang isa-isa ang mga tao. Ang mga bishop ng Simbahan ay mga bayani ko."

## Isang Pangako mula sa Isang Propeta

Noong Martes bago ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015, may tumawag sa bishop noon na si Bishop Stevenson na humihiling na makipagkita siya kay Pangulong Thomas S. Monson at sa mga tagapayo nito.


"[Ipinaabot] sa akin ni Pangulong Monson ang tawag sa Korum ng Labindalawang Apostol. Itinanong niya kung tatanggapin ko ito. . . . Pumayag ako. Pagkatapos . . . magiliw akong kinausap ni Pangulong Monson, na inilalarawan [na nang tawagin] siya . . . bilang Apostol maraming taon na ang nakararaan, . . . nakadama rin siya ng kakulangan. Mahinahon niyang sinabi sa akin, 'Bishop Stevenson, gagawing karapat-dapat ng Panginoon ang mga taong tinatawag Niya.' Ang nakakakalmang mga salitang iyon ng isang propeta ang nagbigay sa akin ng kapayapaan [mula noon]."[4]


Si Elder Gary E. Stevenson ay tunay na isang lalaking walang panlilinlang. Bilang Apostol, tulad ng ginawa niya noong Presiding Bishop siya at noong miyembro siya ng Pitumpu at tulad ng ginawa niya sa buong buhay niya, patuloy siyang tutulong sa mga maralita at nangangailangan. Susundin niya ang utos sa banal na kasulatan na "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina" (D at T 81:5). Mahirap ang tungkuling ito, ngunit angkop na angkop ito sa kanya dahil sa kanyang maunawaing puso. ■

**MGA TALA**

1. Gary E. Stevenson, "Lean Not unto Thine Own Understanding" (Brigham Young University devotional, Ene. 14, 2014), 2, 3, speeches.byu.edu.
2. Gary E. Stevenson, "Malilinaw at Mahahalagang Katotohanan," *Liahona,* Nob. 2015, 92.
3. Gary E. Stevenson, press conference, Okt. 3, 2015.
4. Gary E. Stevenson, "Malilinaw at Mahahalagang Katotohanan," 91.

MGA LARAWAN SA MGA BALITA SA KAGANDAHANG-LOOB NINA KRISTIN MURPHY, *DESERET NEWS*; AT SARAH JANE WEAVER, *CHURCH NEWS*




SANTA
BIBLIA
EL
LIBRO
DE
MORMÓN
OTRO TESTAMENTO
DE JESUCRISTO



# ANG MGA MATA NG BULAG AY Makakakita



**Ni Elder Lynn G. Robbins**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

*Maaari nating isipin na ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay isang mahimalang panunumbalik ng espirituwal na paningin.*

Ipinropesiya ni Isaias na sa mga huling araw ang Panginoon ay magpapatuloy sa paggawa ng "isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha," at ipinropesiya niya ang paglabas ng Aklat ni Mormon, na nagsasabing "ang mga mata ng bulag ay makakakita mula sa kalabuan at sa kadiliman" (Isaias 29:14, 18).

## Isang "Kakila-kilabot na Kalagayan ng Pagkabulag"

Sa mga araw bago ang maluwalhating Unang Pangitain, ang sigasig sa relihiyon ng mga mamamayan ng Manchester, New York, USA, ay lubhang nakalilito. Sa mga salita ni Joseph Smith, "Napakalaki ng kaguluhan at sigalutan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari para sa isang tao . . . na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali" (Joseph—Smith Kasaysayan 1:8).

Tinutukoy ng Aklat ni Mormon ang kaguluhang ito bago ang Panunumbalik bilang "*kakila-kilabot na kalagayan ng pagkabulag* . . . dahil sa malilinaw at pinakamahahalagang bahagi ng ebanghelyo ng Kordero na ipinagkait ng yaong karumal-dumal na simbahan" (1 Nephi 13:32; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa nagdaang mga siglo, ang malinaw na espirituwal na paningin na inilahad ng Biblia ay *lumabo* nang mangawala ang maraming malinaw at mahalagang bahagi nito, na kung minsan ay sa di-sadyang pagkakamali sa pagsasalin at kung minsan ay sa sadyang pagkakamali sa pag-edit, "upang mailigaw nila ang mga tamang landas ng Panginoon, upang *mabulag nila ang mga mata* at mapatigas ang mga puso ng mga anak ng tao" (1 Nephi 13:27; idinagdag ang pagbibigay-diin).

## "Bagaman Ako'y Naging Bulag, Ngayo'y Nakakakita Ako" (Juan 9:25)

Isa sa pinaka-karaniwang mga himala ng Tagapagligtas ay ang pagpapanumbalik ng paningin ng mga bulag.[1] Gayunman, ang mas mahalagang misyon at himala ng

IBABAW: DETALYE MULA SA *IPINROPESIYA NG PROPETANG SI ISAIAS ANG PAGSILANG NI CRISTO*, NI HARRY ANDERSON

Tagapagligtas ay ang pagpapagaling sa mga espirituwal na bulag. "Naparito ako sa sanglibutang ito," wika Niya, "upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita" (Juan 9:39).

Gamit ang metapora ni Isaias at ang pangitain ni Nephi tungkol sa espirituwal na pagkabulag sa mga huling araw, maaari nating isipin na ang paglabas ng Aklat ni Mormon ay isang mahimalang panunumbalik ng espirituwal na paningin.

"Ni hindi pinahihintulutan ng Panginoong Diyos na ang mga Gentil ay manatili magpakailanman sa kakila-kilabot na kalagayan ng *pagkabulag*. . . .


". . . Magiging maawain ako sa mga Gentil sa araw na yaon, kung kaya nga't isisiwalat ko sa kanila, sa pamamagitan ng sarili kong kapangyarihan, ang karamihan ng aking ebanghelyo. . . .

para hindi ako mabulag. Bago pa natuklasan ng doktor na may glaucoma ako, bahagya nang nawalan ng paningin ang isa kong mata. Labis ang pasasalamat ko sa makabagong medisina at na hindi ako bulag. Nagpapasalamat din ako sa isa ko pang mata na maayos, na pinupunan ang bahagyang pagkawala ng paningin ng kabilang mata. Ang metapora ng dalawang mata ay may malalim at personal na kahulugan para sa akin.

Maraming pagsusuri ng siyensya ang nagpapaliwanag sa mga kalamangan ng pagkakaroon ng dalawang mata kaysa isang mata lang. Ipaliliwanag ko ang anim sa mga kalamangang iyon at ang espirituwal na pagkakatulad ng mga ito sa Aklat ni Mormon bilang ikalawang *saksi* ni Jesucristo sa *pagpapanumbalik* ng espirituwal na paningin sa mundo.



*2A. Ipinamamalas ng laruan ng isang bata ang kapangyarihan ng pinakamalalim na pang-unawa.*




*1. Ang maximum horizontal field view ng mga tao ay mga 190 degrees gamit ang dalawang mata, mga 120 degrees niyon ay parehong nakikita ng dalawang mata.*



*2B. Sa kaharian o mundo ng mga hayop, ang dalawang mata ay nagbibigay sa potensyal na masisila ng tumpak na lalim ng pang-unawa, kaya nakikita nito ang nakabalatkayong mga maninila.*

"Sapagkat, masdan, wika ng Kordero: ipakikita ko ang aking sarili sa iyong mga binhi, nang isulat nila ang maraming bagay na aking ipapangaral sa kanila, . . . [at] ang mga bagay na ito ay itatago, upang lumabas sa mga Gentil, sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Kordero.

"At sa mga ito masusulat ang aking ebanghelyo, wika ng Kordero, at ang aking bato, at ang aking kaligtasan.

". . . Ang mga huling talaang ito . . . ang magpapatibay sa katotohanan ng una. . . . Kapwa ito pagtitibayin sa isa" (1 Nephi 13:32, 34–36, 40–41; idinagdag ang pagbibigay-diin)—magkakasama upang tulungan tayong makita ang katotohanan.

Kapwa ito "pagtitibayin sa isa" ang paraan para makakita ang dalawang mata o magampanan ng mga ito ang kanilang tungkulin. Dahil may glaucoma ako, kailangan kong patakan ng mahimalang gamot na nakapagliligtas ng paningin ang dalawa kong mata dalawang beses sa isang araw

## 1. Mas Malawak at Mas Malinaw ang Nakikita Kapag Dalawang Mata ang Gamit

Ang maximum horizontal field of view ng mga tao ay mga 190 degrees gamit ang dalawang mata, at mga 120 degrees niyon ay nagsasanib o parehong nakikita ng dalawang mata. Higit pa sa converging field of view, bawat mata ay mayroon ding peripheral field na natatangi sa matang iyon.[2]

Pagkaraan ng maraming siglo ng pagkawala ng malilinaw at mahahalagang bagay, hindi gaanong naging malinaw ang Biblia. Ang paglabas ng Aklat ni Mormon na may ganap na kalinawan ay hindi lamang nagpalinaw sa espirituwal na paningin kundi binigyan din ng kinakailangang paglilinaw ang parehong nakikita ng dalawang espirituwal na mata, o binocular field of vision (tingnan sa image 1)—sa mga banal na kasulatan tinatawag natin itong batas ng dalawang saksi (tingnan sa Mateo 18:16; Eter 5:4; D at T 6:28).

Ang overlapping field of vision, o *binocular summation,* ay nagpapaigting sa kakayahang makita nang malinaw ang malalabong bagay.[3] Nakikita natin nang mas malinaw ang mga bagay-bagay kapag ang magkahiwalay na imaheng pumapasok sa bawat mata ay nagsasama sa iisang imahe, na nagbibigay sa atin ng pagsasanib ng *visual axis*[4] at sa gayo'y naaalis ang "kaguluhan at sigalutan" na nagpagulo sa isipan ng batang si Joseph (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:8).

Ang katotohanan na *mas mainam magkaroon ng dalawang mata kaysa isa lang* ay isang katotohanang alam ng lahat at pinatutunayan ang kanyang sarili na wala nang mas mainam na metaporang magagamit si Isaias para maunawaan ng lahat ng tao na: "ang mga mata ng bulag ay makakakita" (Isaias 29:18). Umaasa kami na ang mga kasalukuyang nakakakita gamit ang isang espirituwal na paningin lamang, ang Biblia, ay mauunawaan na katalinuhan ang hindi tanggihan ang Aklat ni Mormon bilang pangalawang saksi ni Jesucristo bago pa man nila ito subukan. Matutuklasan nila na "ang tungkod ng Juda" at "tungkod ng Jose" (Ezekiel 37:19) ay nagsasanib kapag nag-sync nang lubusan at malinaw ang dalawang mata—isang *nagpapaunawang* karanasan!

LARAWAN NG AHAS © ISTOCK/THINKSTOCK

## 2. Stereopsis—Pag-iwas sa Panlilinlang

"Ang binocular vision . . . ay nagtutulot sa mga tao na malagpasan at maalis ang mga balakid nang mas mabilis at may katiyakan" dahil sa mas tumpak na lalim ng pang-unawa.[5] Ang isang halimbawa ng pinakamalalim na pang-unawang ito ay makikita sa kalinawang 3-D ng isang stereoscope image sa isang simpleng larawan (tingnan ang image 2A).

Sa kaharian o mundo ng mga hayop, ang dalawang mata ay nagbibigay ng *stereopsis,* o tumpak na lalim ng pang-unawa, sa potensyal na masisila at ng kakayahang makilala ang mga pagkakaiba sa 3-D, sa gayo'y natutulungan itong "makita ang pagbabalatkayo ng [isang potensyal na maninila]."[6] (tingnan sa image 2B).

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaan sa mundo ng gayon ding proteksyon sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng kalinawan at banal na lalim ng pang-unawa sa espirituwal na binocular field, na nagtutulot sa atin na maiwasan ang pagbabalatkayo at mga panlilinlang ni Satanas. Buong katusuhan niyang pinasimulan ang pagkalito sa pamamagitan ng pagpapalabo sa kahulugan ng maraming talata sa Biblia. Inalis ng Aklat ni Mormon ang kanyang pagbabalatkayo gamit ang napakalinaw na pagpapatibay, "sa ikalilito ng mga maling doktrina" (2 Nephi 3:12) at sa "[pag]hahati-hati [ng] lahat ng katusuhan at mga patibong at panlilinlang ng diyablo" (Helaman 3:29).

Ibinahagi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ang nakapapanatag na pangakong ito sa Aklat ni Mormon: "May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magiging mas malakas kayo para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang *iwasan ang panlilinlang*. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas."[7]

## 3. Pagtingin sa Paligid ng mga Harang

Ang binocular vision ay tumutulong sa isang tao na makita ang iba pang bahagi, o ang kabuuan, ng isang bagay na nasa likod ng isang harang. Ang kapakinabangang ito ay



*3. Ang binocular vision ay tumutulong sa isang tao na makita ang iba pang bahagi, o ang kabuuan, ng isang bagay na nasa likod ng isang harang. Nakikita ba ninyo ang pagkakaiba?*

ipinaliwanag ni Leonardo da Vinci, na nakapansin na maaaring hindi makita ng kaliwang mata ang ilang bahagi o ang kabuuan ng isang bagay dahil sa nakaharang na patayong haligi ngunit maaari pa rin itong makita ng kanang mata[8] (tingnan sa image 3).

Ang espirituwal na halimbawa nito ay matatagpuan sa mga salita ng Tagapagligtas sa mga taga-Juda, "At mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor" (Juan 10:16).

Dahil hindi tinukoy ni Jesus kung sino ang ibang mga tupang iyon, hindi maintindihan ng mga Judio ang Kanyang pahayag. Gayunman, dahil sa *karagdagang pananaw* mula sa Aklat ni Mormon, nakita na ang mga nakatago: "At katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo yaong aking sinabi: Mayroon akong tupa na hindi sa kawang ito; sila ay dapat ko ring dalhin, at kanilang

diringgin ang aking tinig; ay magkakaroon ng isang kawan, at isang pastol" (3 Nephi 15:21). Ang resulta ay isang malinaw na field of vision na walang maling pagkaunawa sa ibig sabihin ng Tagapagligtas—wala nang mga *balakid* na ilusyon.

### 4. Ang mga Pakinabang ng Peripheral Vision ng Bawat Mata

"Ang peripheral vision ay bahagi ng paningin na nangyayari sa labas ng pinakasentro ng tingin."[9] Sa madaling salita, nakikita natin ang mga bagay sa field of vision na hindi naman talaga natin pinagtutuunan. May bahagi ang field of vision na iyon—na hindi na saklaw ng binocular field, o *stereoscopic* vision—na natatangi sa bawat mata (tingnan sa larawan 1).

Labis tayong nagpapasalamat para sa Biblia at sa katangi-tangi at kahanga-hangang naibibigay nito sa atin—higit sa lahat, ang kasaysayan ng buhay at ministeryo ni Jesucristo.

Lubos din tayong nagpapasalamat para sa Aklat ni Mormon at sa 20/20 na dalisay na pananaw na ibinigay nito sa atin, na naglilinaw sa doktrina ni Cristo at inihahayag ang Kanyang mga turo sa pamamagitan ng mga propeta sa sinaunang Amerika at ang Kanyang personal na pagdalaw at ministeryo sa mga Nephita.

Tulad ng dalawang mata na pinagpares ng Diyos, tinutulungan ng Biblia at ng Aklat ni Mormon ang isa't isa, na nagreresulta sa kagila-gilalas na binocular panorama, at gayundin ng mga tanawin na naiiba sa bawat isa.

### 5. Pag-aalis ng Ating Blind Spot

Lahat tayo ay may isang blind spot sa ating field of vision na medyo madaling matukoy. Hawakan nang tuwid ang nakaguhit na bilog at bituin (image 4) sa harapan ninyo na nakaunat ang mga braso. Ipikit ang inyong kaliwang mata at ituon ang inyong kanang mata nang direkta sa maliit na bilog. Titigan ang bilog gamit ang inyong kanang mata, at dahan-dahang ilapit sa inyo ang larawan. Kapag nakakalahati na kayo, mawawala ang bituin sa *peripheral* view.

Nagulat ba kayo? Hindi ba ninyo alam na mayroon kayong blind spot? Tulad ng pagtulong ng kabila mong mata na mawala ang blind spot na ito, gayon din ang tulong na nagagawa ng Aklat ni Mormon sa Biblia.

At tulad ng paglalaho ng bituin sa harapan ninyo mismo, hindi nakita ni Herodes ang bituin sa Betlehem at kinailangan niyang tanungin ang mga Pantas na Lalaki kung kailan "isinilang ang bituin" (Mateo 2:7). Ito ay nasa kanyang espirituwal na peripheral *blind spot*. Ang mga *naghahanap* lamang sa bituin ang nakapansin dito.

Marami ngayon, gaya ni Herodes, na tumatangging maghanap at makita ang mga bagay ng Espiritu. "Sa aba sa mga bulag na ayaw makakita" (2 Nephi 9:32). Kapalaluan ang nag-udyok sa mga Judio na "[hamakin] ang mga salita ng kalinawan, at . . . dumating [ang pagkabulag sa kanila] sa pamamagitan ng pagtingin nang lampas sa tanda" (Jacob 4:14).

Ang isa sa nakalulungkot na *mga pananaw* sa Aklat ni Mormon ay ang isang babala tungkol sa blind spot ng



*4. Pagpapamalas ng blind spot*

lahat ng tao na *kapalaluan,* "isang kasalanang madaling *makita* sa iba ngunit bihirang aminin sa ating sarili."[10] Para itong mabahong hininga—alam ng lahat pero hindi ng mayroon nito.

"Sa kapulungan sa langit bago tayo isinilang, kapalaluan ang nagpabagsak kay Lucifer."[11] Ang "kapalaluan ng . . . mga Nephita, . . . ang [n]agpatunay sa kanilang pagkalipol" (Moroni 8:27). Ang mga palalo ang masusunog na parang dayami kapag nilinis ng Diyos ng apoy ang lupa (tingnan sa Malakias 4:1; 3 Nephi 25:1).

Sa simula ng makipot at makitid na landas ay nakapaskil ang isang napipintong "babala": "MAG-INGAT sa kapalaluan, at baka kayo ay maging katulad ng mga Nephita noong sinauna" (D at T 38:39; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang malungkot na kabalintunaan ay na ang karatulang "MAG-INGAT" *mismo* ang karaniwang nasa blind spot ng mga palalo. Kaya nga, "Siya na [palalo] ay matuto ng kanurungan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba ng kanyang sarili at sa pagtawag sa Panginoon niyang Diyos,

upang ang kanyang mga mata ay mabuksan nang siya ay makakita" (D at T 136:32).

### 6. Ang Koneksyon ng Mata sa Utak

Ang equation na ito (tingnan sa image 5) ay mukhang tumpak, ngunit hindi lubos na tama. Ang sistema ng pagpoproseso ng mga imahe sa utak ang talagang nagsasabi sa atin kung ano ang nakikita ng ating mga mata. Ang utak ang lumilikha ng ating mga panaginip sa gabi at nagbibigay-kahulugan sa mga nakikita natin sa araw. Ang pagkakita ay hindi nangangahulugan ng paniniwala o pagtingin nang tama. Halimbawa, "Nguni't bagaman gumawa [si Jesus] sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya" (Juan 12:37). Hindi sapat ang mga mata lamang para maniwala o *tunay na makakita*.

Tulad ng pakikipagtulungan ng utak sa mga mata, nakikipagtulungan ang Espiritu sa mga banal na kasulatan, na tumutulong sa atin na makakita sa espirituwal. Hindi sapat ang magbasa lang ng mga banal na kasulatan para makakita sa espirituwal dahil "ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka't ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu" (I Mga Taga Corinto 2:14).

Upang maging isang espirituwal na mata ang Aklat ni Mormon, kailangan nating tanggapin at taos-pusong sundin ang paanyaya ni Moroni sa Moroni 10:3–5. Ito ay isang paanyayang may lakip na pangako na ang Diyos ay "*ipaaalam* ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (talata 4; idinagdag ang pagbibigay-diin).

### Patotoo at Pasasalamat

Upang maiwasan ang espirituwal na pagkabulag, itinaya ng mga anak ni Lehi ang kanilang buhay para matamo ang mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3–4). Kung wala ang mga lamina, sila "ay nanghina marahil sa kawalang-paniniwala" (Mosias 1:5). Ngayon, salamat sa limbagan at digital tools, may mas madali at mabilis na access na tayo sa mga banal na kasulatan. Gayunman, maliit na kaibhan kay Satanas kung ilayo man niya ang mga tao mula sa pagtatamo nito—na istratehiya niya noong Dark Ages—o tuksuhin niya ang mga tao na huwag itong basahin—na istratehiya niya sa mga huling araw. Alinman dito, ang kanyang "abu-abo ng kadiliman [ay matagumpay na] . . . *bumubulag* sa mga mata . . . ng mga anak ng tao . . . kaya sila nasasawi at naliligaw" (1 Nephi 12:17; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Gaya ng *araw-araw* na pampatak ko sa mata, tanging sa "*patuloy* na [paghawak] nang mahigpit sa gabay na bakal" (1 Nephi 8:30; idinagdag ang pagbibigay-diin) tayo makakaiwas na mabulag ng abu-abo sa mga huling araw na lubhang mapanlinlang at laganap. Kapag ang isang tao ay naging di-gaanong aktibo o tumalikod sa Simbahan, halos tiyak na tumigil na ang taong iyon sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon.

Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ay talagang isang kagila-gilalas na gawa at kamangha-mangha. Ito ay pangalawang *saksi* kay Jesucristo at sa Kanyang maluwalhating ebanghelyo, na nag-aalok ng lahat ng pakinabang ng pangalawang mata.

**mga mata = nakakakita ang mga ito**

*5.*

Nawa'y patuloy tayong humawak nang mahigpit sa gabay na bakal nang tayo man ay maging karapat-dapat sa papuri ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "Mapapalad ang inyong mga mata, sapagka't nangakakakita" (Mateo 13:16). ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mateo 9:27–31; 12:22–23; 15:30–31; 21:14; Marcos 8:22–26; 10:46–52; Lucas 7:21–22; Juan 9; 3 Nephi 17:7–9; 26:15.
2. Tingnan sa "Binocular Vision," Wikipedia, en.wikipedia.org.
3. Tingnan sa Randolph Blake at Robert Fox, "The Psychophysical Inquiry into Binocular Summation," *Perception & Psychophysics,* tomo 14 blg. 1 (1973), 161–68; tingnan din sa "Binocular vision."
4. Tingnan sa "Vergence," Wikipedia, en.wikipedia.org.
5. "Binocular Vision."
6. "Binocular Vision."
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Ezra Taft Benson* (2014), 164.
8. TIngnan sa "Binocular Vision."
9. "Peripheral Vision," Wikipedia, en.wikipedia.org.
10. *Mga Turo: Ezra Taft Benson,* 275; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. *Mga Turo: Ezra Taft Benson,* 271.

# PITONG MAGIGILIW NA Himala SA LANDAS

**Ni Ephrem Smith**

Habang nagtuturo at naglilingkod sa maraming mababait na tao sa Texas Fort Worth Mission, madalas kong pagnilayan ang pinagpala kong buhay. Namangha ako lalo na sa pito sa mga karanasan ko, na itinuturing kong mga himala.

Una, nakaraos ako sa mga unang taon ng buhay ko, na nagsimula sa napakaabang sitwasyon. Isinilang ako sa sahig na lupa sa kubo ng aking ina sa Dessie, Ethiopia. Si Inay lang ang kamag-anak na kilala ko, at itinayo niyang mag-isa ang aming walong-talampakan (2.4 m) na kubo na hugis-simboryo, gamit ang mga patpat at putik na tinakpan niya ng mga damo at dahon. Walang tubig na dumadaloy at walang mga banyo sa aming komunidad. Laganap ang sakit at kamatayan sa aming *kebele,* o komunidad. Mahirap humanap ng pagkain at imposible kaming makabili. Walang araw na hindi kami nagutom ni Inay.

Noong apat na taong gulang ako, nagkasakit nang malubha si Inay. Sa kaunting lakas na natira sa kanya, sinikap naming makarating sa isang ospital, kung saan namatay ang aking pinakamamahal at pagod na ina. Iniligtas ako ng mga kawani ng ospital mula sa paggala sa lansangan at pagkamatay sa gutom sa paglalagay sa akin sa isang bahay-ampunan sa lungsod ng Addis Ababa, ang kabisera ng Ethiopia.

Ang ikalawang himala ay nangyari nang lubhang magbago ang buhay ko. Sa bahay-ampunang iyon, nanirahan ako sa isang malinis na gusali, natulog sa totoong kama, at kumain ng lahat ng pagkaing gusto ko. Naranasan din ng iba pang mga ulila ang mawalan ng isang mahal sa buhay, at itinuro nila sa akin kung paano kayanin ang pagkawala ng aking ina. Gabi-gabi nagtipon kami para kumanta ng mga awitin sa Ingles at magdasal sa wikang Amharic, ang katutubo naming wika. Ipinagdasal namin ang isa't isa at hiniling sa Diyos na pagpalain kaming maampon ng "mabubuti, mababait, at mapagmahal na pamilya." Ang musika at mga panalangin ay kapwa malaki ang





*Pinagpala ng Panginoon ang buhay ko ng mga himala na nakatulong sa akin na sundan ang landas na inilaan Niya para sa akin.*

PAGLALARAWAN NI RED HANSEN

naging epekto sa buhay ko. Hindi ako huminto sa pagdarasal kailanman.

Ikatlo, ipinakilala ako sa mga missionary at sa Simbahan noong walong taong gulang ako. Inanyayahan ako sa paglalaan ng unang gusali ng Simbahang LDS sa Ethiopia noong araw ng Linggo, Nobyembre 30, 2003. Sa paglalaan nakadama ako ng napakalakas na impluwensya ng Banal na Espiritu, at nabanaag ko sa mga missionary na naroon ang kagalakan, kaligayahan, at ang malakas na impluwensya ring iyon. Naaalala ko na gusto kong maging katulad nila. Pero wala akong ideya kung paano ko makakamtan ang mithiing ito.

Ang ikaapat na himala ay sumunod kaagad. Isang pamilya sa Estados Unidos ang umampon sa akin. Sinundo ako ng bago kong ama sa bahay-ampunan at iniuwi ako. Sinimulan naming kilalanin ang isa't isa, at nanirahan na ako sa bago kong tahanan.

Agad lumitaw ang maraming pagsubok pagdating ko. Saanman ako magpunta pinagtatawanan ng mga tao ang pagsasalita ko ng Ingles. Ang limitadong kaalaman ko ay naging problema sa eskuwela. Humingi ako ng tulong sa panalangin, at pagkatapos ay lalo pa akong nagsikap at nag-aral para higit akong matuto, lalo na sa Ingles. Muling sinagot ng Ama sa Langit ang mga dalangin ko. Makalipas ang dalawang taon ipinagmamalaki kong nilaktawan ko ang isang grado.

Pagkatapos ay nagkaroon ng problema sa pamilya. Ang mga panalangin sa Panginoon, matatayog na mithiin para sa sarili, at matinding hangaring magtagumpay ang tumulong sa akin na malagpasan ang mahirap na panahong iyon. Sa huli, sa tulong ng isang social worker, nagkasundo kami ng aking ama na wakasan na ang pag-ampon sa akin. Panahon ito para manalangin, magtiis, manampalataya, at humingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Ako ay 15 taong gulang na noon, nanirahan ako sa isang pamilyang kumandili sa akin nang isang taon. Noon dumating ang ikalimang himala. Habang sakay ng sleigh kasama ang dalawang kaibigan, nakilala ko ang isang pamilyang LDS na may dalawang mababait na anak na babae. Habang papauwi, sinabi ng isa sa mga anak, "Palagay ko po nais ng Panginoon na ampunin natin si Ephrem Smith." Ang nakamamangha, gayon din ang natanggap na inspirasyon ng tatlo pang miyembro ng pamilya. Ang ama ay nagtatrabaho sa Department of Social Services, at hindi nagtagal ay lumipat ako sa bago kong tahanan. Sa simula pa lamang binigyan na ako ng kalayaan ng aking bago at kahanga-hangang ama. Halimbawa, ipinaliwanag niya na nagsisimba ang pamilya nila tuwing Linggo. Hinayaan niya akong magpasiya kung sasama ako sa kanila o mananatili ako sa bahay; sabi niya mamahalin pa rin nila ako kahit ipasiya kong hindi magsimba. Ipinasiya kong magsimba, at simula noon ay marami na akong nagawang mabubuting desisyon.

Ang ikaanim na himala ay nangyari nang magkaroon ako ng patotoo sa ebanghelyo. Isang araw ng Linggo naupo ako sa sacrament meeting at kumanta ng "Ako ay Namangha" (*Mga Himno,* blg. 115). Nagsimulang pumatak ang malalaking luha sa aking mga pisngi nang makatanggap ako ng personal na patotoo na si Jesus ang Cristo at na ang Simbahan ay Kanyang Simbahan.

Sa wakas, pagkaraan ng siyam na taon, nalaman ko kung paano maging katulad ng mga missionary na iyon! Ang edad para magmisyon ay 18 na, at hindi pa naaayos ang pag-ampon sa akin. Naghintay pa ako nang pitong mahahabang buwan hanggang sa maayos ang pag-ampon sa akin. Sa wakas, maipapasa na ang mga papeles ko para sa misyon. Pagkaraan ng apat na araw natanggap ko ang mission call ko. Sa loob lamang ng isang linggo pinagpala ako ng Panginoon na maayos ang mga papeles sa pag-ampon sa akin at dumating ang mission call ko. Napakahalaga sa akin ng dalawang papeles na ito! Ang mga ito ang ikapito kong himala! Oo, totoong maraming himalang nangyari mula sa kubong yari sa putik sa Ethiopia hangang sa napakahalaga kong pagmimisyon. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.*

BAHAGI 2

## COME, FOLLOW ME [PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN]:

# Pagtuturo ng mga Pangunahing Alituntunin sa Tahanan

Sa pagtulad sa halimbawa ng mga miyembrong ito, maituturo din ninyo ang mga alituntunin sa kurikulum ng mga kabataan sa inyong tahanan.

**Nina Alicia Stanton at Natalie Campbell**

Tulad ng paulit-ulit na itinuro ng mga propeta, "Ang tagumpay ng bawat isa sa atin at ng buong Simbahan ay nakabatay sa kung gaano tayo katapat na nakatuon sa pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan."[1]

Ang pamumuhay sa ebanghelyo ang pinakamagandang paraan para matutuhan at maituro ang ebanghelyo. Kapag ipinamuhay natin ang mga alituntuning ito ng doktrina, mas mapapalapit tayo at ang ating pamilya sa Espiritu. Sa tulong ng Espiritu, matututuhan at maituturo nating mabuti ang mga alituntuning ito. Papatnubayan tayo sa pinakamabibisang paraan ng pag-aaral para sa ating mga pangangailangan at sitwasyon at, kasama ang ating pamilya, mas mapapalapit tayo sa Tagapagligtas.







# HULYO:

## Mga Ordenansa at Tipan

Ang mga ordenansa ng priesthood at mga sagradong tipan—mga pangakong ginagawa natin sa Ama sa Langit—ay naghahatid ng malalaking pagpapala sa ating buhay. Ang isang paraan para maunawaan ang layunin ng mga ordenansa ay isipin ang mga ito bilang mahahalagang hakbang sa landas pabalik sa piling ng Ama sa Langit—ang buhay na walang hanggan. Nananatili tayo sa landas na iyan sa pamamagitan ng pagtupad ng mga tipang nagawa natin.

Halimbawa, inilarawan ng isang dalagita kung paano siya nananatili sa landas ng tipan: "Minsan may kaklase ako na humingi ng tulong sa akin. Hindi ko ito gaanong pinag-isipan, basta tinulungan ko lang siya. Pero pagkatapos niyon, ipinaalala sa akin ng Espiritu na sa pagtulong sa mga pasanin niya, tinupad ko ang mga tipang ginawa ko noong mabinyagan ako (tingnan sa Mosias 18:8–10). Nagpapasalamat ako sa mga pagkakataong ibinibigay sa akin ng Ama sa Langit araw-araw na magpasiyang tumahak sa landas ng tipan."

Bilang pamilya, maaari ninyong matukoy ang mga ordenansang kailangan pang matanggap ng bawat miyembro at saka ninyo suriin kung gaano kahusay ninyong natutupad ang mga tipang nagawa ninyo. Halimbawa, ano ang ipinapakita ng paghahanda ninyo sa pagtanggap ng ordenansa ng sakramento kada linggo tungkol sa katapatan ninyo sa inyong mga tipan? Matuturuan kayo ng Espiritu Santo na mas matupad pa ang inyong mga tipan.



ITAAS: PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

# AGOSTO:


## Pag-aasawa at Pamilya

Ang pag-aasawa at pamilya ay mahalaga sa ating kaligayahan at sa plano ng Ama sa Langit para sa ating kaligtasan. Ang pamilya ang pangunahing organisasyon sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Ang pagtuturo sa inyong mga anak tungkol sa pag-aasawa at pamilya ay kasindali ng pagbabahagi ng personal na karanasan. Ibinahagi ng isang dalaga kung paano niya napahalagahan ang kanyang pagbubuklod sa templo:

"Naaalala ko na nakaupo akong mag-isa sa silid-selestiyal sa templo. Nag-aalala ako noon, na hindi alam kung mabubuklod ako sa templo sa araw na iyon dahil sa isang di-pagkakaintindihan tungkol sa mga recommend na kailangan ng nobyo ko.

"Nagsimula akong magdasal nang taimtim na tulutan kami ng Panginoon na mabuklod sa Kanyang templo sa araw na iyon. Nang gawin ko ito, may pumasok sa isip ko: Bagama't nag-iisa ka sa silid-selestiyal, ang kahariang selestiyal ay selestiyal dahil hindi ka mag-iisa. Makakasama mo ang iyong walang-hanggang pamilya at ang iyong pamilya sa langit. Kaya ka ibubuklod.



"Makalipas ang apatnapung minuto at ilang pagtawag sa telepono, nabuklod kaming mag-asawa. Napuspos ako ng pasasalamat at kapanatagan. Ang ordenansa ay naging mas makahulugan sa akin dahil bubuo kami ng selestiyal na buhay sa piling ng Diyos kung saan hindi kami mag-iisa kailanman."

Anong mga karanasaan ang naituro ninyo tungkol sa tungkulin ng pag-aasawa at pamilya sa plano ng Ama sa Langit? Matutulungan kayo ng Espiritu Santo na maalala at maibahagi ang mga angkop na karanasan. Anuman ang sitwasyon ng inyong pamilya, matuturuan kayo ng Espiritu Santo kung paano iangkop ang mga alituntunin ng pag-aasawa at pamilya sa inyong buhay.




# SETYEMBRE:

## Mga Kautusan

Ang mga kautusan ay mga batas at mga bagay na kinakailangang sundin na ibinigay ng isang mapagmahal na Ama sa Langit upang pagpalain ang ating buhay.

Ang isang napakabisang paraan para mapag-aralan ito ay saliksikin ang mga banal na kasulatan upang malaman ang mga pagpapalang nagmumula sa pagsunod, tulad ng ginawa ng young adult na ito:

"Kapag pinag-aaralan ko ang isang kautusan, gusto kong basahin ang lahat ng talatang makita ko tungkol dito at inililista ko ang mga pagpapalang ipinangako ng Ama sa Langit kapag sumunod ako. Ang malaman ang iba pa tungkol sa ipinangakong mga pagpapala ay nagpalakas sa aking patotoo na mahal ako ng Ama sa Langit at nais Niya akong pagpalain."

Para matuto o magturo tungkol sa mga kautusan, maaari ninyong basahin sa inyong mga anak ang lesson 4 sa kabanata 3 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* pag-aralan ang mga kaukulang talata, at gumawa ng sarili ninyong listahan ng ipinangakong mga pagpapala. Magagamit ninyo ang paraang ito para malaman ang mga pagpapalang may kaugnayan sa alinman sa mga alituntunin ng ebanghelyo.



# OKTUBRE:

## Pagiging Higit na Katulad ni Cristo

Sa panahon ng ministeryo ni Cristo, iniutos Niya sa atin, "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal" (Mateo 5:48). Nagsisikap tayong maging perpekto kapag sinikap nating magkaroon ng maraming katangian ni Cristo nang paisa-isa at sinikap nating mapagbuti pa ito sa tulong Niya. Isang binatilyo ang nagsimulang magsikap na magkaroon ng kasigasigan.

"Gusto kong magkaroon ng mga katangian ni Cristo, kaya pinag-aralan ko ang mga banal na kasulatan at *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*. Sa kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* nabasa ko roon ang mga paraan sa pagtataglay ng mga katangiang tulad ng kay Cristo at ipinasiya kong subukan ito sa katangiang kasigasigan. Una isinulat ko ang sarili kong kahulugan ng kasigasigan at ang mga tanong ko tungkol dito. Pagkatapos ay binasa ko ang iminungkahing mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa kasigasigan at isinulat ko ang mga impresyon at sagot na nahanap ko sa pagbabasa ko. Pagkatapos niyon nagtakda ako ng mithiin na maging mas masigasig sa mga gawain ko sa paaralan at nadama ko na lalo akong nahihikayat at tumatatag kapag nagdarasal ako tuwing gabi para lalong maging masigasig."

Sa pagsisikap ninyong magkaroon ng mga katangian ni Cristo at ituro ito sa inyong mga anak, matutulungan kayo ng resources ng Simbahan kung saan magsisimula. Sa mga banal na kasulatan palaging makikita ang mga halimbawa ni Cristo, at ang sangguniang tulad ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ay nag-aalok ng mga paraan na tutulong sa atin na magkaroon ng mga kagawian sa pag-aaral at pagtatakda ng mga mithiin. Kapag sabay itong ginamit, ang mga banal na kasulatan at iba pang mga sanggunian ay matutulungan tayong ipamuhay ang natututuhan natin upang maging higit na katulad tayo ni Cristo.





# NOBYEMBRE:

## Pag-asa sa Sarili sa Espirituwal at Temporal



Ang ibig sabihin ng pag-asa sa sarili ay paggamit sa ating kalayaang itaguyod ang ating sarili at ating pamilya at paggawa ng lahat para malutas ang sarili nating mga problema. Kapag higit tayong umasa sa sarili, madaragdagan ang kakayahan nating maglingkod sa ating tahanan, Simbahan, at komunidad.

Ang isa sa pinakamahuhusay na paraan para maituro ang mga konseptong ito ay sa pagpapakita ng mabuting halimbawa, gaya ng inilarawan ng miyembrong ito:

"Naaalala ko na gumigising nang maaga ang nanay ko araw-araw para mag-aral ng mga banal na kasulatan. Nakita ko kung paano siya nagkaroon ng espirituwal na lakas na nakatulong sa kanya sa mahihirap na panahon. Umaasa siya na susuportahan siya ng sarili niyang ugnayan sa Ama sa Langit. Bukod pa sa kanyang espirituwal na lakas, humanga ako sa kanyang kakayahang pangalagaan ang aming pamilya. Nakita ko siyang mag-budget, magsakripisyo ng sarili niyang gusto, mag-aral, at magpakita ng matinding pagpapakumbaba sa mga paraan na nagbigay sa kanya ng kakayahang tugunan ang mga pangangailangang pinansyal ng aming pamilya at makasama pa rin ng kanyang mga anak sa bahay pagkatapos ng klase. Gusto kong maging matatag na kagaya niya, at labis akong nagpapasalamat sa kanyang halimbawa na nagturo sa akin kung paano ito makamit."

Paano kayo magiging mas mabuting halimbawa ng masinop na pamumuhay sa inyong mga anak? Kung wala pa kayong gaanong alam tungkol sa ilang aspeto ng pag-asa sa sarili, maaari ninyong anyayahan ang inyong mga anak na magkasama ninyong pag-aralan ito, at iyan mismo ay magiging isang magandang halimbawa.



DETALYE MULA SA *NAPAGALING ANG BABAE*, NI J. KIRK RICHARDS

# DISYEMBRE:

## Pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa mga Huling Araw

"Sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito?" (Esther 4:14). Maaari ninyong itanong ito sa inyong sarili at sa inyong mga anak kapag natuklasan ninyo ang inyong mga responsibilidad sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Ang miyembrong ito ay natutong magtiwala sa Panginoon: "Naaalala ko na tinuruan ako ng aking mga magulang mula pa sa pagkabata na palagi naming tanggapin ang mga calling dahil bigay ito ng Panginoon. Noong nasa kolehiyo ako natawag ako bilang Relief Society president. Nabahala ako, pero hindi ko naisip na humindi. Kaya sinimulan ko ang taon na may mahigit 100 kababaihang pangangalagaan, kakaunti ang karanasan, at sumasampalataya na tutulungan ako ng Panginoon. Pagkaraan ng isang taon na-release ako. Kapag naaalala ko ang mga sandali ng mga paghahayag na alam ko mismo ang lesson na ituturo o komentong ibabahagi, o ang maraming beses na ipinagluto ako ng isang tao dahil wala na akong oras na magluto, o ang maraming nakasisiglang mensaheng natanggap ko, sigurado ko na dinagdagan ng Panginoon ang aking mga pagsisikap sa pagtatayo ng kaharian."

Habang iniisip ninyo at ng inyong mga anak ang mga paraan para maitayo ang kaharian ng Diyos, alalahaning palakasin ang kanilang loob at bigyan sila ng mga pagkakataong maglingkod. Maaari ninyong talakayin ang mga paraan para makapaglingkod sa iba sa mga tungkuling hawak ninyo. Ano ang iba pang mga paraan na makakatulong kayo sa pagsulong ng gawain? Saanman kayo maglingkod, mahalaga ang mga pagsisikap ninyo. Tulad ng sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Magbuhat [kayo] kung saan [kayo] nakatayo."[2] ■

*Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



MGA TALA

1. Spencer W. Kimball, "Living the Gospel in the Home," *Ensign,* Mayo 1978, 101; tingnan din sa L. Tom Perry, "Pagkadisipulo," *Liahona,* Ene. 2001, 72.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Magbuhat Kung Saan Kayo Nakatayo," *Liahona,* Nob. 2008, 56.

*Ang bahagi 1 ng artikulong ito ay inilathala sa Enero 2016* Liahona.

# ANO ANG ALAM NATIN TUNGKOL SA Kabilang Buhay?



**Ni David A. Edwards**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa lahat ng panahon, napakaraming tao nang nagtanong na gaya ni Job: "Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?" (Job 14:14). Ang pagsagot ng "Oo!" sa tanong na iyan ay malaking pribilehiyo ng mga taong may patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli.

Gayunman marami sa paligid natin ang pumapanaw sa buhay na ito nang "walang Dios sa sanglibutan" (Mga Taga Efeso 2:12) at kailangang hanapin ang iba't ibang katotohanan at paniniwala tungkol sa kamatayan. Ang isa ay ang katibayang nakikita mismo ng kanilang mga mata, o ang "malungkot na katotohanan" na ang kamatayan ay tiyak na mangyayari sa lahat—wala silang nakitang patay na nagbalik sa mundo. At nariyan ang maraming ulat tungkol sa mga karanasan ng mga taong pansamantalang namatay, na kapansin-pansin ang pagkakatulad sa mga sinasabi nila. At nariyan pa ang katotohanan na ang mga kultura ng tao sa iba't ibang panig ng mundo ay may konsepto noon pa man tungkol sa kabilang-buhay, na isa pang katibayang nangangailangan ng paliwanag.

Ngunit ang katiyakan na hindi nagwawakas ang ating buhay sa kamatayan ay mula sa Diyos, na inihayag ito sa simula pa lamang sa pamamagitan ng napakaraming saksi, kabilang na ang mga propeta, apostol, at higit sa lahat, ang Espiritu Santo.



BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK

*"Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya?" Oo! Pero ano ang mangyayari pagkatapos?*

## Sa Simula pa Lamang

Ang plano ng kaligtasan ay unang itinuro sa daigdig na ito kina Adan at Eva, ang una nating mga magulang. Natutuhan nila ang ebanghelyo ni Jesucristo at kung paano makabalik sa piling ng Ama sa Langit—at naunawaan nila na ang *pagbalik* ay nangangahulugan na nakapiling natin Siya noon. Kaya, sa simula pa lamang, alam na alam na nina Adan at Eva na ang buhay na ito ay hindi nagwawakas dito. Alam nila—at itinuro nila sa kanilang mga anak—na dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, sila ay mabubuhay na mag-uli pagkatapos ng buhay na ito at, kung sila ay masunurin, tatanggap sila ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 5:10–12).

Sinasabi sa mga teoriya ng mundo na ang paniniwala sa kabilang-buhay ay bunga lamang ng pangangailangang sikolohikal. Ngunit ang laganap na ideya tungkol sa kabilang-buhay ay binubuo ng ilang alaala ng mga ninuno o pinagsama-samang alaala (kung hindi man alaala sa premortal na buhay) tungkol sa inihayag sa simula at pagkatapos ay ipinasa-pasa sa bawat henerasyon. Ang sinabing minsan ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) tungkol sa ilang karaniwang gawaing pang-relihiyon ay angkop din sa mga karaniwang paniniwala gaya ng kabilang buhay: "Walang alinlangan na ang kaalaman tungkol [dito] . . . ay dinala ng mga inapo ni Adan sa lahat ng lupain, at nagpatuloy . . . sa pamamagitan ni Noe . . . hanggang sa mga taong sumunod sa kanya, ipinalaganap sa lahat ng bansa at bayan" ("Discourse," *Deseret News,* Peb. 19, 1873, 36).

Kaya, ang ideya tungkol sa kabilang buhay ay laganap sa buong mundo dahil ang pinagmulan nito ay kasabay ng pinagmulan ng sangkatauhan.

## Malilinaw at Mahahalagang Katotohanan

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, mabibigyan natin ng pag-asa yaong mga nabubuhay sa mundo nang walang Diyos sa pagbabahagi ng ating patotoo sa katotohanan tungkol sa ating buhay: hindi sa kamatayan nagwawakas ang lahat. Bukod pa riyan, masasagot natin ang maraming tanong tungkol sa kabilang buhay dahil sa malilinaw at mahahalagang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo na naihayag. Narito ang maiikling sagot sa ilang tanong tungkol sa kabilang buhay.



***Ano ang mangyayari sa atin pagkamatay natin?***

Kapag namatay tayo, ang ating espiritu ay hihiwalay sa ating katawan at pagkatapos ay papasok sa daigdig ng mga espiritu (tingnan sa Santiago 2:26; Alma 40:11).

***Ano ang anyo ng ating espiritu?***

Ang ating espiritu ay tulad noong nasa premortal na buhay: mga katawang-tao sa isang perpektong anyo na sapat ang gulang (tingnan sa Eter 3:16; *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1998], 158–59). Kapag namatay tayo, tataglayin ng ating espiritu ang mismong pag-uugali, hilig, at hangaring taglay natin sa lupa nang mamatay tayo (tingnan sa Alma 34:34).

***Ano ang espiritu?***

Ang espiritu ay isang uri ng materya [matter], kaya lamang ay "mas pino o dalisay" (D at T 131:7).

***Ano ang kalagayan sa daigdig ng mga espiritu?***

May dalawang pangunahing kalagayan o dibisyon ang mga espiritung nasa daigdig ng mga espiritu: paraiso at bilangguan ng mga espiritu. Ang mabubuting espiritu ay pupunta sa paraiso, na "isang kalagayan ng pamamahinga, isang kalagayan ng kapayapaan, kung saan sila ay mamamahinga mula sa kanilang mga suliranin at sa lahat ng alalahanin at kalungkutan" (Alma 40:12). Ang espiritu ng mga taong hindi pa nakatanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo ay sinasabing nasa bilangguan ng mga espiritu (tingnan sa I Ni Pedro 3:18–20). Maaari pa rin nilang piliin ang mabuti o masama at tanggapin o tanggihan ang ebanghelyo. Ang mga espiritung nasa paraiso ay maaaring ipangaral ang ebanghelyo sa kanila (tingnan sa D at T 138). Yaong mga tao na ang espiritu at katawan ay matagal nang nakahiwalay ay itinuturing itong "isang pagkaalipin" (D at T 45:17; 138:50).

***Ano ang langit?***

Nauunawaan ng lahat na ang langit ang lugar kung saan nananahan ang Diyos at kung saan mananahan kalaunan ang mabubuting tao. Dahil dito, naiiba ito sa paraiso ng daigdig ng mga espiritu.

***Ano ang impiyerno?***

Sa mga banal na kasulatan, ang *impiyerno* ay maaaring tumukoy sa isa sa dalawang bagay: (1) "pansamantala itong tirahan sa daigdig ng mga espiritu para sa mga yaong hindi masunurin sa buhay na ito" o (2) "palagian itong kalalagyan ng mga yaong hindi natubos ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Impiyerno," scriptures.lds.org). Sa pangkalahatan, ito ang espirituwal na kalagayang daranasin ng mga taong tumanggi sa ebanghelyo. Itinuro ni Joseph Smith: "Ang malaking kalungkutan ng mga namatay . . . ay ang malaman na bigo silang makamtan ang kaluwalhatiang tinatamasa ng iba na sana'y tinatamasa rin nila, at sila mismo ang nagsakdal sa kanilang sarili" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 261).

***Ano ang pagkabuhay na mag-uli?***

Ang pagkabuhay na mag-uli ay ang muling pagsasama ng espiritu at katawan na perpekto at imortal (tingnan sa Alma 11:43).

***Sino ang mabubuhay na mag-uli?***

Lahat ng taong nabuhay sa mundo ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22; Alma 11:44).

***Kailan tayo mabubuhay na mag-uli?***

Ang mga tao ay mabubuhay na mag-uli sa iba't ibang panahon. Ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang nagpasimula ng Unang Pagkabuhay na Mag-uli, o pagkabuhay na mag-uli ng mabubuti. Ilang mabubuting tao na ang nabuhay na mag-uli simula nang panahong iyon. Pagkatapos ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, marami pang mabubuting tao ang mabubuhay na mag-uli. Sa panahon

LARAWANG KUHA SA LABAS NG NEWPORT BEACH CALIFORNIA TEMPLE



ng Milenyo, mabubuhay na mag-uli ang iba pang mabubuting tao. Pagkatapos ng Milenyo, mabubuhay na mag-uli ang masasama. (Tingnan sa D at T 76:32–112; 88:97–101.)

***Ano ang hitsura ng mga katawang nabuhay na mag-uli?***

Ang mga katawang nabuhay na mag-uli ay may laman at buto (tingnan sa Lucas 24:39), imortal (tingnan sa Alma 11:45), perpekto (tingnan sa Alma 11:43), maluwalhati, at maganda. "Wala nang mas maganda pang masdan kaysa sa isang lalaki o babaeng nabuhay na mag-uli" (Pangulong Lorenzo Snow [1814–1901], *The Teachings of Lorenzo Snow,* ed. Clyde J. Williams [1996], 99).

***Ano ang mangyayari kapag tayo ay nabuhay na mag-uli?***

Kapag nabuhay na mag-uli ang lahat ng tao at natapos na ang Milenyo, ihaharap tayo sa Diyos upang hatulan alinsunod sa ating mga salita, gawa, iniisip, at hangarin (tingnan sa Apocalipsis 20:12; Alma 12:14; D at T 137:9). Si Jesucristo ang magiging Hukom natin (tingnan sa Juan 5:22, 27–29; Mga Taga Roma 14:10).

***Ano ang mangyayari pagkatapos ng Huling Paghuhukom?***

Pagkatapos ng Huling Paghuhukom, tatanggap tayo ng isa sa sumusunod na mga walang-hanggang gantimpala:

*Kahariang selestiyal:* ang tahanan ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng lahat ng naging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng lahat ng tipan ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 76:50–70).

*Kahariang terestriyal:* ang tahanan ng mabubuting tao na hindi tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo ngunit tinanggap ito sa daigdig ng mga espiritu o hindi naging matatag ang patotoo kay Jesucristo sa buhay na ito (tingnan sa D at T 76:71–80).

*Kahariang telestiyal:* ang tahanan ng masasama at hindi tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo, na nabuhay na mag-uli pagkatapos ng Milenyo (tingnan sa D at T 76:81–89).

*Walang-katapusang kaparusahan:* ang huling hantungan ng mga anak ng kapahamakan, maging ng diyablo at ng kanyang mga anghel (tingnan sa D at T 76:31–49).

***Ano ang gagawin ng mga tao sa kahariang selestiyal?***


Yaong mga magmamana ng pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal ay dadakilain, ibig sabihin sila ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, magiging katulad ng ating Ama sa Langit, at tatanggap ng lahat ng mayroon ang Ama. Ang ibig sabihin ng maging katulad ng Ama sa Langit ay magtamo ng Kanyang mga katangian ng kasakdalan, kabilang na ang pagmamahal at paglilingkod.[1] Ang ibig ding sabihin nito ay makibahagi sa Kanyang gawain at kaluwalhatian, ang "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Kabilang sa kadakilaan ang pagbubuklod ng mag-asawa para sa kawalang-hanggan, pamumuhay sa piling ng walang-hanggang pamilya, at pagkakaroon ng mga walang-hanggang espiritung anak. (Tingnan sa D at T 76:59, 62; 130:2; 132:19–23.)

***Ano ang gagawin ng mga tao sa iba pang mga kaharian?***

Yaong nasa ibang mga kaharian ay magiging mga anghel, na "mga tagapaglingkod, na maglilingkod sa yaong mga karapat-dapat ng isang mas higit, at labis, at walang hanggang bigat ng kaluwalhatian" (D at T 132:16). Hindi sila makakasal o magkakaroon ng mga espiritung anak (tingnan sa D at T 131:1–4; 132:16–17). ■

**TALA**

1. "Ang paglilingkod ay hindi isang bagay na tinitiis natin dito sa lupa para makamtan ang karapatang manirahan sa kahariang selestiyal. Paglilingkod ang pinakadiwa ng buhay na pinadakila sa kahariang selestiyal." (Pangulong Marion G. Romney [1897–1988], Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "The Celestial Nature of Self-Reliance," *Ensign,* Nob. 1982, 93).



*Nagagalak tayo sa patuloy na pagsisikap na magkaroon ng pagbabago ng puso nang tanggapin natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay.*

# PAGKAKAROON ng Pagbabago ng Puso



**Ni Elder Edward Dube**
Ng Pitumpu



Si Rosemary, ang aming panganay na anak, ay isang maganda at bagong-silang na sanggol nang bumisita sa amin ang nanay ko mula sa kanyang nayon sa central Zimbabwe. Dahil wala pa kaming gaanong karanasan bilang mga magulang, labis kaming natuwa ng asawa kong si Naume sa pagbisita ng aking ina. Gusto naming matutuhan ang lahat ng kailangan naming malaman tungkol sa pagpapalaki ng anak.

Pagdating niya, inilabas ng nanay ko ang isang bilog na telang kuwintas. Ang nakabalot sa tela, paliwanag niya, ay isang anting-anting. Iniabot niya ang kuwintas kay Naume para isuot ito sa leeg ni Rosemary. Sa nakitang pag-aatubili ni Naume, agad sinabi ng aking ina: "Bata pa ako ay ibinigay na sa akin ng nanay at lola ko ang anting-anting na ito, na nagprotekta sa akin at sa lahat ng anak ko, pati na sa asawa mo. Poprotektahan ng anting-anting na ito ang inyong anak mula sa mga sakit at lahat ng uri ng karamdamang maaaring dumapo sa kanya, at makakayanan niya ang anumang mahihirap na sitwasyon sa buhay. Kailangan niyang isuot ito hanggang sa mag-5 taong gulang siya."

Noon ay naglilingkod ako bilang branch president, at agad kong naisip, "Ano ang iisipin ng mga miyembro ng aming branch kapag nakita nila ang 'anting-anting' na kuwintas na suot ng aming anak?" Pagkatapos ay naisip ko, "Siguro tatakpan na lang namin ito para hindi makita." Tiningnan ko si Naume; nakita ko sa ekspresyon ng kanyang mukha na hindi namin dapat tanggapin ang regalong iyon. Itinanong ko kay Inay kung makakagawa siya ng isang maliit at manipis na kuwintas, na di-gaanong makikita. Sumagot siya na hindi ito posible, at na ang anting-anting ay mas magkakabisa sa disenyong inihanda niya para dito.

Muli, tiningnan ako ni Naume na malinaw na nagsasabing ayaw niya. Bumaling ako kay Inay at ipinaliwanag na bilang branch president sa aming lokal na kongregasyon, hindi ako magiging komportableng ipasuot ang kuwintas sa aming anak. Isang babala ang isinagot ni Inay sa akin: sinabi niya sa amin na kung wala ang kuwintas ay mamamatay ang aming anak.

**Isang Sandali ng Pagkatakot**

Ilang linggo matapos ang pangyayaring iyon, ang aming munting si Rosemary ay nagkasakit nang malubha. Wala kaming pera para dalhin siya sa doktor. Gabi noon, at sa sandaling iyon ay naisip ko ang babala ni Inay. Naisip ko na sana'y tinanggap ko ang kuwintas. Kinuha ko sana iyon at isinuot sa leeg ni Rosemary. Sa sandaling ito ng pag-aalala, nakarinig ako ng marahan at banayad na tinig na humihikayat sa akin na manampalataya sa Panginoong Jesucristo. Agad akong nagsuot ng damit-pangsimba. Kinarga ko ang aming anak at binigyan siya ng basbas ng priesthood. Nakadama ako kapayapaan at kapanatagan, at alam kong nadama rin iyon ng asawa ko. Halos agad na payapang nakatulog si Naume at ang munting si Rosemary. Gumaling ang anak naming si Rosemary. Sa sumunod na mga araw, unti-unti siyang gumaling at muling lumakas. Kaylaki ng himalang nasaksihan namin! Ang Panginoon sa Kanyang magiliw na awa ay tinulungan ako at pinalakas ang aking pananampalataya sa Kanya.

Nagpasalamat ako pero medyo nahiya rin ako. Dahil heto ako, isang returned missionary na naglilingkod bilang branch president, pero mas inalala ko ang sasabihin ng mga tao kaysa maniwala sa Diyos (tingnan sa Mosias 4:9). Oo, maging ang aking ina, na minamahal at pinahahalagahan ko nang husto, ay hindi mauunawaan ang lahat ng bagay. Kailangan akong maging higit pa sa isang returned missionary; higit pa sa isang branch president; kailangan kong magbago: maranasan ang naranasan ni Alma.

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT HUNT; FABRIC DETAIL © ISTOCK/THINKSTOCK

### Isang Sandali ng Malaking Pagbabago

Si Alma, na saserdote ng masamang si Haring Noe, ay malamang na sinuring mabuti ang kanyang sarili nang itanong ni Abinadi ang mapanuring tanong na ito: "Hindi ninyo ginamit ang inyong mga puso sa pang-unawa; samakatwid, hindi kayo naging matalino. Kung gayon, ano ang itinuturo ninyo sa mga taong ito?" (Mosias 12:27). Tulad ni Alma, kinakailangan ko ang isang "malaking pagbabago . . . sa [aking] puso" (Alma 5:12).

Bilang isang saserdote sa kaharian ni Haring Noe, sanay si Alma sa marangyang buhay. Nabubuhay siya sa pamamagitan ng buwis ng mga tao. Siya ay makapangyarihan at tanyag. Isa siya sa mga yaong "iniangat sa kapalaluan ng kanilang mga puso" (Mosias 11:5). Ngunit nang malaman ni Alma ang tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas sa mundo—tungkol sa Kanyang mga turo, pagdurusa, kamatayan, at Pagkabuhay na Mag-uli at na si Jesucristo "ang ilaw at ang buhay ng daigdig; oo, isang ilaw na walang hanggan, na hindi maaaring magdilim; oo, at isang buhay rin na walang hanggan, na hindi na maaaring magkaroon pa ng kamatayan" (Mosias 16:9)—handa na siyang magbago. Handa na rin siyang mamatay kung kailangan.


Naliligiran ng oposisyon at nagbabantang mga panganib, buong tapang na nagsumamo si Alma kay Haring Noe na paalisin nang mapayapa si Abinadi. Ang ginawa ni Alma ay nagmula sa kanyang puso; nadama niya ang pagmamahal ng Tagapagligtas na ipinadama sa kanya sa pamamagitan ng propeta ng Panginoon na si Abinadi.

Nang ipinasusuot ni Inay ang kuwintas na pangontra sa leeg ng aking anak, nag-alala ako sa sasabihin ng ibang tao. Nag-alala ako sa iisipin sa akin ng mga miyembro ng branch namin. Malinaw na hindi ko pa lubusang naranasan ang "malaking pagbabago ng puso." Naunawaan ko na mula noon na ang ating tagumpay at kaligayahan ay batay sa kung gaano natin lubos na tinatanggap ang ebanghelyo sa ating puso. Upang madama natin ang tunay na kaligayahan, kagalakan at kapayapaan, "ang dalisay na ebanghelyo ni Jesucristo ay kinakailangang tumimo sa [ating] puso . . . sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."[1]

### Isang Pagkakataong Magpatotoo

Sa ganitong uri ng pagbabago, na tinutularan ang Tagapagligtas sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar, matutulungan natin ang iba. Si Alma ay naging mahusay na missionary, nakatulong sa marami at itinatag ang Simbahan ni Cristo sa kanyang mga tao na tumakas mula kay Haring Noe.

Napansin ba ninyo ang nasayang na pagkakataon na maibahagi ko ang ebanghelyo sa aking ina nang ibigay niya sa amin ang kuwintas na iyon, na pinaniniwalaan niyang nagprotekta sa kanya at sa kanyang mga anak sa tuwina? Naging kasangkapan sana ako sa mga kamay ng Panginoon—tulad ni Alma—na ipinangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo at "pinagbago niya ang kanilang mga puso; oo, sila ay ginising niya mula sa mahimbing na pagkakatulog, at sila ay nagising sa Diyos" (Alma 5:7).



*Kinarga ko ang aming anak at binigyan siya ng basbas ng priesthood.*



**PATULOY NA PAGBABALIK-LOOB**

"Kailangang patuloy tayong magbalik-loob sa pamamagitan ng pagpapaibayo ng ating pananampalataya kay Jesucristo at katapatan sa Kanyang ebanghelyo habang tayo'y nabubuhay—hindi lang minsan, kundi palagi."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Manatili sa Bangka at Kumapit nang Mahigpit!" *Liahona,* Nob. 2014, 90.**



*Buong tapang na nagsumamo si Alma kay Haring Noe na paalisin nang mapayapa si Abinadi.*

DETALYE MULA SA *NAGPATOTOO NA SI ABINADI,* NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Nang pagnilayan ko ang pagkakataong iyon kasama si Inay, inisip ko kung ano kaya ang nangyari kung tinularan ko ang tugon ni Alma. Maaaring nagising sa Diyos si Inay, at nagkaroon sana ng magandang epekto ang kanyang pagbabago sa aking mga kapatid. Nagkaroon sana ng malaking epekto ang pagbabagong ito sa buhay ng mga anak ng aking mga kapatid at hanggang sa kanilang mga inapo.

Ang malaking pagbabago ni Alma ay hindi lamang nadama ng mga taong tinuruan at binahaginan niya ng kanyang patotoo kundi pati na rin ng kanyang mga anak at inapo. Ipinaalala sa kanila ng kanyang anak na si Alma, nang mangaral ito sa mga tao sa loob at palibot ng lupain ng Zarahemla, ang patotoo ng kanyang ama tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo:

"Masdan, masasabi ko sa inyo—hindi ba't ang aking amang si Alma ay naniwala sa mga salitang ipinahayag ng bibig ni Abinadi? . . .

"At alinsunod sa kanyang pananampalataya, isang malaking pagbabago ang nangyari sa kanyang puso" (Alma 5:11–12).

Para sa isang bata pang tulad ni Alma, ang malaking pagbabagong ito ng puso, na nagsimula sa paanyaya ni Abinadi na gamitin ang puso sa pag-unawa sa salita ng Diyos, ang naging susi sa kanyang kaligayahan at tagumpay sa pagtulong sa iba: "At masdan, ipinangaral niya ang salita sa inyong mga ama, at isa ring malaking pagbabago ang nangyari sa kanilang mga puso, at sila ay nagpakumbaba ng kanilang sarili at ibinigay ang kanilang pagtitiwala sa totoo at buhay na Diyos. At masdan, sila ay matatapat hanggang wakas; kaya't sila ay nangaligtas" (Alma 5:13).

## Patuloy na Magbago

Ilang kabataan ngayon ang nalilito kung pipiliin ba nilang gawin ang tama sa paningin ng Diyos o ang ikasisiya ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga, na maaaring hindi katulad nila ang nadarama tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo. Kapag naharap kayo sa gayong pagpili, itanong sa inyong sarili, "Ang pipiliin ko bang ito ay tutulong sa akin na madama na ang aking 'mga gawa ay mga gawa ng kabutihan' (Alma 5:16), at magagawa ko pa bang 'umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig'?" (Alma 5:26.)

Bagama't dapat ay mahalin at pahalagahan nating lahat ang ating mga magulang, kailangan nating malaman na ang mga pagpiling ginagawa natin ay may direktang epekto sa ating mga anak at inapo. Maaaring kailanganin ng ilan sa atin na lumayo sa mga bagay na komportable tayong gawin, tulad ng ginawa ni Alma, na tumakas sa mga tagapagsilbi ni Haring Noe at nagturo ng ebanghelyo sa napakahirap na kalagayan. Naging sanhi siya ng pagbabago hindi lamang sa kanyang pamilya kundi maging sa ibang tao. Upang maranasan ang pagbabago ng puso, mahalagang isipin natin ang iba at "magkaisa sa pag-aayuno at mataimtim na panalangin alang-alang sa kapakanan ng mga yaong kaluluwa na hindi nakakikilala sa Diyos" (Alma 6:6).

Paano kung hindi gumaling sa sakit ang aming anak na si Rosemary—kahit binigyan ko na siya ng basbas ng priesthood? Ang payo ng Panginoon ay labis na nagpalakas sa akin: "Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon" (Mateo 10:39).

Nagagalak tayo sa patuloy na pagsisikap na magkaroon ng pagbabago ng puso nang tanggapin natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay. Nagpapasalamat ako para sa kaalamang ito, at alam ko sa aking puso na ang ating Tagapagligtas ay humayo, "[nagdanas] ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao" (Alma 7:11). Alam ko na may tunay na kaligtasan at proteksyon sa pag-asa sa Panginoon at pagsunod sa Kanyang payo. ■

**TALA**

1. Henry B. Eyring, "We Must Raise Our Sights," *Ensign,* Set. 2004, 16.

# HOORAY!

**Ni G. Craig Kiser**

*Isang apat na taong gulang ang nakatulong sa akin na pahalagahan ang sakramento sa isang bagong paraan.*

Nakatuon ang aking isipan sa Tagapagligtas nang matapos ang kongregasyon sa pagkanta ng sacrament hymn, pero nang isasara ko na ang imnaryo, nagpatuloy ang musika. Dahil malaki ang kongregasyon sa araw na iyon kinailangang tugtugin ng organista ang dalawa pang talata ng himno habang tinatapos ng mga priest ang pagpuputul-putol ng tinapay. Nagpasalamat ako para sa ekstrang oras na iyon. Nagkaroon pa ako ng ilang sandali para magnilay-nilay nang tahimik bago usalin ang mga panalangin para sa sakramento.

Sa oras ng panalangin, pinakinggan kong mabuti ang mga salitang binigkas ng mga priest nang basbasan nila ang mga sagisag ng sakripisyo ni Cristo para sa atin. Nang matapos ang huling panalangin at nang magsalita ng "amen" ang kongregasyon, di-inaasahang narinig sa gitna ng mga "amen" ang tinig ng isang apat-na-taong-gulang na batang lalaki dalawang hanay mula sa likuran ko.

"Hooray!" hiyaw nito.

Sapat ang lakas ng paghiyaw niya para mapahagikgik ang mga bata sa kalapit na upuan. Inaamin ko na napangiti ako dahil dito.

"Hooray?" naisip ko. Kakaibang tugon iyon sa mga panalangin sa sakramento. Tinitiyak ko na isang tugon iyon na hindi ko pa narinig at malamang na hindi ko na muling maririnig kailanman. Sa kabila ng lahat, tinatapos natin ang ating mga panalangin sa "amen."

Marahil mas nadama ng batang iyon ang katotohanan kaysa sa akin.

Ang salitang *hooray* ay nagpapahiwatig ng katuwaan. Nagpapahayag ito ng kagalakan, karaniwa'y dahil sa isang tagumpay. Kung minsan isinisigaw ito para magpakita ng pagsang-ayon sa isang tao na nakatapos ng isang mahirap na gawain.[1]

Agad kong nagustuhan ang ideya. Tama, naisip ko, hooray dahil nadaig ni Jesucristo ang kamatayan para lahat tayo ay mabuhay na mag-uli! Hooray sapagkat dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, mapapatawad Niya ang ating mga kasalanan! Higit sa lahat, mapapatawad Niya ako sa *aking* mga kasalanan! Hooray dahil sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay makakabalik ako sa aking Ama sa Langit at matatamasa ko ang pag-asa ng buhay na walang hanggan! Tama! Hooray!

Habang tahimik kong isinisigaw ang mga papuring ito ng pasasalamat sa aking Ama sa Langit, pinuspos ng Espiritu Santo ng galak ang puso ko na halos mapaluha ako. Napatnubayan ako nang araw na iyon ng isang batang musmos (tingnan sa Isaias 11:6), at nagalak ako sa bagong pag-unawa sa mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa buhay ko. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Oregon, USA.*

**TALA**

1. Tingnan sa *Merriam Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 edisyon (2003), "hooray"; tingnan din sa en.wiktionary.org/wiki/hooray.






PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

# HINDI HABANG AKO ANG NAMUMUNO!

**Ni Brett J. Porter**

*Ang susi sa ating tagumpay ay mahalin ang mga kabataang lalaki habang naglilingkod tayo sa kanila.*

Malapit ako sa isang pamilya na may isang anak na lalaki sa Young Men. Sa isang aktibidad noong deacon siya, pinagsabihan siya ng isang lider at napahiya siya sa harap ng mga kaibigan niya. Sa dakong huli nang madama niya na siniraan pa siya, tumigil siya sa pagdalo sa mga aktibidad, at naghanap ng mga kaibigan sa labas ng kanyang ward.

Malaki ang naging epekto niyon sa akin. Ipinasiya ko na hindi kailanman mangyayari ang gayon habang ako ang namumuno kung matawag akong tumulong sa young men. Pagkaraan ng dalawang taon tinawag akong maglingkod sa mga deacon.

Sa loob ng ilang buwan natagpuan ko ang aking sarili na pinagsasabihan ang isang binatilyong ayaw sumunod sa mga patakaran.

"Hanggang dito ka lang," sa huli ay sinabi ko tungkol sa kanyang mga kilos. "Huwag kang lalagpas."

Lumagpas siya rito, nagkaroon kami ng kaunting pagtatalo, at umalis siya.

Kalaunan, nag-usap kami para lutasin ang hindi namin pagkakaunawaan. Sabi ko, "David, mahal kita at mabuti kang bata, pero hindi ko gusto ang ilang bagay na ginagawa mo. Lider ang turing sa iyo ng ibang binatilyo, at kung makita ka nilang gumagawa ng hindi tama, baka gawin din nila iyon."

Naayos namin ang aming di-pagkakaunawaan, nadama niyang tanggap siya, at nagtulung-tulong kaming mga lider na bawasan ang ilan sa personal na hamon niya. Nang 14 na taong gulang na siya hiniling niya na iorden ko siyang teacher. Ngayon, pagkaraan ng ilang taon, niyayakap niya ako nang mahigpit tuwing makikita niya ako, at pinasasalamatan niya ang panahong ginugol niya sa Young Men.

Kapag mahal natin ang mga kabataan at nagagalak tayong makasama sila, alam nila iyan. Kaya nga talagang nagpakita kami ng mga counselor ko ng tunay na malasakit sa young men namin. Hindi namin idinaos kailanman ang isang aktibidad nang dahil lang sa iyon ang nakasaad sa aklat, idinaos namin ito dahil alam naming matututo ang young men ng isang kasanayan, lalago, at magkakatuwaan.



Minsan, may isa kaming kabataan na ang mga magulang ay hindi interesado sa programa namin.

"OK lang," sabi ko sa kanila, "pero ayos lang ba kung dumalo pa rin ang anak mo, matuto, at makisaya?"

Isinama namin siya sa programa namin, at hindi nagtagal sinabi ng kanyang mga magulang na OK lang na makibahagi siya nang lubusan. Nakita nila na natututo at natutuwa ang kanilang anak. Kalaunan ay nag-full-time mission siya. Nakisaya rin ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki at nagmisyon din ito.

Nakita namin ang koneksyon sa pagitan ng mga lider na nagmamalasakit sa isang kabataan at ng kabataang iyon na natututo, lumalago, at kalaunan ay nagmimisyon. Masayang makitang lumalago ang mga kabataan, at nakakatuwang matuto na kasabay nila. Ang susi sa ating tagumpay ay mahalin sila habang naglilingkod tayo sa kanila. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.*

# LAHAT AY MAAARING MATUTO SA ISANG PROPETA

Noong ako'y 17 taong gulang, nagtrabaho ako sa isang hotel sa Kailua-Kona, Hawaii, USA. Habang nagtatrabaho bilang bellboy, marami akong nakitang sikat na panauhin sa hotel, kabilang na sina John Wayne, Dorothy L'Amour at Esther Williams.

Isang gabi, matapos dumating ang karamihan sa mga panauhin, nagpahinga ako sandali sa harap ng hotel nang huminto ang isang limousine sa gilid at bumaba ang pitong lalaki, na nakasuot ng itim na pantalon, puting polo, at kurbata. May kasama silang isa pang lalaking nakasuot ng itim na amerikana. Nang maiparada na ng drayber ang kotse nila, nagpunta silang lahat sa dining room para maghapunan. Naisip ko na mukha silang mga FBI agent habang pabalik ako sa loob para ituloy ang trabaho ko sa pagsagot sa mga room-service call.

Mga isang oras pagkaraan, nasa labas ako ng hotel at naninigarilyo samantalang pabalik na ang grupong nakita ko kanina sa limo nila, na naghihintay sa gilid. Naglakad sila sa bangketa papunta sa kotse at binuksan nila ang pinto sa likod para pasakayin ang lalaking nakasuot ng itim na amerikana. Ngunit sa halip na pumasok sa kotse, huminto ang lalaking nakasuot ng itim na amerikana, pumihit para tingnan ako na nakasandal sa gusali, at lumapit sa akin.

Matangkad siya at payat, nakasuot ng salamin sa mata at may maikli at maputing balbas. Kinamayan niya ako at ipinatong ang isa pa niyang kamay sa balikat ko. Nagulat ako na ang gayon karangal na tao ay lalapitan at kakausapin ako, na isang binatilyong ni hindi niya kilala.

Hindi ko maalala ang lahat ng sinabi niya sa akin maliban sa sinabi niyang "makakasama sa iyo ang mga iyan," na tinutukoy ang sigarilyo ko. Hinangaan ko ang kanyang kabaitan at pagkilos.

Mahigit isang taon pagkaraan tinuruan ako ng mga missionary at nabinyagan.


Habang tinitingnan ko ang mga larawan ng mga pinuno ng Simbahan, napansin ko ang larawan ni Pangulong George Albert Smith (1870–1951) at agad kong nakilala na siya ang mabait at marangal na lalaking iyon na nakausap ko sa harap ng hotel. Lalo pa akong humanga na kayang gawin iyon ng Pangulo ng Simbahan sa isang katulad ko, isang binatilyong ni hindi pa miyembro ng Simbahan at hindi tanyag.

Napakabait niyang tao para magpakita ng pagmamahal at malasakit sa isang binatilyong nagtatrabaho sa isang mababang tungkulin at hindi nakakaunawa sa ebanghelyo o sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit para sa atin.

Makalipas ang animnapu't limang taon, naunawaan ko na nang husto ang malasakit at pagmamahal na iyon, at sinisikap kong tingnan ang mga nasa paligid ko tulad ng pagtingin sa akin ni Pangulong Smith. ■

Henry Serion Sr., Hawaii, USA

Sa halip na pumasok sa kotse, huminto ang lalaking nakasuot ng itim na amerikana at lumapit sa akin.



PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# TALAGA BANG SULIT ITO?

Buong pagmamalaking ipinakita ng apat-na-taong-gulang na anak naming si Coleton ang isang papel na ibinigay sa kanya ng kanyang guro sa Primary na nagdedetalye ng kanyang partisipasyon sa magaganap na Primary program. Ang trabaho namin ay ituro sa kanya ang anim na salitang sasabihin niya bago ang pagtatanghal ng programa pagkaraan ng dalawang linggo.

Pagsapit ng Lunes ng gabi ginamit namin ang aming family home evening sa pagpapraktis. Nakangiting sinubukang magpraktis ni Coleton nang maraming beses, at nagbigay kaming mag-asawa ng feedback na tulad ng, “Huwag mong lokohin ang pagsasalita” at “Linawin mo ang pagsasalita mo.”

Sa kabila ng lahat ng pagsisikap namin, kahit ako ay hindi sigurado kung mas mahusay na ang ginagawa namin kaysa noong magsimula kami.

Ang paghahanda namin sa pagsisimba nang sumunod na Linggo ng umaga ay sinabayan ng nawawalang dalawang medyas, isang walong-buwang sanggol na tinutubuan ng ngipin, at isang umiiyak na apat-na-taong-gulang na bata.

Nang magsimula na ang pulong, bago pa natapos ang pambungad na himno nakadalawang punta na ako sa pasilyo karga ang umiiyak kong anak. Nang tumayo na ang koro para kumanta, halos mawalan ako na pag-asa na magkakaroon pa ng kasiya-siyang karanasan ang pamilya ko at sa halip ay umasa na lang ako na makatagal kami hanggang sa matapos ang pulong.

Nang sambitin ang huling amen, napabuntong-hininga ako. Ngunit habang natutuwa ako na natapos namin ang pulong, hindi ko maiwasang isiping, “Talaga bang sulit ito? Natututo ba ang mga anak namin sa pagdadala namin sa kanila sa simbahan linggu-linggo?”

Naisip ko ang mga salita ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabi niya: “May mga pagkakataong galit na kami ni Sister Bednar dahil ang mabubuting kaugaliang pinaghirapan naming ituro ay tila hindi agad nagbunga ng espirituwal na resultang gusto at inasahan namin. . . .

“Akala namin ni Sister Bednar ang matulungan ang aming mga anak na maunawaan ang nilalaman ng isang partikular na leksyon o isang talata sa banal na kasulatan ang pinakamahalagang nangyari. Ngunit ang gayong resulta ay hindi nagaganap tuwing mag-aaral o magdarasal kami nang sama-sama. Ang palagian naming layon at gawain marahil ang pinakamagandang leksyon—isang leksyong hindi namin lubos na pinahalagahan noon” (“Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona,* Nob. 2009, 19).


May ibayong tiwala, umuwi ako at nagpatuloy kaming magpraktis nang paulit-ulit ng aking anak. Nang dumating ang sandaling magsasalita na siya, sabik naming pinakinggan ang malinaw at tiwala niyang pahayag, “Si Jesucristo ang Anak ng Diyos.”

Maraming beses na naming narinig ang linyang iyan bago ang pagtatanghal, pero ang marinig siyang sambitin ito nang wala sa bahay, na siya lang mag-isa, ay kakaiba at mas nakasisiya.

Marami pa kaming gagawing pagtuturo sa aming munting anak bago siya magbinata, ngunit patuloy naming gagawin ang aming makakaya para makadalo sa mga pulong, makapag-family home evening, at magdasal araw-araw na umaasang balang-araw kapag wala na siya sa bahay at nagsasarili, maaalala niyang muli ang napakahalagang linyang iyon: “Si Jesucristo ang Anak ng Diyos.” ■

Brandon Comstock, Utah, USA





Gustung-gusto nang dalhin ni Callie ang kanyang mga anak sa templo para mahawakan nila ito.

# PAGDAMA SA DIWA NG TEMPLO

Nagkaroon ako ng pagkakataong bisitahin ang anak kong si Callie sa Las Vegas, Nevada, USA, kung saan sila lumipat kamakailan ng kanyang asawa at dalawang anak. Sa tanghali ang oras ng simba ng ward ni Callie, kaya nagkaroon kami ng malayang oras sa umaga para maghanda at pag-usapan ang mga gagawin namin pagkatapos magsimba. Dahil hindi pa nakabisita si Callie sa templo, ipinasiya naming pumunta roon at kunan ng mga retrato ang mga bata sa paligid ng templo.

Tulad ng ibang mga templo, ang paligid ng Las Vegas Nevada Temple ay maganda at maayos at may magagandang fountain at mga bulaklak.

Matapos basahin ang kuwento ni Pangulong Thomas S. Monson, gustung-gusto nang dalhin ni Callie ang kanyang mga anak sa templo para mahawakan nila ito (tingnan sa "Paghahanap ng Kapayapaan," *Liahona,* Mar. 2004, 5–6). Ang unang ginawa niya ay ipaliwanag ang kasagraduhan at kahalagahan ng templo sa kanyang anak na si Stella.

Naunawaan ito ni Stella tulad ng sinumang tatlong-taong-gulang na bata, at hinikayat namin siyang hawakan ang templo. Kinunan namin ng retrato nang maraming beses si Stella at ang kanyang tatlong-buwang-gulang na kapatid habang nakahawak sa templo.

Nang oras na para umalis, ayaw pa ni Stella. Akala namin alam na namin ang dahilan; natutuwa siya sa lugar na iyon at tulad namin naramdaman din niya ang kapayapaang nadama namin.

Nang maisakay na namin siya sa kotse at nakabitan ng seatbelt, umalis na kami. Lumingon ako, kumaway, at sinabi kay Stella, "Sabihin mo, babay, templo." Tumingin siya sa templo, kumaway, at nagsabi ng, "Babay, templo. Babay, Lolo." Hindi ako sigurado kung tama ang dinig ko, ngunit nang tumingin ako kay Callie at nakitang lumuluha siya, alam kong pareho kami ng narinig.

Ang lolo ni Stella—ang aking asawang si Tim—ay namatay apat na taon bago ipinanganak si Stella. Nakita na siya ni Stella sa mga retrato at narinig nang pinag-uusapan siya ng pamilya, ngunit hindi namin siya nabanggit nang araw na iyon.

Nang mamatay si Tim, isa pa lang ang apo namin. Ngayon ay 12 na, at sa tuwing kakargahin ko ang isa sa mga sanggol na iyon na kaaalis pa lang sa piling ng Ama sa Langit, gusto kong itanong, "Nakilala mo ba roon ang lolo mo? Anong payo ang ibinigay niya sa pagpunta mo rito?"

Ang patotoo ko sa kasagraduhan ng templo ay tumibay nang araw na iyon. Hindi man natin maisasama sa loob ng templo ang ating maliliit na anak, maaari naman natin silang dalhin maski sa pintuan lamang ng templo at hayaang hawakan nila ang mga pinto na binubuksan ng karapat-dapat na mga miyembrong pumapasok sa bahay ng Panginoon. ■

Kathy Rossier, California, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# ANO ANG PINAKAMAHALAGA SA AKIN?

Noong nasa kalagitnaan na ako ng ikatlong taon sa kolehiyo, natanto ko na ang perang naipon kong pambayad ng upa sa bahay at buwanang gastusin ay hindi sasapat sa buong tag-init. Iyon ang panahon ng taon na puwede akong makapagtrabaho para may panustos sa susunod na semestre. Nakakita ako ng part-time job bilang shop assistant.

Maayos na sana ang lahat pero nabago ang iskedyul at kinailangang pumasok ako sa trabaho kahit Linggo. Noong ininterbyu ako para sa trabaho, wala akong sinabing anuman tungkol sa hindi pagtatrabaho tuwing Linggo dahil sarado naman ang tindahang iyon sa ganoong araw. Gayon pa man, mahalaga sa akin ang trabaho, at gusto ko ang ginagawa ko. May kaibigan ako na kasamahan ko sa trabaho, at puwede kaming magsalitan ng pagpasok para may tig-dalawang Linggo kami na walang pasok. Dahil dito nakakapagsimba ako kahit paano at nagagampanan ang tungkulin ko sa Simbahan.

Kaya lang, di nagtagal natanto ko na hindi ko kakayanin ang ganitong iskedyul. Talagang sa pakiramdam ko hindi ko magagawa ang mga responsibilidad ko sa araw ng Linggo kahit hindi ako nagtatrabaho tuwing Linggo. Nag-isip na ako ng dapat gawin para mabago ang sitwasyong ito. Matapos kong ipagdasal kung paano mapapalambot ang puso ng mga supervisor ko, binasa ko ang 1 Nephi 7. Naalala ko na nabasa ko sa talata 19, na matapos manalangin si Nephi, napalambot ang mga puso ng kanyang mga kapatid. Sa huli, nakaya kong kausapin ang employer ko tungkol sa hindi pagtatrabaho tuwing Linggo.

Sinabi ko sa mga superior ko na ako ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at tinanong nila ako kung ano ang pinaniniwalaan ng mga LDS. Nang ipakiusap ko kung puwedeng mag-off ako sa trabaho kapag Linggo, hindi sila pumayag. Ipinaliwanag nila na noong ininterbyu ako, sinabi ko na maaari akong magtrabaho kahit anong araw at wala akong binanggit na kailangan sa relihiyon.

Lumipas ang ilang buwan nang walang anumang pagbabago hanggang sa sumapit ang isang araw ng Linggo na nagmadali akong umalis sa Simbahan para magtrabaho. Tinanong ko ang sarili ko, "Ano ba ang pinakamahalaga sa iyo?" Mabilis at malinaw na dumating ang sagot: ang Simbahan, ang ebanghelyo, pagganap sa tungkulin, buong pusong pakikibahagi sa mga miting tuwing Linggo, at pagiging disipulo sa salita at gawa.

Nagpasiya ako na makikiusap akong muli na huwag akong papasukin nang Linggo, pero ngayon gagawin ko ito na may hawak na resignation letter, sakaling hindi nila ako payagan sa ikalawang pagkakataon.


Nagdasal ako, nag-ayuno, at nakatanggap ng mga suportang text message mula sa mga kaibigan ko.

Habang iniinterbyu, kahit kumakabog ang dibdib ko, ay kalmado ako dahil alam kong tama ang ginagawa ko. Sa pagkakataong ito, pumayag ang aking supervisor. Nasagot ang panalangin ko. Pinunit ko ang aking letter of resignation pagkauwi ko.

Marami akong natanggap na biyaya mula sa karanasang ito, pero ang biyaya na kaagad na dumating at naramdaman ko ay na hindi ako nawalan ng trabaho at nagawa ko pa ring mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Dahil dito lubos akong nagpapasalamat sa Panginoon. ■

Eleonora Sonnellini, Trieste, Italy

Isang araw ng Linggo nagmadali akong umalis sa Simbahan para magtrabaho. Tinanong ko ang sarili ko, "Ano ba ang pinakamahalaga sa iyo?"



PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS



**Ni Elder David F. Evans**
Ng Pitumpu

# Pagiging Masugid at Pagiging Disipulo

Ang depinisyon sa online dictionary ng salitang *tenacity* ay "pagtitiyaga, pagtitiis, at sukdulang pagpupunyagi." Inilahad din dito na, "ang tenacity o pagiging masugid ay katangiang ipinapakita ng isang taong hindi sumusuko—na patuloy na nagsisikap hanggang sa maabot ang mithiin."[1]

Kailangan nating maging masugid upang maging tunay na disipulo ng Tagapagligtas at makamit ang tunay na mabubuting mithiin—ang maging isang magaling na missionary, makatapos ng pag-aaral, makahanap ng makakasama nang walang hanggan, at makapagsimula ng pamilya—na alam ng ating Ama sa Langit na kailangan nating makamtan sa paghahanda para sa kawalang-hanggan. Ang maging masugid sa lahat ng mabubuting bagay ang magpapasiya kung tayo ay magiging mga anak ng Diyos na alam Niyang makakaya nating kamtin at dapat maging.

Ang henerasyon ngayon ng mga full-time missionary ay tinatawag na "ang pinakadakilang henerasyon ng mga missionary sa kasaysayan ng Simbahan" at ikinukumpara sa 2,000 kabataang mandirigma ni Helaman.[2] Kahit may taglay na kahanga-hangang mga katangian at masigasig na nananampalataya at gumagawa ang mga kabataang ito, ipinahayag ng kanilang lider na si Helaman: "At ito ay nangyari na, na may dalawang daan, mula sa aking dalawang libo at animnapu, ang nawalan ng malay-tao dahil sa kawalan ng dugo; gayon pa man, alinsunod sa kabutihan ng Diyos, at sa aming labis na panggigilalas, at sa kagalakan din ng aming buong hukbo, wala ni isa mang katao sa kanila ang nasawi" (Alma 57:25).

Sila ay naligtas "dahil sa kanilang labis na pananampalataya sa yaong itinuro sa kanila na paniwalaan—na may makatarungang Diyos, at sinuman ang hindi mag-aalinlangan, sila ay pangangalagaan ng kanyang kagila-gilalas na kapangyarihan" (Alma 57:26).

Ito ang sabi ni Helaman tungkol sa kanila: "Sila ay mga bata, at ang kanilang mga pag-iisip ay di matinag, at patuloy nilang ibinibigay ang kanilang tiwala sa Diyos" (Alma 57:27).

At dapat gayon din tayo. Sa buhay, kapag bumuhos ang ulan at bumaha at hinagupit tayo ng hangin at humampas sa atin at sa ating tahanan, doon natin malalaman kung malakas ang ating pananampalataya at kung patuloy tayong magtitiwala sa Diyos. Hindi tayo masusubok nang walang paghihirap.

**Manampalataya sa Diyos at sa Kanyang mga pangako, at palaging gawin ang tama, kahit sino pa ang nakakaalam.**

### Huwag Panghinaan ng Loob

Ilang taon na ang nakalipas, kami ng asawa kong si Mary ay nangulo sa Japan Nagoya Mission. Ang mga katagang *magigiting, matatapang, matatag, aktibo,* at *tapat* na naglalarawan sa 2,000 kabataang mandirigma (tingnan sa Alma 53:20) ay naglalarawan din sa mga missionary na kasama naming naglingkod. Ang isa pang paglalarawan sa 2,000 kabataang mandirigma—na may ilang *nawalan ng malay* (tingnan sa Alma 57:25)—ay naglalarawan din sa ilan sa aming mga missionary.

Hindi madali ang misyon. Hindi rin madali ang buhay. Lahat ay

IMAGE © ISTOCK/THINKSTOCK



masasaktan sa iba't ibang paraan. Ilan sa mga pasakit na ito ay daranasin dahil sa kasalanang hindi pa napagsisihan. Ang ilan ay dahil sa aksidente o sakit. Ang ilan ay nangyayari kapag nakikita nating hindi tinatanggap ng mga taong mahal natin ang ebanghelyo ni Jesucristo o nawawalan ng pananalig sa alam nilang totoo. Ngunit sa pamamagitan nito nakikilala natin ang Diyos, at higit tayong nagiging mga disipulo ng Tagapagligtas. Nagbabago ang ating mga puso, at mananatili ang pagbabagong iyan hangga't pinipili natin ang kabutihan kaysa kasalanan at pag-aalinlangan.

Ang 2,000 kabataang mandirigmang ito ay masugid sa kanilang mga hangarin. Hindi sila susuko, kahit mahirap pa ang landasin. Sa nakaraan lang na henerasyon ang kanilang mga ama at ina ay tinuruan ni Ammon at ng kanyang mga kapatid. Nagtagumpay ang mga misyonerong iyon, ngunit bago sila nagtagumpay kinailangan din nilang magpatuloy at hindi sila sumuko noong naging mahirap at nakapanlulumo ang kanilang mga misyon.

Inilarawan ni Ammon ang mga panahong iyon: "Ngayon, nang ang ating mga puso ay manghina, at tayo sana ay magbabalik na, masdan, inaliw tayo ng Panginoon, at sinabi: Humayo sa inyong mga kapatid, na mga Lamanita, at batahin nang buong pagtitiyaga ang inyong mga paghihirap, at ipagkakaloob ko sa inyo ang tagumpay" (Alma 26:27).

Dahil sa tiyaga at pagiging masugid, nakayanan nina Ammon at ng kanyang mga kasama ang kanilang mga paghihirap at sa huli ay nakamit ang napakalaking tagumpay.

### Masugid sa Ebanghelyo

Noong 1999, dumating si Sister Marci Barr sa Japan Nagoya Mission mula sa Columbus, Ohio, USA. Hindi madali para sa kanya ang magsalita ng wikang Hapones, ngunit siya ay masugid. Nang matuto siyang makipag-usap sa wikang ito, hindi na siya tumigil sa pagbabahagi sa mga tao ng ebanghelyo.

May magagandang pangako para sa matatapat, matiyaga, at masugid na mga missionary na magsasalita nang may tapang at pagmamahal at gagawin ang lahat ng makakaya nila ayon sa pamamaraan ng Panginoon (tingnan sa D at T 31:7). Ngunit may ilang missionary na natatakot na hindi sila tanggapin at hinahayaang madaig ng pangamba ang kanilang katapangan.

Ngunit hindi ganoon si Sister Barr! Naghanap siya at nagturo, at nagturo siya at naghanap sa buong misyon niya.

Sa huling araw niya sa mission, nagpunta si Sister Barr sa mission home sa Nagoya. Nang gabing iyon ko siya iinterbyuhin at sasabihan na napakahusay ng ginawa niyang paglilingkod. Kinabukasan na ang uwi niya.

Habang naglalakbay, nakita niya ang isang grupo ng mga kabataang babae na nag-uusap-usap sa subway. Nilapitan niya sila at itinanong kung maaari ba niya silang makausap. Ibinahagi niya ang ebanghelyo at ang Panunumbalik nito. Pagkatapos ay binigyan niya ng missionary pamphlet ang isa sa mga babae na tila interesado at sinabi sa kanya na may mga sister missionary na maaaring magturo sa kanya ng ebanghelyo.

Pagkatapos ay dumating na sa mission home si Sister Barr at nainterbyu, na hindi sinabi sa akin kailanman ang kanyang karanasan sa subway. Para sa kanya ay pangkaraniwan lang iyon. Ginawa lamang niya ang alam niyang tama, hanggang sa kahuli-hulihan. Palagay ko ito ang pinakamagandang paglalarawan sa *pagiging masugid* sa ebanghelyo na alam ko: Anuman ang mangyari, patuloy na manampalataya sa Diyos at sa Kanyang mga pangako, at gawin palagi ang tama, kahit sino pa ang nakakaalam.

Umuwi na si Sister Barr sa Columbus. Sa student ward doon niya nakilala ang kanyang mapapangasawa, at magkasama silang nagpalaki ng isang pamilya sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang babae sa subway—si Hitomi Kitayama—ay tinuruan ng mga sister missionary. Nagpatuloy si Hitomi at nagpakita ng pagkamasugid nang tanggapin niya ang mga katotohanan ng ebanghelyo, at tiniis ang pagtutol ng pamilya at nilabanan ang sariling pag-aalinlangan.

Nakilala namin si Hitomi halos anim na taon ang lumipas sa isang mission conference sa Tokyo, kung saan siya naglilingkod bilang missionary. Ikinuwento niya ang pagkikita nila ni Sister Barr sa subway at ang pagtanggap niya sa ebanghelyo kasunod niyon.

Pagkatapos ng kanyang misyon nakilala at napangasawa niya ang isa pang returned missionary na si Shimpei Yamashita. Ang nakatutuwa,





### SIKAPING MAS DISIPLINAHIN ANG SARILI

"Hinihikayat ko ang lahat, bata at matanda, na pag-aralan ang inyong mga mithiin at layunin at sikaping mas disiplinahin ang sarili. Ang ating araw-araw na pag-uugali at mga pasiya ay dapat umayon sa ating mga mithiin."

**Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pumili nang May Katalinuhan," *Liahona,* Nob. 2014, 49.**

si Shimpei ay anak ng isang lalaking tinuruan namin ni Elder Randy Checketts noong tag-init ng 1971 habang naglilingkod ako sa aking unang misyon sa Japan.

Hindi lamang sa pagpapalaganap ng ebanghelyo natin kailangan ang pagiging masugid na gawin ang tama. Kailangan natin ang gayunding sigasig sa pagdaig sa sariling kasalanan at mga tukso, pagtapos sa ating pag-aaral, at paghahangad na makasal sa templo at magkaroon ng walang-hanggang pamilya. Kakailanganin natin ang pagiging masugid, pagmamahal, at katatagan habang tayo at ang ating asawa at mga anak ay magkakapit-bisig na hinaharap ang mga pagsubok na dumarating sa mag-asawa at sa pamilya. At kailangan natin ang pagiging masugid, katapatan, at tiyaga kapag ang mga pagpapalang hangad natin ay hindi dumarating sa panahong inaasahan natin.

Sa lahat ng ito at sa bawat mabuting bagay, ang ating pangako na gawin ang tama at maging tama ay susubukan ng mundo. Ngunit hindi tayo dapat sumuko. Kailangan nating magpatuloy hanggang sa maabot natin ang ating mithiin. Sa huli, ang ating mithiin, ay buhay na walang hanggan kasama ang ating asawa at mga anak, at ang kanilang mga anak sa mga susunod na henerasyon.

## Magtakda ng mga Karapat-dapat na Mithiin

Paano natin mapapatibay ang ating pangako na gawin ang tama, at paano natin matatamo ang lakas na tuparin ang mga ito?

Una, magtakda tayo ng mga mithiin na karapat-dapat kamtin at akma sa pinakamimithi nating buhay na walang hanggan. Kabilang dito ang pag-aaral at pagtatrabaho at mga mithiin na patungo at akma sa pamilya, pag-unlad ng sarili, paglilingkod, pagiging aktibo sa Simbahan, at sariling kaligayahan. Bahagi ng paggawa ng mga mithiing ito ay ang magiging desisyon natin, ngunit dapat ding isama rito ang panalangin at personal na paghahayag. Kung gusto ninyo talagang alamin ang kalooban ng Diyos, sasagutin Niya kayo.

Kabilang sa maraming bagay na dapat ninyong ipagdasal ang paghahanap ng karapat-dapat na mapapangasawa na makakasama ninyo sa pagpunta sa templo at paggawa ng mga sagradong tipan. *Kung nais ninyong gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan at maganyak na kamtin ang pinakamabubuti ninyong mithiin, ipagdasal na matamo ang mga biyaya at responsibilidad ng pag-aasawa.*

Dito at sa iba pang mga aspeto ng buhay, alamin kung ano ang nais ng Diyos na ipagawa sa inyo. Pag-aralan ito. Gumawa ng mga desisyon. Isangguni ito sa Panginoon at alamin ang sagot. Pagkatapos ay kumilos at simulang kamtin ang mga mithiin ninyo.

Sa lahat ng ito, kung gusto nating maging masugid sa mabubuting bagay, dapat na manatili tayong malapit sa Panginoon sa pamamagitan ng matuwid na pamumuhay. Ang bagay na higit na makakahadlang sa atin sa pagkakamit ng mabubuting mithiing ito ay ang pagiging di marapat sa mga pagpapala ng Espiritu sa ating buhay.

Magtakda ng mga karapat-dapat na mithiin. Ipagdasal lagi sa Panginoon na gabayan kayo. Maging karapat-dapat at iwasan ang mga bagay na maglilihis o hahadlang sa inyong pag-unlad. Magkaroon ng temple recommend at gamitin ito. Tuparin ang inyong mga tipan, lalo na kapag mahirap ang buhay. Hangarin ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal at pamilya. At magpakatatag. Huwag mawalan ng pag-asa. Huwag sumuko.

Maging masugid sa bawat mabuting bagay. Makikita ninyong lalakas ang inyong pananampalataya, at makikita ninyong mag-iibayo ang inyong mga kalakasan at talento habang nadaragdagan ang inyong pananampalataya. At alalahanin ang ipinangako ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "May mga pagpapalang kaagad na dumarating, may ibang matagal dumating, at may ibang darating lamang sa kabilang-buhay; subalit sa mga tumatanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo *dumarating ang mga ito.*"[3] ■


*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na may pamagat na "Tenacity," na ibinigay sa Brigham Young University noong Nobyembre 4, 2014. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*

**MGA TALA**

1. Vocabulary.com/dictionary/tenacity.
2. Tingnan sa M. Russell Ballard, "Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Misyonero, *Liahona,* Nob. 2002, 47, 48; para malaman kung paano sila inilalarawan ng Aklat ni Mormon, tingnan sa Alma 53:17–21; 56:17, 45–48; 57:20–21.
3. Jeffrey R. Holland, "An High Priest of Good Things to Come," *Ensign,* Nob. 1999, 38.

# Mga Kampeon ng Sabbath

Ni Samantha McFadyen



**Hindi ko akalain na maraming maaapektuhan sa desisyon naming panatilihing banal ang araw ng Sabbath.**

Nang sabihin ng coach namin sa rugby na ang iskedyul ng laro ng team namin para sa quarterfinal sa pambansang kampeonato ay sa araw ng Linggo, ang tanging naisip ko ay, "Bakit ngayon pa?"

Ang team ko, ang 2010 Brigham Young University women's rugby team, ay buong season nang naghahanda para sa kampeonato. Inaasam naming makalaro ang team na tumalo sa amin sa tournament noong nakaraang taon. Tiwala ako na mananalo kami—nasa amin ang ilan sa mga pinakamahusay na manlalaro sa bansa. Gusto naming patunayan sa larangan ng rugby na karapat-dapat kaming manalo ng pambansang kampeonato, ngunit may iba palang plano sa amin ang Ama sa Langit.

## Paninindigan sa Ating mga Pamantayan

Siniguro sa amin ng mga opisyal ng Tournament na sa araw ng Biyernes at Sabado ang mga laro namin, ngunit dahil sa isang pagkakamali, naiskedyul nang Sabado at Linggo ang mga laro. Nalaman lang namin ang pagkakamali limang araw bago ang tournament, na gaganapin sa Sanford, Florida, USA. Dahil hindi opisyal na team sa BYU ang women's rugby noong mga panahong iyon, hindi kami ang magdedesisyon kung maglalaro kami o hindi. Pinili naming huwag maglaro. Iisa ang desisyon ng lahat, at walang tumutol.

Ang paglalaro sa araw ng Linggo ay ni hindi na dapat pang isipin. Noon pa man, hindi na ito nakakagulo sa isip ko. Itinuro sa akin ng mga magulang ko na panatilihing banal ang araw ng Sabbath, at sinunod ko ang utos na ito sa buong buhay ko. Ang pagsunod sa mga utos ng Ama sa Langit ay mas mahalaga kaysa maglaro ng rugby.

Ngunit kahit alam namin na tama ang desisyon namin hindi pa rin ito naging madali. Malungkot kami nang lumipad papuntang Florida dahil alam namin na manalo o matalo man kami, sa Sabado lang kami maglalaro.

Pagdating sa Florida, nakatanggap kami ng tawag galing sa isang reporter ng *New York Times* na gustong magreport tungkol sa amin. Nagulat kami. Hindi namin inakalang may magkakainteres na malaman ang desisyon naming pahalagahan ang Sabbath lalo na ang isang pambansang pahayagan.

Pagsapit ng Biyernes, sa araw na dapat ay naglalaro kami kung hindi sana nagkaroon ng mali sa iskedyul, pumunta kami sa Orlando Florida Temple para mag-proxy sa binyag para sa mga patay. Matapos naming gawin ang mga ordenansa, nagsalita sa amin ang temple president. Kinuha niya ang isang artikulong isinulat tungkol sa amin at binasa ang ilan sa mga komentaryo ng mga mambabasa na naka-post online na sumasang-ayon sa desisyon namin.

Kalaunan binasa ng coach namin ang mga karagdagang komentaryong natanggap niya. Pinasalamatan kami ng mga Latter-day Saint at ng iba pang mga tao at sinabi sa amin na nakakatuwang makakita ng mga taong pinaninindigan ang mga pamantayan nila. Pinasaya kami ng mga sinabi nila. Noon namin natanto ang impluwensyang maibibigay namin kahit hindi kami naging mga pambansang kampeon.



Alam ko na alam ng Ama sa Langit ang tungkol sa amin, ngunit hindi ko inakala na may iba pang sumusubaybay sa nangyayari sa amin. Dahil sa naging resulta ng aming desisyon nagkaroon ng ibang dahilan ang pagpunta namin sa Florida: hindi kami pumunta roon para manalo, kundi upang panindigan ang aming mga pamantayan.


### Mas Magandang Landas

Sumapit ang Sabado, at nanalo kami sa iskor na 46–7. Pagkatapos ay nilapitan namin ang mga opisyal at sinabi sa kanila na ipinatatalo na namin ang laro namin sa araw ng Linggo—na ang nakaiskedyul na kalaban namin ay ang team na tumalo sa amin noong nakaraang taon. Ikinalulungkot ko na natapos ang season namin sa ganitong paraan. Gusto ko talagang makalaro ang team na ito, ngunit hindi ko sila gustong makalaro, o ang sinuman, sa araw ng Sabbath.

Napakaraming artikulo ang isinulat tungkol sa amin, at patuloy kaming nakatanggap ng sulat at email na nagpapahayag ng suporta. Dahil nanindigan kami sa aming mga pamantayan, mas marami kaming naantig na mga tao kaysa kung napanalunan namin ang kampeonato.



MGA LARAWAN SA KAGANDAHANG-LOOB NG WOMEN'S COUGAR RUGBY (BYU) AT NI PAUL MEYERS



### PAGPAPAHALAGA SA ARAW NG SABBATH

Ipinakilala ng Tagapagligtas ang Kanyang Sarili bilang Panginoon ng Sabbath. Ito ay Kanyang araw! Paulit-ulit Niyang hiniling sa atin na *ipangilin* ang Sabbath o gawing *banal* ang araw ng Sabbath. Tayo ay nakipagtipan na gawin ito.

. . . Tanungin lang [natin] ang [ating] sarili, 'Anong *tanda* ang nais kong ibigay sa Diyos?' Sa tanong na iyon nagiging napakalinaw sa [atin] ang mga dapat piliin sa araw ng Sabbath. . . .

". . . Alam natin na saan man tayo nakatira, dapat tayong maging mga halimbawa ng mga nagsisisampalataya sa ating mga pamilya, kapitbahay, at kaibigan. Ang mga tunay na nagsisisampalataya ay pinapanatiling banal ang araw ng Sabbath."

**Pangulong Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Sabbath ay Kaluguran,"** ***Liahona*****, Mayo 2015, 129–130, 132.**

Natutuhan kong magtiwala na aakayin ako ng Ama sa Langit sa mas magandang landas kaysa iniisip ko para sa aking sarili. Gustong patunayan ng team ko na karapat-dapat kaming maging mga kampeon, ngunit napagtanto ko na nais ng Ama sa Langit na lubusang maiba ang landas na tatahakin namin. Ibinigay Niya sa amin ang pagkakataong maging halimbawa sa panahong inakala namin na walang nagmamasid sa amin, at naging kasangkapan Niya kami sa paggawa ng mabuti nang piliin naming sumunod. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.*

# Ang PINAKAMAHIRAP NA NARARANASAN ng Isang MISSIONARY

*Kung minsan ang pinakamalaking hamon sa gawaing misyonero ay hindi ang gawaing misyonero mismo.*

**Ni Wendy Ulrich, PhD.**

Sinabi sa akin minsan ng isang missionary, "Kapag sinasabi ng mga tao na mahirap sa misyon, iniisip ko na ang ibig nilang sabihin ay giginawin ako sa klima o mahihirapan sa titirahan ko o magkakaproblema ako sa pagsasalita ng bagong wika. Ngunit para sa akin ang pinakamahirap na nararanasan ko ay kung ano ang nasa isipan ko—tulad ng panghihina ng loob o pagkayamot sa kompanyon o pagiging asiwa sa pakikipag-usap sa hindi kakilala—ang simpleng pakikitungo sa mga tagumpay at pagkabigo, ang di pagtanggap, ang pagbabago."

Upang makapaghanda sa misyon, maaari at dapat mong basahin ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at matutuhang magluto at maglaba. Ngunit dapat mo ring maranasan ngayon ang pagkakaroon ng *matatag na kalooban, pakikihalubilo, at iba pang* mga kakayahang kakailanganin mo bilang isang missionary. Narito ang listahan ng ilan sa mga kakayahang ito. Maaari mong lagyan ng tsek ang isa o dalawa sa mga ito na sisimulan mong gawin.

## Kakayahang Magpakumbaba nang Hindi Nakadarama ng Panlalait

Isang sister missionary sa Alabama, USA, ang nagsabi minsan sa akin, "Akala ko noong i-set apart ako, magkakaroon ako ng superpowers. Kaya parang nagulat ako dahil pagdating ko sa misyon wala namang nabago sa akin. Naroon pa rin ang aking mga kahinaan, takot, at mga kakulangan. At hindi talaga nawala ang mga iyon. Kinailangan kong matutuhang mapunan ang aking mga pagkukulang sa paggawa ng gawain ng Panginoon."

Marami man o kaunti ang mga nakamtan mo na sa buhay bago ka nagmisyon, kung ikaw ay mapagpakumbaba, madaling turuan, at handang magsikap at kumilos, tutulungan ka ng Panginoon. Ngunit ang mga kakayahan mo bilang missionary ay mapapahusay lamang kung gagamitin mo ito, kung magtatanong ka, hihingi ng tulong, at patuloy na magsisikap. Kung ang paniniwala mo ay likas talaga sa tao ang mahusay (o mahina) sa gawaing misyonero, pagsasalita ng ibang wika, pagtataglay ng patotoo, o pakikipagugnayan, mas mahihirapan ka.

Minsan ay sinabi sa akin ng isang missionary, "Kinailangan kong matutuhan na ito ay gawain ng Panginoon, hindi sa akin. At okey lang kung pakiramdam ko ay kulang ako sa kakayahan dahil talaga namang kulang *ako* sa kakayahan. Hinding-hindi sasapat ang kakayahan ko sa mga bagay na tanging Diyos lang ang makakagawa. Marami pa akong dapat pagbutihin, ngunit hindi kailangang kayanin ko ito nang mag-isa. Makakaasa ako sa Kanya."

Sikaping gumawa ng bago at mahihirap na

MGA PAGLALARAWAN NI HEATHER LANDIS



bagay. At matututuhan mo na huwag masyadong isipin na may mga kakulangan ka. Halimbawa:

- Subukan mong gawin ang mga bagay na medyo iba sa mga nakasanayan mo, gaya ng bagong trabaho, karagdagang aktibidad, o mga kurso na hindi ka pamilyar. Magtanong ka, humingi ng tulong, alaming mabuti ang mga nagawang mali, at magsikap pa. Gumawa ng mga bagay na kailangan ng pagsasanay at pagsisikap para magkaroon ka ng tiwala na *magagawa* mong humusay kung magsisikap ka.
- Huwag mong pansinin ang mga naririnig mo sa isip mo na nagsasabing may mga tao na ipinanganak nang may talento, matalino, o magaling makisama sa mga tao at mayroon namang hindi ganito. Ang pinakamahuhusay na atleta, musikero, iskolar—at mga missionary—ay nakaranas muna ng maraming kabiguan at matagalang pagsasanay bago nakaranas ng tagumpay.






### Kakayahang Harapin ang Posibleng (at Talagang Nangyayaring) Hindi Pagtanggap ng mga Tao

Ang hindi pagtanggap ng mga tao at panghihina ng loob ay araw-araw na nararanasan sa misyon. Magsanay na makipagsapalaran at makaranas na hindi tanggapin para mas handa ka nang huwag maapektuhan nito.

- Mag-aplay ng trabaho at magpainterbyu, at magtrabaho nang part-time o full-time.
- Subukang sumali sa isang team o laro.
- Magyaya ng makakadeyt o makakasama sa mga aktibidad.
- Kapag hindi nangyari ang inaasahan mo, isipin ang mga naisip at mga nagawa mo na nagpagaan ng iyong kalooban.
- Matuto mula sa mga balakid at sumubok muli.

### Ang Kakayahang Bigyan ng Motibasyon ang Sarili

Dapat alam natin kung paano bigyan ng motibasyon ang sarili kapag naiinip tayo at paano panatagin ang sarili kapag masyado na tayong balisa.

- Kung nakakainip ang sitwasyon o parang walang progresong nangyayari, tingnan kung ano ang mali at paano ito itatama, huwag itong dibdibin, kundi sa halip ay alamin na lang kung ano ang matututuhan mo.
- Pakiramdaman kung masyado ka nang nababalisa at alamin kung ano pa ang maaari mong gawin sa misyon na magpapakalma sa iyo (makipag-usap sa isang tao, magpahinga, magsulat, kumanta, maglakad-lakad). Maghinay-hinay muna, himayin ang problema, magpatulong sa iba, gumawa ng unti-unting pagbabago, magdasal, at labanan ang mga di-magandang naiisip mo.

### Kakayahang Maunawaan ang Pagkakaiba ng mga Tao

Ang mga kompanyon, mga lider, miyembro at mga investigator ay mababait at masasayang kasama ngunit kung minsan susubukin din nila ang pasensya mo.

Praktisin mong gawin sa mga kapatid at kaibigan mo na:

- Matutong pahalagahan ang iba sa pamamagitan ng pagtatanong kung bakit nila ginagawa ang ginagawa nila.
- Maging responsable at taos-pusong humingi ng paumanhin kapag nakasakit ka ng damdamin ng iba dahil sa ugali mo, kahit hindi mo naman intensyong saktan sila.
- Unawain nang may malasakit ang paguugali ng ibang tao. Huwag magtanim ng hinanakit.
- Sabihin ang problema at humingi ng tulong na lutasin ito sa halip na sisihin ang iba o magreklamo.
- Kapag may di-pagkakaunawaan, magsalita nang malumanay at igalang ang damdamin ng iba.
- Maging roommate sa isang taong kaiba sa iyo. Alamin at tingnan ang maganda sa mga bagay na mas nagugustuhan nila.









### Kakayahang Makipag-usap sa mga Tao

Mahiyain ka man o hindi, kaya mong matutuhan ang tamang pakikipag-usap na kakailanganin mo sa misyon at sa buong buhay mo.

Kung mahiyain ka:

- Gawing layunin na kumausap ng bagong kakilala [lalo na ang mga di-kakilalang adult] nang limang minuto bawat linggo.
- Ngumiti, maging mausisa tungkol sa mga tao, at matutong magtanong ng mga bagay na makakahikayat sa mga tao na magsalita.
- Alamin kung paano mo sisimulan ang pakikipag-usap at kung paano tatapusin ito.
- Pakiramdaman kung gustong makipag-usap sa iyo ang ibang tao para maging handa ka na makinig at tumugon.

Kung palakaibigan ka:

- Magtanong para mapagsalita mo ang iba.
- Magsanay na makinig na mabuti.
- Tingnan kung nagpapakita na ng pagkabagot ang kausap mo. Bigyan ng pagkakataong makabahagi ang iba.

### Kakayahang Pangalagaan at Palakasin ang Katawan

Bilang mission president, kinausap ng aking asawa ang isang missionary na lumung-lumo at parang hirap na hirap. Naisip ng asawa ko na itanong ito sa kanya, "Elder, ano ang inalmusal mo?"

"Ice cream po."

"Ano ang kinain mo sa tanghalian?"

"French fries po."

"Ano ang kinain mo sa hapunan?"

"French fries at ice cream po."

"Gaano katagal nang French fries at ice cream lang ang kinakain mo?"

"Mga isang buwan na po."

"Heto ang assignment mo: umuwi ka at kumain ng kahit anong pagkain na kulay berde—pero hindi mint ice cream."

Ang tamang pagkain at ehersisyo ay talagang nakakaapekto sa disposisyon natin sa buhay. Simulan na ngayon na:

- Alamin ang tungkol sa tamang nutrisyon. Kumain ng masustansyang pagkain. Kung maselan ka sa pagkain, subukan mong kumain ng bagong pagkain.
- Mag-ehersisyo. Ang regular na ehersisyo ay nakakatulong para maiwasan ang labis na pag-aalala at depresyon. Simulan muna sa simpleng ehersisyo, tulad ng paglalakad sa gabi (kasama ang isang kaibigan o habang nakikinig ng musika), magmartsa sa kinatatayuan habang may patalastas sa TV, o gumawa ng ilang sit-up at push-up.
- Pag-ingatan ang mga gamit at damit mo, at huwag mag-aksaya ng pera at panahon.
- Matulog sa tamang oras. Kung nahihirapan kang matulog o magising, magpatulong sa iba. Ugaliing matulog at magising sa tamang oras para sanay ka nang gawin ito kapag missionary ka na.





### Kakayahang Maging Positibo ang Pananaw sa Buhay

- Maging masayahin. Pagtawanan ang sarili, huwag ang iba. Huwag mong masyadong seryosohin ang mga bagay-bagay para hindi ka mabalisa.
- Itanong mo sa mga nakapagmisyon kung paano nila nakayanan ang isang mahirap na bagay. Alamin ang mga ideya na maaari mong gamitin.
- Ilista ang mga banal na kasulatan at himno na nagpapasaya sa iyo at nagpapalakas ng pananampalataya mo.
- Labanan ng magandang bagay ang di-magandang nauulinigan mo. Kung ang tinig na iyon ay mapangutya, mapanghamak, nanghihiya, galit, malupit, o tinatanggalan ka ng pag-asa o pinapahina ang loob mo, hindi iyon mula sa Panginoon. Ang Kanyang tinig ay mananatiling puno ng pag-asa, mapaghikayat, at mahabagin, lalo na kapag nagsisikap ka.

### Kakayahang Palakasin ang Espirituwalidad

- Manalangin nang taimtim. Anyayahan ang Ama sa Langit na maupo sa tabi mo, at hayagang sabihin sa Kanya ang iyong mga problema, ninanais, at pinapasalamatan. Subukang manalangin nang malakas, magdasal na may hawak na lapis at papel para maisulat ang mga impresyong nadarama mo, o magdasal para lang magpasalamat.
- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Hanapin at umasang matatanggap mo ang sagot sa mga alalahanin mo.
- Maging missionary na ngayon. Lumabas at maglingkod kasama ang mga full-time missionary, gawing paksa ang ebanghelyo sa araw-araw na pakikipag-usap mo sa iyong mga kaibigan, at magpatotoo nang taos-puso sa simbahan. Mas matutuwa ka sa gawaing misyonero habang ginagawa mo ito. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



### DALAWANG URI NG TAO NA KARANIWANG NAHIHIRAPAN

Kabilang sa mga taong nahihirapan sa misyon sa aspetong emosyonal:

- **Yaong mga hindi nahirapan sa pag-aaral sa eskwelahan.** Ang mga taong matatalino at mahuhusay na kahit hindi gaanong nagpapakahirap mag-aral ay maaaring isipin na parang may madyik ang mga kakayahan nila. Kapag hindi na gumana ang madyik (at nangyayari ito anumang oras), hindi nila alam ang gagawin kaya hindi na lang nila ipinapaalam na nagkamali sila. Sa huli dapat matutuhan ng lahat na magpakumbaba, magsipag, magsanay, humingi ng tulong, at kayanin ang mga balakid at kabiguan para patuloy na umunlad at humusay.
- **Yaong mga taong hindi pa nakaranas ng malaking tagumpay.** Iniisip ng ilang tao na kaya sila nahihirapan ay dahil mangmang sila o walang alam sa buhay. Ngunit ang utak ng sinuman ay mas tumatalino at maraming nagagawa kapag sila ay nagpopokus, inaalam kung ano ang mali, nag-iisip ng magandang solusyon, humihingi ng tulong, nagtatrabaho nang husto, at nagsasanay.

Saan ka man kabilang dito, paalalahanang palagi ang sarili na walang taong ipinanganak na mahusay na missionary kaagad. Nagiging mahusay ang missionary kapag nagsasanay, masipag, handang makipagsapalaran, hinaharap ang mga balakid, sumusubok na muli matapos magkamali, natututo sa iba, at umaasa nang lubos sa Panginoon. Mahal ka Niya at tutulungan kang gampanan ang iyong personal at full-time mission.

### PAGHAHANDA PARA SA BUHAY-MISSIONARY

*Para sa iba pang mga ideya kung paano maghanda ngayon para sa misyon, bilhin ang buklet na* Pag-adjust sa Buhay-Missionary *sa store.lds.org o humingi sa inyong bishop.*



# ANG BAHAGING PARA SA ATIN

*Naranasan na ba ninyo ang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon sa inyong buhay? Subukan ito tulad ng ginawa ng mga missionary na ito!*




## NATAGPUAN KO ANG KULANG

Noong nasa hayskul ako, hindi ko nagustuhan ang ilang doktrina ng Simbahan. Dahil dito dumalang na ang pagsisimba ko. Dumalo ako sa ilang aktibidad sa ibang simbahan, ngunit hindi ako lubos na naging masaya rito. Parang may kulang.

Matagal kong hinanap ang kulang, ngunit isang araw pagkatapos kong magdasal, dumilat ako at nakita ang Aklat ni Mormon sa ibabaw ng mesa ko. Patulog na ako noon nang bigla kong naisip: “Ipinanganak akong Mormon. Bakit hindi ko pa natatapos basahin ang Aklat ni Mormon?” Kaya nang araw na iyon nagpasiya akong tapusing basahin ang Aklat ni Mormon.

Matapos ang maraming taon ng paghahanap, natagpuan ko ang kulang sa kaligayahang iyan. ■

Elder Jayme Promise, Philippines Quezon City Mission

## KAPAG BINASA NG MGA TAO ANG AKLAT NI MORMON

Noong nasa misyon ako nakakita ako ng mga taong umiinom ng alak, naninigarilyo, at nagdodroga, at nang basahin nila ang Aklat ni Mormon ay nagbagumbuhay at bumalik sa kanilang mga pamilya at sa Simbahan. Nakakita ako ng mga alibughang anak na nagsibalik sa tahanan at nagmisyon nang mabasa ang aklat na ito. Nakakita ako ng mga wasak na pamilya na matapos basahin nang sama-sama ang Aklat ni Mormon ay nabuklod sa templo kalaunan. Nakakita ako ng mga tao na talagang desperado at hindi na alam ang gagawin ngunit nang basahin nila ang aklat na ito, ay naging maayos ang mga bagay-bagay.

Kapag binabasa ko ang Aklat ni Mormon at gumagamit ng talata para tulungan ang isang tao, may nangyayaring mga himala. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nadarama sa bawat pahina nito, na naghihintay na mabago ang isang buhay, naghihintay na maganap ang isang himala. Maipapangako ko sa inyo na nangyayari ang mga himalang iyon tuwing magbabasa kayo ng Aklat ni Mormon. Hindi man nangyayari ang mga himalang ito ayon sa gusto natin o sa panahong gusto natin, ngunit mangyayari ito. ■

Elder Benjamin Baradi, Philippines Bacolod Mission

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

# ISANG TAONG NAGSUSUMAMO

*Mukha siyang masungit at mahirap kausapin. Medyo takot ako, pero gusto ko talaga siyang makausap.*

**Ni Stephen Dugdale**

Nakapaglingkod ako bilang missionary sa Catania, Italy. Minsan naranasan namin ng kompanyon ko ang isang mahirap na yugto sa aming gawain. Isang linggo ang lumipas na parang walang nangyaring maganda, at sa bawat araw hindi na namin alam kung kaya pa ba naming manatiling masigla, ngumiti, at patuloy na magpursige.

Isang gabi, determinado kaming baguhin ang takbo ng mga pangyayari. Naglibut-libot kami at kinausap ang mga tao sa parke na malapit sa bahay namin, at nakita namin ang lalaking ito na nakaupo sa bangko na nakayuko at nagsisigarilyo. Kulay itim ang lahat ng suot niya at makapal ang jacket na may hood na nakatalukbong sa kanya. Mukha siyang masungit at mahirap kausapin. Tiningnan ko siya, tiningnan din siya ng kompanyon ko, nagtinginan kami, at tumingin muli sa kanya.

Tinanong ako ni Elder Farley, "Nakausap na ba natin siya dati?"

"Palagay ko oo, kasi parang kilala ko siya," sagot ko.

"Ako rin parang pamilyar siya sa akin," sabi ni Elder Farley.

Kaya nilapitan na namin siya. Natatakot ako dahil hindi siya ang tipo ng tao na karaniwang kakausapin ko, ngunit parang may nagtutulak sa akin na kausapin siya.

"Magandang gabi po, kumusta kayo?" tanong namin.

Tumingin siya na nakakunot ang noo, na parang sinasabing, "Sino ba itong mga istorbong ito!?" Pagkatapos ay mahina siyang sumagot ng, "Magandang gabi." Nagpakilala kami na mga missionary kami, at mabilis niyang sinabi sa amin na hindi siya naniniwala sa Diyos at sa anumang bagay. Tinanong namin kung bakit, na palagay ko ay ikinagulat niya.

"Dahil nawalan ako ng ina, ama, kapatid at ng pamangkin sa loob lang ng isang buwan, at dahil diyan napakadesperado na ng buhay ko. Walang ibang nagawa ang relihiyon kundi gawing miserable ang buhay ko."

Tinanong namin kung alam ba niya kung nasaan ang mga mahal niya sa buhay.

"Nasa Catania cemetery, kung saan matagal na silang nakalibing," sagot niya.

Ipinaliwanag namin sa kanya ang daigdig ng mga espiritu at ang Pagkabuhay na Mag-uli. Sinabi namin sa kanya na sa ngayon magkasama ang espiritu at katawan natin, at ang kamatayan ay pansamantalang paghihiwalay lamang ng espiritu at ng katawan. Sinabi namin sa kanya na naghihintay lamang ang kanyang pamilya hanggang sa magkasamang muli ang kanilang mga katawan at espiritu at mabubuhay nang magkakasama nang walang hanggan.

Tumingin siya sa amin, na nagugulumihanan, at sinabing, "Hindi ko maunawaan iyan. Pakiulit nga ninyo ang lahat ng sinabi ninyo?"

Kaya inulit namin lahat. Pagkatapos ay napataas ang kilay niya na naguguluhan, at sinabing, "Sandali, espiritu at katawan ako? At ang pamilya ko ay naghihintay lang sa akin at tinuturuan ngayon?"

**KABILANG SA PAMILYA NG DIYOS**

"Lahat [ng mga tao] ay mga anak ng Diyos, mga kapatid mo. Mahal sila ng Diyos tulad ng pagmamahal Niya sa iyo. Marami sa mga taong ito ang naghahanap sa layunin ng buhay. Nag-aalala sila para sa kanilang mga pamilya. Kailangan nilang madama na kabilang sila at ito ay nagmumula sa kaalamang sila ay mga anak ng Diyos, mga miyembro ng Kanyang walang hanggang pamilya."

***Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 1.**

Binasahan namin siya ng ilang talata mula sa Alma 40 at sa iba pang mga kabanata, at tiningnan niya kami at tinanong, "Bakit ngayon ko lang narinig ito?"

Wala pa yata akong nakilalang tao na talagang mas mapagpakumbaba pa sa taong ito. Ang taong ito ay matagal nang naliligaw, nalilito, at nalulungkot. Tinanggap niya lahat ang sinabi namin, at sinabi niya sa amin na hindi niya ito lubos na nauunawaan dahil noon pa lang niya narinig ang tungkol dito, pero gusto niya ang lahat ng ito.

Itinuro namin sa kanya kung paano tayo makakatanggap ng sagot sa pamamagitan ng panalangin. Mahigit 30 taon na siyang hindi nagdarasal, at ang huling pagkakataon na nagdasal siya ay noong maliit pa siya. Matapos naming pag-usapan ang tungkol sa mga sagot mula sa Espiritu, itinanong niya kung ano ang pakiramdam ng madama ang Espiritu. Dahil iba-iba ang karanasan namin, pareho kaming nagbahagi ng kompanyon ko kung paano namin ito nararamdaman. Sinabi ko sa kanya na para itong yakap mula sa inang matagal mo nang hindi nakikita. Naganyak akong mangako sa kanya na maaari din niyang maramdaman ang bagay na iyon, isang yakap ng kanyang ina na napakatagal nang nawalay sa kanya.



Tinanong namin kung maaari ba namin siyang makasamang magdasal. Nagtataka pa rin siyang nagtanong, "Ngayon na? Dito, sa parke?"

"Puwede tayong magdasal kahit kailan, kahit saan natin gusto," sabi ko sa kanya. "Gusto ng Diyos na kausapin natin Siya, lalo na ikaw dahil napakatagal na panahon nang hindi mo Siya kinakausap."

Noon pa lang siya nakarinig ng panalangin na hindi kinabisado at inialay sa isang santo, kaya gustung-gusto niyang malaman kung gaano ito kabisa. Nagsiyuko kami, at ang kompanyon ko ang nagdasal para sa aming bagong kaibigan, si Alfio, at hiniling na basbasan, tulungan, at panatagin siya. Hiniling niya na maramdaman ni Alfio na maayos ang kalagayan ng kanyang pamilya at na totoong may Diyos. Natapos ang panalangin, at nanlalaki ang mga mata sa pagkamangha na tiningnan kami ni Alfio.

"Dapat ko itong sabihin sa inyo," sabi niya. "Hindi ako sinungaling na tao, lalo na sa bagay na tulad nito. Naramdaman kong niyakap ako nang mahigpit ng aking ina. Matagal nang walang yumayakap sa akin. Napakasarap sa pakiramdam ng yakap na iyon. Gusto kong malaman kung paano ko mararamdaman ulit iyon, dahil gusto kong makaramdam pa ng yakap na tulad niyon."

**"Hindi pa ako naglakad nang hindi nakayuko. Mula nang magdasal tayo, lumalakad na ako nang hindi nakayuko, at pinagmamasdan ang lahat. Maganda ang mundong ito."**

Kinabukasan nagkita kaming muli. Umupo sa tabi namin si Alfio sa dating inupuan niya at sinabi, "Elders, sa buong buhay ko naglalakad ako nang nakatalukbong at nakayuko, nakatitig sa lupa. Hindi pa ako naglakad nang hindi nakayuko. Mula nang magdasal tayo, lumalakad na ako nang hindi nakayuko, at pinagmamasdan ang lahat. Maganda ang mundong ito."

Tulad nang inaasahan, patuloy naming tinulungan si Alfio na makadama ng mas maraming yakap, mas makakita ng liwanag, at mas lumigaya sa buhay. Ang nakakatakot na lalaki sa upuan na parang magagalit sa amin ay isa palang tao na nagsusumamo, naghahangad na madamang muli ang pagmamahal ng Kanyang Ama sa Langit. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Missouri, USA.*



**Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol



# PAANO **MATUTULUNGAN ANG MGA MISSIONARY**

Angkop tayong nagdarasal para sa kaligtasan at tagumpay ng full-time na mga missionary sa buong mundo. At ang elementong karaniwan sa marami nating panalangin ay ang kahilingang magabayan ang mga missionary sa mga tao at pamilyang handang tanggapin ang mensahe ng Panunumbalik. Ngunit sa huli responsibilidad ko at ninyo na humanap ng mga taong tuturuan ng mga missionary. Ang mga missionary ay mga full-time na mga guro; kayo at ako ay full-time na mga tagahanap. At kayo at ako bilang habambuhay na mga missionary ay hindi dapat ipagdasal na gawin ng full-time na mga missionary ang ating gawain!

Kung kayo at ako ay tunay na magdarasal at hihingi nang may pananampalataya, tulad ng ginawa ni Joseph Smith—kung [magdarasal tayo nang may hangaring] kumilos at hindi lamang magsalita—ang pangangaral ng ebanghelyo ay lalaganap sa pambihirang paraan. Maaaring isama sa gayong panalangin nang may pananampalataya ang ilan sa sumusunod na mga elemento:

- Pasasalamat sa ating Ama sa Langit para sa mga doktrina at ordenansa ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, na nagbibigay ng pag-asa at kaligayahan sa ating buhay.
- Paghiling na bigyan ng lakas-ng-loob at tapang na ibuka ang ating bibig at ibahagi ang ebanghelyo sa ating pamilya at mga kaibigan.
- Pagsamo sa Ama sa Langit na tulungan tayo na matukoy ang mga indibiduwal na tao at pamilyang handang tanggapin ang ating paanyayang turuan sila ng mga missionary sa ating tahanan.
- Pangakong gagawin ang ating bahagi ngayong araw at sa linggong ito at paghingi ng tulong na madaig ang pag-aalala, takot, at pag-aatubili.
- Pag-asam sa kaloob na makaunawa—na makita ng mga mata at marinig ng mga tainga ang mga pagkakataong makapangaral pagdating ng panahon.
- Pagdarasal nang taimtim para sa lakas na kumilos ayon sa alam nating nararapat.

Ang pasasalamat ay ipapahayag, at ang iba pang pagpapala ay hihilingin sa gayong panalangin, na tatapusin sa pangalan ng Tagapagligtas. At ang sagradong gawain ng panalanging iyon ay magpapatuloy at mag-iibayo.

Ang ganitong huwaran ng banal na pakikipag-usap at sagradong gawain ay maiaangkop sa ating mga panalangin para sa mahihirap at nangangailangan, sa mga maysakit at karamdaman, sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na nahihirapan, at sa mga hindi dumadalo sa mga miting ng Simbahan.

Pinatototohanan ko na nagiging makahulugan ang panalangin kapag humihingi tayo nang may pananampalataya at kumikilos. Inaanyayahan ko ang lahat na manalangin nang may pananampalataya tungkol sa banal na atas na ipangaral ang ebanghelyo. Habang ginagawa natin ito, nangangako ako na mabubuksan ang mga pintuan at pagpapalain tayo upang makilala at kumilos ayon sa mga pagkakataong ilalaan. ■


*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2008.*

## "Ang mga magulang ko ay nagmumura, nakikinig sa malalakas na musika, at nanonood ng masasagwang palabas sa TV. Ano ang magagawa ko para madama ang Espiritu sa bahay, lalo na tuwing Linggo?"

Noong binyagan ka, natanggap mo ang kaloob na Espiritu Santo. Ibig sabihin nito anuman ang sitwasyon mo, mapapasaiyo ang Espiritu kung mananatili kang karapat-dapat at kung tama ang mga desisyon mo.

Sa pagtanggap mo ng sakramento bawat linggo, mapapaalalahanan ka ng mga tipang ginawa mo sa Ama sa Langit na "taglayin sa [iyong] sarili ang pangalan ng [Kanyang] Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan . . . nang sa tuwina ay mapasa[iyo] ang kanyang Espiritu upang makasama [mo]" (D at T 20:77). Sa pagtupad mo sa iyong mga tipan, nananatili kang karapat-dapat sa patnubay ng Espiritu.

Ang pagdalo sa sacrament meeting at iba pang mga miting ng Simbahan ay hindi lamang ang tanging paraan na maitutuon mo ang araw ng Linggo sa pagtupad ng tipan. Anuman ang sitwasyon sa bahay ninyo, maipapakita mo sa Ama sa Langit na tumutupad ka sa iyong mga tipan kapag gumagawa ka ng family history, nag-aaral ng ebanghelyo, at naglilingkod sa iba, lalo na sa mga nalulungkot o maysakit. Ang paggawa ng mga aktibidad na ito, kahit hindi ito ginagawa ng pamilya mo, ay magpapasaya sa iyo. (Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Sabbath ay Kaluguran," *Liahona,* Mayo 2015, 129–32.)



### Magsalita Ka

Miyembro man ng Simbahan o hindi ang mga magulang mo, sabihin mo sa kanila kung bakit mahalaga sa iyo na madama lagi ang Espiritu sa bahay ninyo, lalo na sa araw ng Linggo. Sa sitwasyon mo, maaari mong piliin ang pinakatahimik na lugar sa bahay ninyo at mag-anyaya ng ibang mga miyembro ng Simbahan na samahan ka at magkakasama ninyong anyayahang pumaroon ang Espiritu. Alam ko na kung pananatilihin mong banal ang araw ng Sabbath, pagpapalain ka nang lubos ng Panginoon.

*Joskares C., edad 16, Santo Domingo, Dominican Republic*

### Magtuon sa Paggawa ng Mabubuting Bagay

Laging mahirap ang sitwasyon ko sa bahay kapag Linggo. Ako lamang ang miyembro ng Simbahan sa pamilya namin, at kapag Linggo nanonood ng TV at nakikinig ng gusto nilang musika ang mga magulang at kapatid ko. Gusto kong ipakita ang pagmamahal ko sa aking Ama sa Langit sa pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath. Pumupunta ako sa kuwarto ko at nagbabasa ng mga banal na kasulatan, nakikinig ng musika ng Simbahan, at bumibisita kasama ang mga kaibigan ko at ang mga missionary. Nagpapasalamat ako sa tulong ng Panginoon dahil napapahalagahan ko nang lubos ang araw ng Sabbath at sa lakas na palagi Niyang ibinibigay sa akin.

*Lais de Jesus M., edad 19, Sergipe, Brazil*

### Basahin ang mga Banal na Kasulatan

Kausapin ang mga magulang mo tungkol sa mga ginagawa nila, pero kung ayaw nilang makinig, ipagdasal



*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

mo na tulungan kang madama ang Espiritu sa bahay ninyo. Para madama ang Espiritu sa bahay namin, nagbabasa ako ng mga banal na kasulatan, at nararamdaman ko na kaagad ang Espiritu.

*Blake E., edad 14, Utah, USA*



## Ipagdasal ang Iyong mga Magulang

Maaari mong ipagdasal ang mga magulang mo. Tulad ng isinulat ni Mormon, "Maaalaala rin ng Panginoon ang mga panalangin ng mabubuti, na isinamo sa kanya para sa kanila" (Mormon 5:21). Maaaring hindi tumigil kaagad ang mga magulang mo, pero tutulungan ka ng Panginoon.

*Cole M., edad 17, Arizona, USA*



## Gumamit ng mga Materyal ng Simbahan

Kung may smart phone o tablet ka, maaari mong i-download ang Mormon Channel at LDS Youth apps. Ang daming magagandang awitin dito, mga video, at mga mensahe na laging nag-aanyaya sa Espiritu kapag pinapatugtog ko! Simple lang ito, pero talagang tinutulungan ako nitong madama ang Espiritu kahit na maingay sa paligid ko. Malaki ang naitutulong nito at nagdudulot ng kapayapaan sa buong bahay.

*HunterEve V., edad 16, Texas, USA*

## Tularan ang Halimbawa ni Cristo

Mahalaga na ang isang tahanan ay mapuspos ng Espiritu, ngunit mas mahalaga na mapuspos nito ang tao. Si Cristo ang perpektong halimbawa ng isang palaging puspos ng Espiritu. Ang sikaping mamuhay nang tulad ni Cristo, maging mabait sa iba, at makita ang mundo sa kung paano Niya nakikita ito ang siya na sigurong pinakamagandang paraan na mapapasaiyo lagi ang Espiritu saan ka man naroon.

*Isabel W., edad 16, Oregon, USA*

## Magmungkahi ng mga Aktibidad para sa Pamilya

Tuwing Linggo, siguro magandang magmungkahi ka ng puwede ninyong gawin ng pamilya mo nang magkakasama. Magmungkahi ng isang bagay na magagawa ng pamilya nang sama-sama kung saan maiiwasan ang mga bagay na di angkop sa Sabbath. Kapag sama-sama ninyong ginagawa ang isang bagay, mas magiging malapit ang pamilya ninyo sa isa't isa. At dahil dito maiisip nila na may iba pala kayong maaaring gawin kapag Linggo. Siguro sa susunod na Linggo ay sasabihin nila, "Uy, ang saya ng ginawa natin noong nakaraan—ulitin natin."

*Ryan B., edad 19, Idaho, USA*



### KUMILOS AYON SA MGA ESPIRITUWAL NA PARAMDAM

"Iminumungkahi ko ito. Nagkaroon na kayo ng mga pagkakataon na nadama ninyo ang impluwensya ng Espiritu Santo. . . .

"Maaari ninyong ituring ang mga sandaling iyon ng inspirasyon na parang binhi ng pananampalataya na inilarawan ni Alma (tingnan sa Alma 32:28). Itanim ang bawat isa. Magagawa ninyo iyan sa pagkilos ayon sa paramdam na nadama ninyo. Ang pinakamahalagang inspirasyon ay ang malaman ninyo kung ano ang gustong ipagawa ng Diyos sa inyo. . . .

"Kapag sumunod kayo, lalong dadalas ang mga paramdam ng Espiritu, na palapit nang palapit sa patuloy na patnubay Niya. Ang kapangyarihan ninyong pumili ng tama ay mag-iibayo."

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Espiritu Santo Bilang Inyong Patnubay" *Liahona*, Nob. 2015, 105.**

## SUSUNOD NA TANONG

"Sinabi ng aking matalik na kaibigan na hindi raw siya naniniwala sa Diyos. Paano ko ibabahagi sa kanya ang ebanghelyo?"

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Hulyo 1, 2016, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

PAANO MAGING

# ISANG MABUTING KAIBIGAN

Ni David Morales

*Gusto nating lahat na kabilang tayo. Narito ang magagawa ninyo kung sa pakiramdam ninyo ay ipinupuwera kayo o ang isang tao.*

Naging investigator ako sa Simbahan noong tinedyer ako, pero tumigil ako sa pagdalo sa mga miting ng Linggo dahil parang ipinupuwera ako ng karamihan sa mga kabataan. Minsan, niyaya ako ng isa sa mga kabataan sa isang aktibidad sa Simbahan. Sumama ako at nagustuhan ko ang mga aktibidad dahil iyon ang mga bagay na gusto kong ginagawa: pag-arte, paglalaro ng basketball, at pagtakbo.

## PAANO MAGKAROON NG MABUBUTING KAIBIGAN

Malungkot kapag ipinupuwera ka, pero wala namang maitutulong kung maiinis ka o maghihinanakit. Kaya, subukan mo na lang gawin ang mga bagay na ito:

- Makibahagi sa mga aktibidad ng Simbahan. Ito ay magagandang pagkakataon na makasama ang mga taong iginagalang ang mga pamantayan mo.
- Mag-aral at paunlarin ang mga bagong skill o kasanayan. Ang pagsali sa mga student association, sports team, o mga club ay magandang paraan para makakilala ka ng mga tao na ang mga interes ay katulad ng sa iyo.
- Huwag mong laging asahan na ibang tao pa ang maunang makipagkaibigan sa iyo. Ipakilala mo ang sarili mo sa iba.
- Magpakita ng mabuting-asal at laging sundin ang mga pamantayan mo. Makakakita ka ng mga kaibigan na magpapahalaga sa iyo dahil sa ugali mo at sa inspirasyong hatid mo.
- Mag-ukol ng oras sa iyong pamilya. Baka matuklasan mo na sa sariling tahanan mo lang pala matatagpuan ang ilan sa matatalik mong kaibigan.



Sa patuloy na pagsama ko sa mga aktibidad, nakilala ko ang mga kabataan doon at nalaman ko na marami sa kanila ang nag-aaral din sa eskwelahan ko. Nang tumagal-tagal naging kaibigan ko na ang mga kabataang lalaki at babae na kapareho ko ang mga pamantayang ipinamumuhay. Nagpapasalamat ako na may nag-anyaya sa akin na sumama sa aktibidad sa Simbahan, at nagpapasalamat ako na nagpaunlak ako.

Naramdaman na ba ninyo ang naramdaman ko: parang ipinupwera o hindi itinuturing na kabilang? O may kilala ba kayo na iniisip na hindi sila tanggap at walang gaanong kaibigan? Sa eskwelahan, sa simbahan, o saan man, maraming tao ang nakaramdam ng ganyan sa buhay nila.



## MAGING MAALALAHANIN SA IBA



"Sana lagi nating sikaping isaalang-alang ang damdamin ng iba at maging sensitibo tayo sa mga iniisip at nadarama at sitwasyon ng mga tao sa ating paligid. Huwag natin silang maliitin o hamakin. Sa halip, kahabagan at hikayatin natin sila."

**Thomas S. Monson, "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 93.**

## PAANO KAKAIBIGANIN ANG IBA

Kung minsan parang mahirap gawin ang bagay na hindi tayo komportableng gawin at ang makipagkaibigan sa ibang tao, ngunit kapag lagi nating iniisip na lahat tayo ay mga anak ng Diyos, makikita natin na mahalagang tulungan ang iba. Narito ang ilang mga ideya:

- Kausapin ang mga tao na bago pa lamang sa eskwelahan at sa Simbahan. Ipakilala sila sa iyong mga kaibigan.
- Anyayahan sa aktibidad sa eskwelahan o sa Simbahan ang isang taong nangangailangan ng kaibigan.
- Kausapin—nang may kabaitan at tiyaga—ang mga taong sinasadyang iparamdam sa iba na hindi sila kabilang.
- Umupo sa tabi ng isang taong nag-iisa o anyayahan siya na maupo sa tabi ninyo ng mga kaibigan mo.
- Manalangin sa Ama sa Langit kapag hindi mo alam kung paano tulungan ang isang tao. Lubos Niyang alam kung ano ang kailangan ng taong iyon para maging masaya at matutulungan ka na maibigay ang tulong na iyon. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Santa Cruz, Bolivia.*

MGA PAGLALARAWAN NI PABLO LUEBERT

# Panindigan ang Tama

Ni Aysia Tan, Utah, USA



## HI, AKO SI EVAN!

Nakatira ako sa Ireland, at mahilig akong maglaro ng hurling. Isport ito sa Ireland na kapareho ng field hockey. Ang paborito kong subject ay math. Ang pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isang biyaya sa akin.




### MATATAG NA NANININDIGAN SA ESKWELAHAN

*May bago akong kaeskwela na inaaway ang mga kapatid kong babae. Pinigilan ko siya at ipinagtanggol ang mga kapatid ko. Sumusunod din ako sa Word of Wisdom. Maraming estudyante sa paaralan ang umiinom ng tsaa at kape. Kapag may nag-aalok sa akin ng tsaa, sinasabi kong, "Ayoko, salamat na lang."*



## MGA TIP NI EVAN PARA MATATAG NA MANINDIGAN

Kailangan ng tapang para maipamuhay ang ebanghelyo.

- Huwag sumuko.
- Makinig sa Espiritu Santo. Gagabayan ka Niya.
- Alalahanin na mas mapapasaya natin ang ibang tao kapag tumulong tayo na mapasakanila ang ebanghelyo.

### NAGDARASAL KASAMA ANG MGA KAIBIGAN

***Nag-aaral ako sa eskwelahan ng Katoliko. Kaming magkakapatid lang ang mga miyembro doon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noong nagkasakit ang lola ko, tinanong ko ang titser ko kung puwede ko siyang ipagdasal. Humalukipkip at yumuko ang buong klase. Nagdasal ako nang malakas sa harap ng klase.***

### ANG PINAKAMABAIT NA KUYA

***Gumawa ako ng mga mithiin para patuloy kong magawa ang tama. Tinutulungan ko ang mga magulang ko sa pag-aalaga sa mga kapatid ko. Kapag natatakot ang mga kapatid ko, nakikipaglaro ako sa kanila hanggang sa malimutan nila ang takot. Minsan noong umalis ang mga magulang ko, kinuwentuhan ko ang kapatid ko hanggang sa makatulog siya.***

### MAGING HALIMBAWA

***Nakikita ng mga kaibigan ko sa eskwelahan na masaya ako. Hindi ako nagmumura o bumabanggit ng pangalan ng Panginoon nang walang kabuluhan para maipakita ko ang mabuting halimbawa. Maaari din akong maging halimbawa sa aking pamilya.***

## IPADALA MO SA AMIN ANG BAKAS NG PAA MO!

Paano ka naninindigang sumunod kay Jesus? Bakatin ang paa mo at ipadala sa amin ang iyong kuwento at retrato, kasama ang pahintulot ng iyong magulang. Ipadala ito sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article") o ipadala sa email sa liahona@ldschurch.org.





# Ang Kasa-kasama ni Jordan sa Pag-aaral

**Ni Kirstin Ide**

Batay sa tunay na buhay

*"Espiritu'y dama, sa puso ko t'wina, nalalamang aklat ay tunay"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *66*).

Mahigit isang taon nang hindi nakikita ni Jordan ang kapatid niyang si Kirsi—at parang napakatagal na niyon! Malapit nang umuwi si Kirsi mula sa misyon para magpaopera. Malungkot si Jordan dahil maysakit ang kapatid niya, pero masaya siya na malapit na silang magkasama.

Nang umuwi siya mula sa eskuwelahan kinabukasan, nakaupo na si Kirsi sa sopa. Patakbong lumapit sa kanya si Jordan at niyakap siya.

"Hi, Jordan! Na-miss kita!" Sabi ni Kirsi.

Ngumiti si Jordan. "Na-miss din kita! Sana gumaling ka na."

"Salamat, Jordan," sabi ni Kirsi. Hawak niya ang Aklat ni Mormon na nasa kandungan niya.

"Puwede ba kitang sabayan sa pagbabasa?" tanong niya.

"Sige, kunin mo ang iyong kopya ng Aklat ni Mormon, at basahin natin mula sa umpisa."

Tumakbo si Jordan sa kuwarto niya at kinuha ang kanyang aklat. "Heto na!" ang sigaw niya habang tumatakbong pabalik. Nagmamadali siyang tumabi kay Kirsi.

MGA PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON



*Nami-miss na ni Jordan na makasama si Kirsi sa pag-aral. Mabuti na lang at may naisip siya na magandang ideya!*

Binuklat nila ito sa bandang pahina ng pamagat. Pagkatapos ay binasa ni Jordan,"Ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo." Halinhinan sila sa pagbasa.

"Sa misyon pinag-aaralan namin ng kompanyon ko ang mga banal na kasulatan araw-araw," sabi ni Kirsi. "Puwede ba kitang maging kompanyon sa pag-aaral hanggang sa bumalik ako sa misyon?" tanong ni Kirsi.

"Oo, siyempre!" sabi niya.

Pagkalipas ng ilang araw, inoperahan na si Kirsi. Umuwi na siya mula sa ospital para makapagpahinga at magpagaling pa nang ilang linggo. Magkasama nilang binasa ni Jordan ang Aklat ni Mormon araw-araw.

Bago siya bumalik sa misyon, sinabi ni Kirsi, "Jordan, gusto kong hamunin ka na tapusin ang Aklat ni Mormon bago ka mabinyagan!"

Pinag-isipan iyon ni Jordan. Ilang buwan na lang at walong taong gulang na siya. Ang dami niyang babasahin. Pero gusto niyang gawin ito. "Sige," sabi ni Jordan.

"Sa pagbabasa mo, maaari bang ipagdasal mo kung totoo ito?" tanong ni Kirsi. "Ipinangako ni Moroni na kung gagawin natin iyan, sasabihin sa atin ng Espiritu Santo kung ito ay totoo."

"OK," sabi ni Jordan.

Bago bumalik si Kirsi sa misyon, umabot na sila hanggang sa 2 Nephi.

Talagang nami-miss ni Jordan si Kirsi. Nami-miss niya lalung-lalo na ang pag-aaral nila nang magkasama. Mabuti na lang at may naisip siya na magandang ideya!

Sa eskuwelahan kinabukasan, nilapitan niya si Jake na matalik niyang kaibigan.

"Babasahin ko nang buo ang Aklat ni Mormon bago ako mabinyagan," sabi ni Jordan. "Dahil sabay naman tayong bibinyagan, gusto mo bang gawin din iyon?"

"Oo," sabi ni Jake. "Hindi ko pa nabasa nang buo ang Aklat ni Mormon."

Araw-araw sa paaralan, laging ganito ang itinatanong nila sa isa't isa.

"Hanggang saan na ang nabasa mo?"

"Hanggang sa katapusan ng Jacob. Hanggang saan na ang nabasa mo?"

Nang sumunod hindi na nila kailangan pang itanong iyon. Magtitinginan lang sila at alam na nila ang tanong.

"Palagay ko bago ang binyag natin matatapos na tayo," sabi ni Jordan.

Sa wakas dumating ang araw ng kanilang binyag.

"Natapos na ako kagabi," bulong ni Jordan.

"Ako rin!" sabi ni Jake. "At ipinagdasal ko kung totoo ito, at ang saya ng pakiramdam ko."

Ngumiti si Jordan. "Pareho tayo. Ang saya-saya ko noong nagdasal ako." Talagang pinasasalamatan niya ang paghamon sa kanya ni Kirsi. Ngayon ay nagkakaroon na siya ng sarili niyang patotoo. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Virginia, USA.*




# Ang Buong Baluti ng Diyos

Itinuturo sa mga banal na kasulatan na dapat nating isuot ang "buong baluti" ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:11–18 at D at T 27:15–18). Kapag nag-aaral tayo ng mga banal na kasulatan at nananalangin, para tayong nagsusuot ng baluti na tumutulong sa ating manatiling ligtas.



**HELMET NG KALIGTASAN**
Ang helmet ay protek-syon sa ulo. Pinapanatili nating payapa ang ating isipan kapag sumusunod tayo kay Jesus at gina-gawa natin ang gusto Niyang ipagawa sa atin.

**KALASAG NG PANANAMPALATAYA**
Ang pananampalataya kay Jesucristo ay parang kalasag na proteksyon. Kapag tayo ay naniniwala kay Jesus at sinisikap nating maging katulad Niya, mapipili natin ang tama, kahit mahirap ang mga bagay-bagay.



MGA PAGLALARAWAN NI BRANDON DORMAN

**BALUTI SA DIBDIB NG KATUWIRAN**
Ang baluti sa dibdib ay proteksyon sa puso. Kapag mahal natin ang Diyos nang buong puso, sinisikap nating sundin ang mga utos Niya. Pinagpapala tayo kapag pinipili natin ang tama.

**BIGKIS NG KATOTOHANAN**
Ang bigkis ay sinturon na proteksyon sa katawan ng isang sundalo. Kapag alam natin ang totoo may proteksyon tayo. Ang ebanghelyo ay totoo, at ang pagsasabuhay ng ebanghelyo ay nagpapalakas sa atin.

**MGA SAPATOS NG PAGHAHANDA SA EBANGHELYO NG KAPAYAPAAN**
Ang mga sapatos ay proteksyon sa mga paa. Sinisikap nating sundan ang mga yapak ni Jesucristo para makapiling natin Siya balang-araw.

**ESPADA NG ESPIRITU**
Ang espada ay nakakatulong sa paglaban sa masasama. Tinutulungan tayo ng Espiritu kapag nakakaranas tayo ng masasama o mahihirap na bagay. Ang pakikinig sa Espiritu ay tumutulong sa atin na manatiling ligtas.

**Ano ang magagawa ninyo bawat araw para manatili na ligtas at masaya ang inyong espiritu?**



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ano ang mga ipinapangako natin sa oras ng binyag?



Tinataglay natin ang pangalan ni Jesucristo at nagiging miyembro tayo ng Kanyang Simbahan.

Pagkatapos niyan, sa pagtanggap natin ng sakramento linggu-linggo, nangangako tayo na laging aalalahanin si Jesus. Nangangako tayo na susundin ang Kanyang mga kautusan.





Nananalig tayo sa Kanya. Sinasamba natin Siya. Sinusunod natin Siya.

*Mula sa "Dumating Nawa ang Kaharian Mo"* Liahona, *Mayo 2015, 119–123.*

MGA PAGLALARAWAN NI HOLLIE HOBERT; LARAWAN NG TUBIG NA KUHA NG ISTOCK/THINKSTOCK

# ANG ATING PAHINA






*Ang saya ng pakiramdam ko noong binyagan ako. Kinabahan ako noong simula, pero nang lumusong na ako sa tubig, nawala na ang kaba ko. Alam kong walang masamang mangyayari sa akin sa baptismal font. Napakasaya ko dahil nagdesisyon akong magpabinyag. Alam ko na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay totoo at mayroong Diyos na buhay.*

**Neyliana V., edad 8, Brazil**





*Nagpunta kami ng pamilya ko sa templo, at alam ko na ang templo ay totoong bahay ni Jesucristo.*

**Helam A., edad 5, Peru**



*Ikinukuwento sa amin ng tatay at nanay ko ang tungkol sa templo. Nagpapakita sila sa amin ng larawan ng templo at nagpapatotoo tungkol sa mga walang hanggang pagpapala nito.*

**Tresor I., edad 7, Congo**


## Ang Paglikha

Dahil sa kabutihan ng Ama sa Langit nilikha Niya ang napakasayang mundong ito.
Nagbigay Siya ng liwanag sa kadiliman at lumikha ng hangin, karagatan, at mga lupain,
Pinasigla pa itong lalo ng napakaraming bagay na nilikha rito at ang mga pabagu-bagong panahon.
Nariyan ang araw, buwan, at mga bituin, at ang mga hayop na makakasama natin.
Pagkatapos ay nilikha ang tao para mamahala sa mundong ito.
Maaari nang magpahinga ang Ama sa Langit.
Sa banal na araw nalalaman natin ang marami sa mga katotohanang ito.

**C. Ling-yao, edad 10, Taiwan**

# Si Abis ay Isang Missionary

Tinuruan si Abis ng ama niya na maniwala kay Jesucristo. Sa lungsod nila, kaunti lang ang naniniwala kay Jesus. Noong pumunta sa lugar nila si Ammon at tinuruan si Haring Lamoni, alam ni Abis na gusto ng Ama sa Langit na ibahagi niya sa mga tao ang ebangheyo. Sa wakas ay nasabi niya sa lahat ng tao ang tungkol kay Jesus.



Gumawa kami dati ng pamilya ko ng mission plan. Nagpasiya kami kung ano ang kaniya-kanya naming gagawin. Ipinasiya ko na bigyan ng Aklat ni Mormon ang titser ko sa grade two. Nang ibigay ko ito sa kanya, sabi niya, "Salamat, Adam. Mahilig akong magbasa." Ang saya-saya ko dahil nakagawa kami ng pamilya ko ng mission plan.

**Amanda W., edad 8, Utah, USA**



***"Si Abis at ang Reyna," Marley D., edad 6, Washington, USA***

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!




## Maaari Akong Maging Missionary!


- ☐ Kabisaduhin ang Alma 19:36.
- ☐ Anyayahan ang isang kaibigan na pumunta sa Primary para malaman ang tungkol sa ebanghelyo.
- ☐ Palakasin ang inyong patotoo sa pagbabahagi nito sa isang tao!
- ☐ Ang hamon ko sa sarili ay . . .

______________________________

## Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang isang talata sa banal na kasulatan, kulayan ang magkakatugmang lugar na may numero sa mga binhi!

**1** Alma 31:5–6, 12–16, 24–26
**2** Alma 32:1, 4–7, 21–23, 28
**3** Alma 34:1, 8–10, 17–28
**4** Alma 36:5–11, 18–24
**5** Alma 37:3–7, 14–17
**6** Alma 38:1, 9
**7** Alma 40:11–12, 23–26
**8** Alma 41:10




PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND



## Lumalaking Pananampalataya

Sina Alma at Amulek ay nagturo sa maraming tao tungkol kay Jesucristo. Binago nila ang buhay ng mga tao dahil itinanim nila ang binhi ng pananampalataya. Sina Alma at iba pa ay mga missionary at itinuro ang salita ng Diyos. Maghanda na makapag-basang muli sa susunod na buwan! ■

Maaari kang mag-print ng mas maraming kopya sa liahona.lds.org.


# Itinuro ni Alma Kung Paano Magdasal



Si Nakakabatang Alma at ang iba pa ay nagturo sa mga Zoramita. Ang mga Zoramita ay dating naniniwala sa Ama sa Langit, ngunit hindi na sila sumusunod sa Kanyang mga utos. Hindi sila naniniwala kay Jesus.

At hindi rin nila maalala ang tamang paraan ng pagdarasal.

Minsan sa isang linggo, halinhinan sa pagdarasal ang mga Zoramita. Umaakyat sila sa isang mataas na tindigan. Itinataas nila ang kanilang mga kamay. Pagkatapos ay ipinagpapasalamat nila sa Ama sa Langit na sila ay mas espesyal kaysa ibang tao. Inuulit lang ng bawat tao ang gayon ding panalangin.



MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Nagdarasal lang ang mga Zoramita kapag umaakyat sila sa tindigan. Hindi nila iniisip ang Ama sa Langit o nagdarasal sa Kanya sa tahanan o saan man.



Itinuro ni Alma sa mga tao na maaari silang magdasal kahit kailan. Maaari silang magdasal sa bahay, sa bukid, o sa ilang. Itinuro niya na maaari nilang ipagdasal ang kahit anuman at tutulungan sila ng Ama sa Langit.



Maaari nating gawin ang paraan ng pagdarasal na itinuro ni Alma. Maaari tayong magdasal anumang oras, kahit kailan at kahit saan. Maaari din tayong magdasal nang tahimik lamang sa puso natin. Lagi tayong pakikinggan ng Ama sa Langit! ■

# Maaari Akong Maging Mapitagan





PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985)**
Panglabindalawang Pangulo ng Simbahan

# MGA DAPAT TANDAAN SA PAGBABAHAGI NG PATOTOO

*Kapag ibinabahagi ninyo ang inyong patotoo, lumalakas ito.*

Bawat kaluluwa sa mundong ito ay maaaring tumanggap ng paghahayag, na katulad ng kay Pedro [tingnan sa Mateo 16:13–17]. Ang paghahayag na iyon ay magiging patotoo, isang kaalaman na buhay si Cristo, na si Jesucristo ang Manunubos ng mundong ito. Bawat kaluluwa ay makatitiyak dito, at kapag natamo niya ang patotoong ito, ito ay nanggaling sa Diyos at hindi lamang sa pag-aaral. Mahalagang elemento ang pag-aaral, siyempre, pero kailangan itong lakipan ng labis na pagdarasal at pagsisikap, at saka darating ang paghahayag na ito. . . .

Kasama ang mga pulong-patotoo sa pinakamaiinam na miting sa ward sa buong buwan, kung taglay ninyo ang Espiritu. Kung naiinip ka sa pulong-patotoo, ikaw ang may problema, at hindi ang ibang tao. Maaari kayong tumayo at magpatotoo at isiping ito ang pinakamainam na miting sa buong buwan, pero kung uupo lang kayo at magbibilang ng mga mali sa pagsasalita at pagtatawanan ang taong hindi makapagsalita nang maayos, maiinip nga kayo, at dahil



diyan aalis na kayo sa Simbahan. . . .

Bawat buwan ay pinupulong ng Unang Panguluhan at ng Labindalawa ang lahat ng General Authority sa templo. Nagpapatotoo sila at nagsasabihan kung gaano nila kamahal ang isa't isa na gaya ninyong lahat. Bakit kailangan ng mga General Authority ang pulong-patotoo? Kapareho rin ng pangangailangan ninyo sa pulong-patotoo. Akala ba ninyo ay tatagal kayo nang tatlo, at anim, at siyam, at labindalawang buwan nang hindi nagpapatotoo at mapanatili pa rin itong malakas?

Takot na takot gumamit ng karaniwang mga salita ang ilang mabubuting miyembro natin kaya pilit nilang tinatalakay ang ibang bagay para maiwasang ipahayag ang kanilang patotoo. Huwag mag-alala sa kasimplehan ng patotoo. Kapag nagpapatotoo ang Pangulo ng Simbahan, sinasabi niyang, "Alam ko na si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos, isang banal na kinatawan. Alam ko na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos." Kita na ninyo, iyon din ang sinasabi ninyong lahat. Ganyan ang isang patotoo. . . .

Ang patotoo ay hindi isang payo; ang patotoo ay hindi isang sermon (walang sinuman sa inyo ang naroon para payuhan ang iba); hindi ito isang kuwento ng paglalakbay. Naroon kayo para ipahayag ang sarili ninyong patotoo. Kamangha-mangha ang masasabi ninyo sa 60 segundong patotoo, o 120, o 240, o ilang minuto man ang ibigay sa inyo, kung puro patotoo lang ang sasabihin ninyo. Gusto naming malaman ang inyong nadarama. Talaga bang mahal ninyo ang gawain? Maligaya ba kayo sa inyong gawain? Mahal ba ninyo ang Panginoon? Nagagalak ba kayong maging miyembro ng Simbahan?

. . . Huwag kayong paupo-upo lang diyan sa pulong-ayuno at dayain ang inyong sarili at sabihing, "Palagay ko hindi ako magpapatotoo ngayon. Hindi yata makatarungan iyon sa iba pang mga miyembrong ito dahil napakarami kong naging oportunidad." Magpatotoo kayo. At sapat na ang isang minuto para magpatotoo.

May patotoo kayo! Kailangan itong patatagin at pasiglahin at palaguin, siyempre; at iyan nga ang ginagawa ninyo. Kapag ibinabahagi ninyo ang inyong patotoo, lumalakas ito. ■

*Mula sa "President Kimball Speaks Out on Testimony,"* New Era, *Ago. 1981, 4–7; ang pagsulat ng malalaking titik ay iniayon sa pamantayan.*

# MGA KABATIRAN



**Paano natin madarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa lahat ng Kanyang anak?**

"Para mabisang mapaglingkuran ang iba kailangan natin silang tingnan ayon sa paningin ng isang magulang, ayon sa paningin ng Ama sa Langit. Noon lamang natin mauunawaan ang tunay na kahalagahan ng isang kaluluwa. Noon lamang natin madarama ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa lahat ng Kanyang anak. Noon lamang natin madarama ang pagmamalasakit ng Tagapagligtas para sa kanila. Hindi natin lubos na magagampanan ang ating obligasyon sa tipan na makidalamhati sa mga taong nagdadalamhati at aliwin ang mga nangangailangan ng aliw maliban kung titingnan natin sila ayon sa paningin ng Diyos."

**Elder Dale G. Renlund** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa Paningin ng Diyos," *Liahona,* Nob. 2015, 94.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT



### Mga Kampeon ng Sabbath

p. 50

Kailangan naming magdesisyon kung pananatilihin ba naming banal ang araw ng Sabbath o pipiliting manalo sa pambansang kampeonato sa rugby laban sa aming mga katunggali. Sa huli, higit pa sa inaasahan namin ang aming napanalunan.

## PARA SA MGA KABATAAN

p. 52

### Ang PINAKAMAHIRAP NA NARARANASAN ng Isang MISSIONARY

Ang ibig sabihin ng paghahanda para sa misyon ay hindi lamang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Ang ibig ding sabihin nito ay matutong makisama sa kompanyon, harapin ang di-pagtanggap ng mga tao, at malaman na hindi okey na kumain ng ice cream sa almusal, tanghalian, at hapunan!



## PARA SA MGA BATA



### Ang Kasama ni Jordan sa Pag-aaral

p. 68

Gustung-gusto ni Jordan na makasama ang ate niya sa pag-aaral nang ilang araw. Pero ano ang gagawin ni Jordan kapag bumalik na sa misyon ang ate niya?

TAGALOG
4 02132 86893 8

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW